# Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral



Chicago Public Schools

2024-25

# **Bill of Rights ng Mag-aaral sa Mga** Pampublikong Paaralan ng Chicago

## PAMBUNGAD

Ang bawat mag-aaral ay may *mga karapatan*. Ang *karapatan* ay kalayaan o proteksyon na mayroon ang isang tao. Tinutukoy ng mga karapatan kung ano ang pinapahintulutan sa isang tao o dapat ibigay sa isang tao.

Ang iyong mga karapatan *ay bahagi mo* anuman ang iyong aktwal o pinaghihinalaang sekswal na oryentasyon, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso, at mga kondisyong medikal na nauugnay sa pagbubuntis), edad (40 pataas), lahi o etnisidad, pagkakakilanlan ng grupong etniko, ninuno, nasyonalidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kulay, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, katayuan sa imigrasyon, katayuan sa pag-aasawa, katayuan ng rehistradong kinakasama, genetic information, paniniwala o kaugnayan sa pulitika (hindi nauugnay sa unyon), katayuang militar, hindi kanais-nais na pagkakatanggal mula sa serbisyo militar, o batay sa iyong pakikipag-ugnayan sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktuwal o pinaghihinalaang katangiang ito. Ang iyong mga karapatan ay *pagmamay-ari mo* at hindi maaaring pagbantaan o kunin.

Ang Chicago Public Schools (CPS) *Student Bill of Rights* (SBOR) ay isang buhay na dokumento na nagsasaad ng mga karapatan na mayroon ang bawat mag-aaral at dapat igalang ng lahat, kabilang ng mga mag-aaral mismo. Ang dokumentong ito ay maaaring mabago alinsunod sa mga pagbabago ng opinyon ng mga mag-aaral, patakaran at lipunan. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa SBOR, sa pamamagitan ng pagsasagawa nito sa pang-araw-araw na pagkilos, at sa pamamagitan ng mga pagbabago sa paglipas ng panahon ng mga mag-aaral, pamilya, komunidad, guro, at administrador.

Ang layunin ng SBOR ay linawin, protektahan, itaguyod, at ipaalam sa mga mag-aaral ang kanilang mga pangunahing karapatan. Ang pagbabahagi ng SBOR ay isang pagpapahayag ng dignidad at halaga ng lahat ng mag-aaral. Maraming tao ang kasangkot sa paglikha ng CPS SBOR kabilang ang mga kawani mula sa iba't ibang departamento ng CPS at maging mga mag-aaral na tulad mo.

Ang mga karapatang nakalista sa dokumento ay maraming pinagmumulan: umiiral na mga batas ng lokal, estado, at pederal, kabilang ang, mga patakaran ng Lupon ng Edukasyon ng Chicago (Chicago Board of Education) at mga halimbawa ng mga SBOR mula sa ibang mga distrito ng paaralan. Ang CPS SBOR ay inspirasyon din ng **Unibersal na Pagpapahayag ng mga Karapatang Pantao (Universal Declaration of Human Rights)** na nagpapahayag ng mga pangunahing kalayaang dapat ibigay sa lahat ng tao. Higit pang impormasyon tungkol sa pinagmulan ng mga karapatang ito ay mahahanap sa pamamagitan ng pag-click sa mga **asul na hyperlink**, o pagpunta sa mga pinagkunan sa dulo ng dokumento.

Umiiral ang CPS upang magbigay ng libre, naa-access, at de kalidad na pampublikong edukasyon. Ang proteksyon at pagtataguyod ng mga karapatan ng mga mag-aaral ay mahalaga sa ligtas at sumusuporta sa mga kapaligiran ng paaralan kung saan nangyayari ang edukasyon. Ang mga kondisyong ito ay mahalaga sa kalusugan at kapakanan ng mag-aaral at susi sa pagkatuto.

*Ang mga karapatan ng mag-aaral ay mga karapatang pantao.*

*Ang bawat mag-aaral ay may karapatan sa:*

## 1. LIBRENG PAMPUBLIKONG EDUKASYON

**1.1** Isang libreng pampublikong edukasyon na kumpleto at nakatutok sa "**buong bata**" upang madama ng lahat ng mag-aaral na sila ay malusog, ligtas, nakikilahok, sinusuportahan, at hinahamon. Dapat ding matugunan ng edukasyong ito ang mga pederal na pamantayan, tulad ng **Every Student Succeeds Act.**[4]

**1.2** De-kalidad at masinsinang kurikulum na naghahanda sa mga mag-aaral para sa tagumpay sa kolehiyo, karera, at buhay sibiko, at nagbibigay-inspirasyon sa mga mag-aaral na mag-isip nang malalim at makapag-ambag ng de-kalidad na gawain.

**1.2a** Ang kurikulum na ito ay dapat tumugon sa mga pagkakataon na matuto sa akademiko at mga kasanayan sa pakikipagkapwa-tao at emosyonal para sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang pinagmumulan, mga nag-aaral ng Ingles, at mga advanced na mag-aaral.[9]

**1.3** Isang nakasulat na kopya ng **Kodigo ng Pag-uugali ng Mag-aaral sa CPS (CPS Student Code of Conduct).**[2]

**1.4** Impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para makatapos at mga elektibong kurso, kabilang ang mga kurso, eksaminasyon, mga tuntunin sa pagmamarka, at impormasyon sa tulong upang matugunan ang mga kinakailangan.[2]

**1.5** Impormasyon tungkol sa kung paano mag-enroll sa **mga espesyal na programa o kurso** tulad ng mga programa sa Karera at Teknikal na Edukasyon (Career and Technical Education, CTE); at honors program, **AP**, at mga **IB** course.

**1.6** Pagtuturo mula sa mga guro na sinanay na maghatid at magpaliwanag ng masinsinang nilalaman na angkop para sa antas ng baitang at subject.[2]

**1.7** Regular na mga update, pormal at impormal, tungkol sa kanilang pag-unlad sa pag-aaral at promosyon.[2]

**1.8** Regular na pag-access sa isang tagapayo sa paaralan (school counselor) upang makakuha ng kumpidensyal na payo at mapagkukunan na pampersonal, panlipunan, pang-edukasyon, para sa pag-uugali, at karera.[1, 2, 3]

**1.8a** Ang mga counselor ng CPS ay "**mga inaatasang tagapag-ulat.**" Nangangahulugan ito na kung ang isang mag-aaral na wala pang 18 taong gulang ay nagbunyag ng impormasyon na nagpapahiwatig na sila ay inaabuso, maaaring nasa peligro, o ay/maaaring nagbabalak na saktan ang kanilang sarili, dapat ipaalam ng counselor sa magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral at/o mga wastong awtoridad.[10, 11]

**1.9** Asahan ang pakikilahok sa paggawa ng desisyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga paaralan sa pamamagitan ng paglahok sa **Local School Council (LSC)**, **Student Advisory Council (SAC)**, **Student Voice Committee**, student council, o iba pang organisasyong nakabase sa paaralan/komunidad.[3]

**1.10** Espesyal na mga proteksyon para sa mga mag-aaral na mula sa iba't ibang pinagmulan, tulad ng, mga mag-aaral na mayroon o nasa proseso ng pagkuha ng Pang-indibidwal na Programang Pang-edukasyon (Individualized Education Program, IEP). Ito ay sakop ng isang pederal na batas na tinatawag na **Batas para sa mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Act, IDEA).**[2]

## 2. PAGSASALITA, PAGTATAGUYOD, PAG-ORGANISA AT PAKIKILAHOK

**2.1** Kalayaan na makipagkita at makipag-usap sa iba nang mapayapa; malayang magsalita, magbahagi ng mga ideya at opinyon, at magprotesta sa mga paraan na hindi lumalabag sa dignidad ng iba o nakakasagabal sa mga programa o tuntunin ng paaralan[1, 3, 13]; Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng social media gayundin sa pisikal o elektroniko/digital na sirkulasyon ng impormasyon tulad ng mga pahayagan, literatura, polyeto, o mga petisyon sa lugar ng paaralan at alinsunod sa patakaran ng paaralan hinggil sa mga cellphone.

**2.2** Pagtataguyod ng iyong sarili, iyong mga kasamahan, iyong paaralan, at iyong komunidad. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa: paggawa ng mga rekomendasyon para sa mga kurso, club, at aktibidad na magpapayaman sa komunidad ng inyong paaralan; pagsali sa mga talakayang pansibiko tungkol sa mga paksa at isyu na nakakaapekto sa inyong komunidad; pagbibigay-alam o pagsusuri sa patakaran ng paaralan; pagkakaroon ng access sa impormasyong kailangan mo upang mapabuti ang kaayusan at kagalingan ng inyong paaralan.

**2.3** Paglilingkod o paglahok sa mga pagpupulong na pinamumunuan ng Student Voice Committees, Student Government, Student Advisory Councils, Local School Councils, gayundin sa iba pang aktibidad, club, at organisasyon kabilang ang social at educational club; pampulitika, panrelihiyon, at pampilosopiya na mga grupo; o mga pangkat na mayroon sa kanilang paaralan nang walang diskriminasyon.[2, 3]

**2.4** Pagsuot ng gusto nila na alinsunod sa mga alituntunin sa uniporme ng paaralan. Depende sa dress code ng paaralan, kabilang dito ang mga accessory na may mga mensaheng pampulitika o panrelihiyon na hindi nakakagambala, ligtas, walang pagkiling o hindi nandidiskrimina, o tahasang nakakasakit ng damdamin ng iba.[2]

## 3. KALUSUGAN, NUTRISYON, AT PERSONAL NA PANGANGALAGA

**3.1** Access sa pangangalagang pangkalusugan at proteksyon mula sa mga maiiwasang sakit;[1]

**3.1a** Sa Illinois, ang mga batang 12 taong gulang pataas ay maaaring magbigay ng kanilang sariling permiso (pahintulot) na tumanggap ng **mga partikular na serbisyong pangkalusugan** (kabilang ang mga serbisyo sa sekswal na kalusugan at pangangalaga sa kalusugan ng isip). Nangangahulugan ito na ang isang magulang o tagapag-alaga ay hindi kailangang maabisuhan para makuha ng isang mag-aaral ang pangangalagang ito. Gayundin, para sa mga mag-aaral na may pampublikong insurance sa kalusugan (tinatawag na Medicaid), walang bill/paliwanag ng pangangalaga ang maaaring ipadala sa magulang o tagapag-alaga.[4]

**3.1b** Ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa Illinois ay "**mga inaatasang tagapag-ulat**". Nangangahulugan ito na kung ang isang mag-aaral na wala pang 18 taong gulang ay nagbubunyag ng impormasyon na nagsasaad na sila ay inaabuso, maaaring nasa peligro, o nagbabalak na saktan ang kanilang sarili, dapat na abisuhan ng provider ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral at/o mga wastong awtoridad.[10, 11]

**3.1c** Sa Illinois, LAHAT ng biktima ng sekswal na pag-atake/pang-aabuso ay maaaring makatanggap nang libre ng mga serbisyo para sa kalusugang sekswal/pangkaisipan na nauugnay sa pag-atake anuman ang kanilang katayuan.[15]

**3.2** Pag-access sa mga libreng produktong panregla sa lahat ng banyo sa high school at banyo sa elementarya/middle school para sa mga mag-aaral na nasa ika-6 hanggang ika-12 baitang. Ito ay saklaw ng batas ng estado na tinatawag na **Learn with Dignity Act**.[1], Ang programang ito ay ipinakikilala pa rin sa ilang elementarya/middle school.

**3.3** Impormasyon tungkol sa screening at mga pagsusuring pangkalusugan sa lugar ng paaralan (medikal, dental, pandinig, paningin), pag-iisip at pagkatuto, at mga isyu sa wika. Ang impormasyong ito ay dapat na maihatid kaagad at sa mga paraan na mauunawaan ng mga pamilya.[1, 2]

**3.4** Access sa mga available na health center at mobile care provider ("mga health van") na matatagpuan sa paaralan kung ang mga magulang ay magbibigay ng permiso (pahintulot).

**3.5** Access sa de-kalidad, medikal na tumpak, at naaangkop sa edad/yugto ng pag-unlad na **Komprehensibong Edukasyon sa Kalusugang Sekswal (Comprehensive Sexual Health Education) sa mga baitang na K–12**. Ang mga mag-aaral ay dapat makatanggap ng 300 minuto bawat taon ng pagtuturo sa mga paksang ito sa mga baitang na K–4, at 675 minuto bawat taon sa mga baitang na 5–12.

**3.5a** Upang manatiling ligtas at malusog, dapat na maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang mga katawan at hangganan. Ito ay naaayon sa parehong **Manwal ng Patakaran ng CPS** at **Erin's Law**.[8]

**3.6** Mabigyan ng libre, masustansyang pagkain sa paaralan na nakakatugon sa mga kinakailangan sa lokal, estado, at pederal na nutrisyon; Ito ay alinsunod sa **Probisyon ng USDA sa Pagiging Karapat-dapat ng Komunidad.**[5]

## 4. PATAS NA KAHIHINATNAN

**4.1** Paggamit ng mga kasanayan sa pagpapanumbalik sa dati (restorative practices) saanman naaangkop sa itinalagang pagdidisiplina alinsunod sa mga patnubay sa pagdidisiplina ng Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral. Ang mga restorative practice ay, isang sistema na nakatuon sa mga paraan para ayusin ang anumang pinsalang nangyayari bilang resulta ng isang salungatan, at nagbibigay ng mga landas upang magkaroon ng paghilom sa loob ng isang komunidad.[1] Ito ay alinsunod sa batas ng estado **Public Act 99-0456.**[4]

**4.2** Makatanggap ng tulong pagkatapos ng pagkakasuspinde, at para makabawi sa hindi napasukang trabaho dahil sa isang pagkakasuspinde.[14] Ito ay alinsunod din sa batas ng estado **Public Act 99-0456.**[4]

**4.3** Maabisuhan tungkol sa iniulat na maling pag-uugali na may parehong pasalita at nakasulat na abiso sa oras ng pagdidisiplina at mabigyan ng pagkakataong tumugon.[4]

**4.4** Isang malinaw na pag-unawa na ang parusa ay hindi maaaring maging malupit o namamahiya, at malaman kung paano at bakit ginagamit ang anumang parusa.[1, 14]

**4.5** Mabigyan ng impormasyon tungkol sa kung paano mag-apela (humingi ng muling pagsasaalang-alang sa) anumang desisyon ng paaralan tungkol sa parusa bago mangyari ang isang insidente.[2, 14]

**4.6** Kalayaan mula sa pisikal na parusa (corporal punishment), pasalitang pang-aabuso, hindi makatarungang pagkakapkap/paghahanap (ibig sabihin, nang walang katwiran o dahilan), o anumang hindi pangkaraniwang uri ng parusa. Ang mga empleyado ng distrito ay hindi dapat magpataw ng anumang uri ng corporal punishment (parusang pisikal) sa sinumang mag-aaral.[2, 3,14]

**4.7** Ipaalam sa kanila ang kanilang mga karapatan sa anumang kaso ng pakikipag-ugnayan o pagkakasangkot ng pulisya sa paaralan, kabilang ang:[14]

**4.7a** Lahat ng pagsisikap ng mga kawani ng paaralan na ipaalam sa magulang/tagapag-alaga kung sakaling magkaroon ng pag-abiso sa tagapagpatupad ng batas at pagiging naroroon ng magulang/tagapag-alaga o clinician ng paaralan sa anumang pakikipag-ugnayan sa isang opisyal na nagpapatupad ng batas. Ito ay alinsunod sa **Public Act 101-0478**.

**4.7b** Manatiling tahimik sa anumang pakikipag-usap sa isang opisyal na nagpapatupad ng batas.

**4.7c** Tumangging magbigay ng pahintulot na kapkapan/hanapan ng pulisya, kabilang ang mga elektronikong aparato (maaaring hindi nito mapapahinto ang paghahanap.)

**4.7d** Ang mga mag-aaral ay hindi dapat alisin sa silid-aralan o common areas ng paaralan sa pamamagitan ng CPD maliban kung may emerhensya, gaya ng tinukoy sa patakaran sa Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral.

**4.7e** Makatanggap ng mga pamamaraan sa pag-de-escalate na tumutugon sa trauma at nagpapanumbalik na mga suporta sa kalusugan ng pag-uugali at mga interbensyon ng mga kawani ng paaralan sa lahat ng kaso kung saan maaaring masangkot ang tagapagpatupad ng batas. Ito ay alinsunod sa **Public Act 101-0478**.

## 5. KAPALIGIRAN NG PAARALAN NA LIGTAS, MAY SEGURIDAD AT NAGBIBIGAY-SUPORTA

**5.1** Tratuhin nang may kagandahang-loob at paggalang ng lahat ng kawani ng distrito anuman ang aktwal o pinaghihinalaang sekswal na oryentasyon, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso, at mga kondisyong medikal na may kaugnayan sa pagbubuntis), edad (40 pataas), lahi o etnisidad, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, ninuno, nasyonalidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kulay, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, katayuan sa imigrasyon, katayuan sa pag-aasawa, rehistradong katayuan sa kinakasama, genetic information, paniniwala o kaugnayan sa pulitika (hindi nauugnay sa unyon), katayuang militar, hindi kanais-nais na pagkakatanggal mula sa serbisyo militar, o batay sa iyong pakikipag-ugnayan sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktuwal o pinaghihinalaang katangiang ito.

**5.1a** Maaaring maghain ng ulat ang mga mag-aaral kung sa tingin nila ay nadidiskrimina sila sa kanilang paaralan, sa administrasyon ng paaralan at network, sa **Opisina ng mga Proteksyon sa mga Mag-aaral at Titulo IX ng CPS (CPS Office of Student Protections and Title IX, OSP)**, o sa**Kagawaran ng Edukasyon ng U.S., Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Department of Education, Office for Civil Rights).**[4]

**5.1b** *Kung ang isang mag-aaral ay sekswal na hina-harass o tinatarget dahil sa kanilang aktwal o pinaghihinalaang pagiging miyembro sa isa o higit pang mga protektadong kategorya alinsunod sa Komprehensibong Patakaran sa Hindi Pagdidiskrimina, maaaring maghain ang mag-aaral ng ulat sa OSP online sa www.cps.edu/osp o sa pamamagitan ng pagtawag sa* ***773-535-4400. Kung ito ay isang emerhensya, tumawag sa 911.*** *Dapat magsagawa ng mga karagdagang hakbang ang mga empleyado ng CPS upang mag-ulat ng mga senyales ng pang-aabuso sa mag-aaral kabilang ang pagtawag sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Pambata at Pampamilya (Department of Children and Family Services) ng Illinois at Tanggapan ng Opisyal sa Pagsisiyasat (Office of the Inspector General).*[12]

**5.2** Pakiramdam na mental at pisikal na ligtas at may seguridad sa paaralan, at mag-ulat ng anumang insidente na nagpaparamdam sa kanila na hindi sila ligtas o walang seguridad, kabilang ang sekswal na pag-atake, hindi naaangkop na pananalita, grooming, pangangapa, hindi naaangkop na pag-uugali, pasalitang pag-atake, pambu-bully, o anumang iba pang uri ng panliligalig.[1, 2, 3]

**5.2a** Ang mga mag-aaral ay may karapatan din na makatanggap ng mga regular na update tungkol sa mga aksyon na ginawa bilang tugon sa kanilang ulat na pakiramdam nila'y hindi sila ligtas.[1]

**5.3** Isang ligtas na gusali ng paaralan at access sa malinis na mga pasilidad kabilang ang mga banyo, silid-aralan, gym, pasilyo, at cafeteria.[1, 3]

**5.4** Proteksyon ng privacy na sakop ng **Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA)**[2]; Nangangahulugan ito na walang sinuman ang may karapatang manghimasok sa pribadong buhay ng mga mag-aaral o pamilya o tingnan o ilantad ang kanilang pribadong impormasyon nang walang pahintulot.

**5.5** Proteksyon sa ilalim ng **Titulo IX**, isang pederal na batas na nag-aatas sa mga paaralan na pigilan, kilalanin, tugunan, at lutasin ang sekswal na karahasan, sekswal na panliligalig, at diskriminasyon batay sa kasarian. Sa ilalim ng batas na ito:

**5.5a** Ang mga mag-aaral ay may garantisadong karapatan na maging malaya mula sa panliligalig at diskriminasyon batay sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, at pagpapahayag ng kasarian; kabilang dito ang sekswal na panliligalig at/o sekswal na karahasan.[6]

**5.5b** Ang mga mag-aaral ay ginagarantiyahan ng kalayaan na mag-ulat ng isang insidente sa paaralan at/o pulisya (at makatanggap ng mabilis at makatarungang tugon).[6]

**5.5c** *Kung ang isang mag-aaral ay nakakaranas ng diskriminasyon batay sa kasarian, sekswal na panliligalig, o iba pang sekswal na maling pag-uugali, maaari silang maghain ng ulat sa paaralan, kawani ng network at OSP sa* ***773-553-4400. Kung ito ay isang emerhensya, tumawag sa 911****. Ang mga empleyado ng CPS ay dapat gumawa ng karagdagang mga hakbang upang mag-ulat ng mga senyales ng pagpapabaya at pang-aabuso ng mag-aaral kabilang ang pagtawag sa Illinois Department of Children and Family Services at sa Office of the Inspector General.*[12]

**5.5d** *Para sa mga mag-aaral na buntis o isa nang magulang:*

**$5.5d_1$** Garantisado ang kalayaan na magpatuloy na pumasok sa mga klase at mga extracurricular activities habang buntis (nang hindi nangangailangan ng sulat mula sa doktor).[7]

**$5.5d_2$** Garantisado ang kalayaang makatanggap ng mga pinahihintulutang pagliban (excused absences) dahil sa mga kondisyon o sakit na nauugnay sa pagbubuntis, pagpapasuso o panganganak (na may sulat mula sa doktor).[7]

**$5.5d_3$** *Hindi dapat pilitin ng mga kawani ng distrito ang mga mag-aaral na lumipat sa ibang paaralan dahil sa pagbubuntis.*

## MGA SANGGUNIAN SA ENDNOTE


1. Paunang Draft ng Panukalang-Batas ng mga Karapatan ng Konseho ng mga Mag-aaral sa MIKVA (MIKVA Student Council Bill of Rights)
2. Panukalang-Batas ng Mga Karapatan at Pananagutan ng mga Mag-aaral sa New York City (New York City Bill of Student Rights and Responsibilities), K-12
3. Handbook ng mga Mag-aaral at Pamilya ng San Francisco USD
4. Maagang Draft ng CPS
5. Tanggapan ng Kalusugan at Kagalingan ng mga Mag-aaral (Office of Student Health and Wellness) - Mga Masusustansyang Pagkain
6. Alamin ang Iyong Mga Karapatan: Ipinagbabawal ng Titulo IX ang Sekswal na Panliligalig at Sekswal na Karahasan Sa PaaralanKung Saan Ka Pumapasok
7. Alamin ang Iyong Mga Karapatan: Buntis o Isang Magulang? Pinoprotektahan ka ng Titulo IX Mula sa Diskriminasyon sa Paaralan
8. Manwal ng Patakaran sa Mga Pampublikong Paaralan ng Chicago (Chicago Public Schools Policy Manual): Edukasyon sa Kalusugang Sekswal (Sexual Health Education)
9. Memo #9 ng CPS tungkol sa Integridad
10. Kagawaran ng mga Serbisyong Pambata at Pampamilya, Proteksyon para sa mga Bata ng Illinois (Illinois Department of Children & Family Services, Child Protection)
11. Manwal ng Patakaran sa mga Pampublikong Paaralan ng Chicago, Pag-uulat ng Pang-aabuso, Pagpapabaya sa Bata at mga Hindi Naaangkop na Relasyon sa Pagitan ng mga Nasa Hustong Gulang at mga Mag-aaral
12. Kung May Makita, Magsalita Tungkol Dito: Protokol para sa Pag-uulat ng Mga Paratang ng Maling Pag-uugaling Sekswal
13. Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling, Chicago Public Schools
14. Patakaran sa Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral, Chicago Public Schools
15. Illinois General Assembly Public Act 099-0801

# talaan ng mga nilalaman


**Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral** ..... **2**

I. Layunin ..... 2
II. Mga Karapatan at Pananagutan ..... 3

**Mga Kinakailangan at Patnubay** ..... **6**

I. Mga Pangkalahatang Kinakailangan ..... 6
II. Mga Patnubay sa Pagsususpinde ..... 9
III. MGA PATNUBAY SA PAG-ABISO SA PULISYA ..... 10

**Mga Pag-uugali ng mga Mag-aaral na Saklaw ng SCC** ..... **14**

Mga Espesyal na Tala sa mga Pag-uugali ng mga Mag-aaral na Saklaw ng SCC ..... 14
Mga Pag-uugali ng Pre-Kindergarten Hanggang Ika-2 Baitang ..... 20
I. Group 1 – Hindi Angkop na mga Pag-uugali ..... 21
II. Group 2 – Mga Nakagagambalang Pag-uugali ..... 22
III. Group 3 - Mga Lubhang Nakagagambalang Pag-uugali ..... 24
IV. Group 4 – Napakalubhang Nakagagambalang mga Pag-uugali ..... 26
V. Group 5 – Pinakamalubhang Nakagagambalang mga Pag-uugali ..... 28
VI. Group 6 – Mga Ilegal at Pinakamalubhang Nakagagambalang Pag-uugali ..... 31

**Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugali na Nakabatay sa Pagkiling** ..... **34**

I. Form para sa Pag-uulat ng Pambu-bully at Paghihiganti ..... 46

**Karagdagang Mga Mapagkukunan** ..... **47**

Mga Pananggalang sa Pamamaraan para sa Pagdidisiplina ng mga Mag-aaral na may mga Kapansanan ..... 47
Sangguniang Gabay para sa Group 4, 5 at 6 na Pag-uugali na Kinasasangkutan ng Mapanganib na Mga Bagay, Sandata o Mukhang Sandata ..... 49
Mga Patnubay sa Pagdinig sa Pagpapatalsik at Emerhensyang Pagtatalaga ..... 51

**Pagkumpirma ng Pagkakatanggap ng Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral** ..... **53**

**Paunawa sa Mga Magulang at Mag-aaral Tungkol sa Mga Patakaran ng Lupon** ..... **54**

**Mapagkukunan ng Referral** ..... **65**

# kodigo ng pag-uugali ng mga mag-aaral

Epektibo Agosto 26, 2024

## LAYUNIN

Ang Chicago Public Schools (CPS) Student Code of Conduct (SCC) ay sumusuporta sa ating mga paaralan sa pagpapanatili ng ligtas, nagpapayaman, nakikilahok at produktibong mga kapaligiran sa pag-aaral. Upang mapakinabangan nang todo ang oras ng pag-aaral at magsulong ng mga positibong pag-uugali, ang bawat paaralan ay dapat magtatag ng maraming antas na sistema ng suporta para sa mga pangangailangang panlipunan, emosyonal at pag-uugali ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang pagbuo ng malinaw na mga inaasahan, pagtuturo ng mga kakayahan sa pakikipagkapwa-tao at emosyonal, at pagtataguyod ng mga positibong relasyon sa lahat ng miyembro ng komunidad ng paaralan. Ang Chicago Public Schools ay nakatuon sa isang nakapagtuturo, nagwawasto, at nakapagpapanumbalik na diskarte sa pag-uugali. Kung lumitaw ang mga insidente sa pag-uugali na nagbabanta sa kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani o malubhang nakagagambala sa proseso ng edukasyon, ang tugon ay dapat mabawasan ang epekto ng insidente, ayusin ang pinsala, at tugunan ang mga pangunahing pangangailangan sa likod ng mga pag-uugali ng mag-aaral. Alinsunod sa SCC, ang lahat ng tugon sa pagdidisiplina ay dapat ilapat nang may paggalang, makatarungan, hindi pabago-bago, at nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga mag-aaral sa oras ng pagtuturo hangga't maaari.

Ang isang ligtas, malugod na tumatanggap, at produktibong paaralan ay nangangailangan ng suporta ng lahat ng kawani, mag-aaral, at pamilya.

## MGA KARAPATAN AT PANANAGUTAN

### Mga Karapatan ng mga Mag-aaral

- Na makatanggap ng libre at de-kalidad na pampublikong edukasyon
- Na maging ligtas sa paaralan
- Na matrato nang patas, maayos, at may paggalang
- Na maghain ng mga reklamo o alalahanin sa punong-guro o kawani ng paaralan para sa resolusyon
- Na sabihin ang kanilang panig ng kuwento bago makatanggap ng kahihinatnan
- Na masabihan ng (mga) dahilan para sa anumang aksyong pandisiplina nang pasalita at nakasulat
- Na mabigyan ng impormasyon tungkol sa pag-aapela na mga aksyong pandisiplina
- Na magpahayag ng mga opinyon, sumuporta sa mga adhikain, magtipon upang talakayin ang mga isyu, at makisali sa mapayapa at responsableng mga pagtitipon-tipon/demonstrasyon

### Responsibilidad ng mga Mag-aaral

- Na basahin at maging pamilyar sa patakarang ito
- Na pumasok sa paaralan araw-araw, maghanda para sa klase, at kumpletuhin ang mga takdang-aralin sa klase at takdang-aralin sa bahay sa abot ng kanilang makakaya
- Na malaman at sundin ang mga tuntunin at panuto ng paaralan na ibinibigay ng punong-guro ng paaralan, mga guro, at iba pang kawani
- Na sabihin sa mga kawani ng paaralan ang tungkol sa anumang mapanganib na pag-uugali o pambu-bully na nangyayari sa paaralan, papunta at pauwi mula sa paaralan, o sa komunidad ng paaralan
- Na dalhin lamang sa paaralan ang mga pinahihintulutan na materyales
- Na tratuhin ang lahat sa komunidad ng paaralan nang may paggalang
- Na igalang ang pag-aari ng paaralan, pag-aari ng komunidad, at pag-aari ng ibang tao

### Karapatan ng Magulang/Tagapag-alaga

- Na maging aktibong kasangkot sa edukasyon ng kanilang anak
- Na matrato nang patas at may paggalang ng punong-guro ng paaralan, mga guro, at iba pang kawani
- Na ma-access ang impormasyon tungkol sa mga patakaran at pamamaraan ng **Chicago Board of Education (Lupon).**
- Na maabisuhan kaagad kung ang kanilang anak ay dinidisiplina para sa hindi naaangkop o nakagagambalang pag-uugali at mabigyang-alam tungkol sa mga kahihinatnan na itinalaga
- Na i-apela ang mga aksyong pandisiplina na isinagawa
- Na makatanggap ng impormasyon tungkol sa pag-unlad ng kanilang anak sa akademiko at pag-uugali

### Responsibilidad ng Magulang/Tagapag-alaga

- Na basahin at maging pamilyar sa patakarang ito
- Na tiyakin na ang kanilang anak ay regular na pumapasok sa paaralan, nasa oras, at na ipaalam sa paaralan bago magsimula ang araw ng eskuwela kung ang kanilang anak ay liliban sa klase
- Na bigyan ang paaralan ng tumpak at kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- Na sabihin sa mga opisyal ng paaralan ang tungkol sa anumang mga alalahanin o reklamo nang magalang at napapanahon
- Na makipagtulungan sa punong-guro ng paaralan, mga guro, at iba pang mga kawani upang tugunan ang anumang mga alalahanin sa akademiko o pag-uugali hinggil sa kanilang anak
- Na makipag-usap sa kanilang anak tungkol sa inaasahang pag-uugali sa paaralan
- Na suportahan ang pag-aaral ng kanilang anak at mga aktibidad pampaaralan sa bahay
- Na maging magalang at maayos makitungo sa mga kawani, ibang mga magulang, tagapag-alaga, at mga mag-aaral
- Na igalang ang mga karapatan sa privacy ng ibang mga mag-aaral

### Karapatan ng mga Kawani ng Paaralan

- Na magtrabaho sa isang ligtas at maayos na kapaligiran
- Na matrato nang maayos at may paggalang
- Na maghain ng mga reklamo o alalahanin sa administrasyon ng paaralan, mga tanggapan ng Network at Distrito
- Na makatanggap ng sumusuportang propesyonal na pag-unlad at mga mapagkukunan

### Responsibilidad ng mga Kawani ng Paaralan

- Na maliwanag na ituro, muling ituro at imodelo ang malinaw na mga inaasahan sa pag-uugali sa lahat ng mag-aaral
- Na aktibong pangasiwaan ang lahat ng lugar ng gusali ng paaralan at gumamit ng mga positibong estratehiya upang i-ayon ang pag-uugali
- Na magbigay ng nakakaengganyo na mga aktibidad sa pag-aaral na nagpapaliit ng mga pagkakataon para sa pagkagambala
- Na makialam nang maaga at gawing mahinahon ang mga hindi naaangkop na pag-uugali
- Na tukuyin at mabisang tumugon sa mga pangangailangang panlipunan, emosyonal, at/o pangkaisipang kalusugan ng mga mag-aaral, kabilang ang pagre-refer sa mga mag-aaral para sa karagdagang suporta kung kinakailangan
- Na tratuhin ang lahat sa komunidad ng paaralan nang patas at may paggalang

- Na suriin ng mga administrador ang mga pangyayari kaugnay ng bawat sitwasyon at gamitin ang kanilang paghuhusga upang magtalaga ng mga interbensyon/mga kahihinatnan para sa pinakamahusay na interes ng komunidad ng paaralan
- Na ipatupad ng mga administrador ang SCC nang tumpak, hindi pabagu-bago, at sa paraang hindi nandidiskrimina, kabilang ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng mga pagkakataong tumugon, pag-abiso sa magulang/tagapag-alaga kapag ginawa ang aksyong pandisiplina, at pagtatala ng lahat ng aksyong pandisiplina sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral

### Responsibilidad ng Punong Ehekutibong Opisyal o Itinalaga

- Na subaybayan ang pagpapatupad ng mga estratehiya sa pag-iwas at ang programang pangkaligtasan at panseguridad sa bawat paaralan
- Na sistematikong subaybayan at i-publish ang pagsususpinde, pagpapatalsik, at iba pang data sa pagdidisiplina na pinagbukod-bukod ayon sa lahi/etnisidad, kasarian, limitadong kasanayan sa Ingles, at kapansanan
- Na maghanda ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng disiplina sa paaralan
- Na lumikha ng mga patnubay para sa mabisang pagdidisiplina sa paaralan
- Na magtatag ng mga pamamaraan para sa kapwa pag-uulat sa Kagawaran ng Kapulisan ng Chicago (Chicago Police Department)

# mga kinakailangan at alituntunin

## MGA PANGKALAHATANG KINAKAILANGAN

Nalalapat ang SCC sa mga mag-aaral sa lahat ng oras sa araw ng eskuwela, habang nasa pag-aari ng paaralan, habang naglalakbay papunta at mula sa paaralan, sa anumang kaganapang nauugnay sa paaralan, sa anumang sasakyan na pinondohan ng CPS (tulad ng school bus), at habang ginagamit ang network ng CPS.[1]

Nalalapat din ang SCC sa pag-uugali ng mag-aaral sa labas ng paaralan kung: (1) ang isang mag-aaral ay nakikibahagi sa isang Group 5 o 6 na pag-uugali, at (2) ang pag-uugali ay nakagagambala o maaaring makagambala sa proseso ng edukasyon o maayos na pagpapatakbo ng paaralan. Kabilang dito ang malubhang hindi naaangkop na pag-uugali sa mga social networking website na nakagagambala o maaaring makagambala sa proseso ng edukasyon o maayos na pagpapatakbo ng paaralan.

Upang matugunan ang pag-uugali ng mag-aaral, ang mga administrador ng paaralan ay dapat sumunod sa *Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina* na ibibigay ng Office of Social & Emotional Learning.  Sa pinakamababa, ang isang punong-guro o ang kanilang itinalaga ay dapat:

1) **I-redirect sa tamang pag-uugali.** Dapat i-redirect ng lahat ng nasa hustong gulang ang mga mag-aaral upang itama ang hindi naaangkop na pag-uugali at bawasan ang posibilidad na lumala o umulit ang pag-uugali.

2) **Makialam** upang mabawasan ang paglala, pagkagambala, lutasin ang hidwaan, at kung ano ang kinakailangan upang mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral at kawani. Kung ang isang mag-aaral ay nasugatan, gawin ang lahat ng makatwirang pagsisikap na ipaalam kaagad sa mga magulang/tagapag-alaga.

3) **Mangalap ng impormasyon** sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa lahat ng kasangkot na mag-aaral, guro, kawani ng paaralan, o iba pang nakasaksi sa insidente. Kapag iniulat ang maling pag-uugali ng mag-aaral sa punong-guro ng paaralan o itinalaga, ang pagsisiyasat ay dapat magsimula nang hindi lalampas sa susunod na araw ng pasukan; gayunpaman, kung ang kaligtasan ng mag-aaral ay nasa panganib, ang mga pagsisiyasat ay dapat magsimula kaagad.

    a) Bago ang pangangalap ng impormasyon, kung may paratang ng maling pag-uugaling sekswal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sekswal na panliligalig (sexual harassment), sekswal na pambu-bully, sekswal na pag-atake, karahasan sa panahon ng pakikipagtipan, o diskriminasyong nauugnay sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian, makipag-ugnayan sa Office of Student Protections and Title IX ("OSP") kaagad para sa suporta sa pagsunod sa mga natitirang hakbang. Maaaring tawagan ang OSP sa (773) 535-4400.

    b) Kung kailangang magsagawa ng pagkapkap/paghahanap sa mag-aaral, sa kanilang locker, mesa, o mga personal na gamit, sundin ang Patakaran sa Pagkapkap/Paghahanap at Pagkumpiska ng Lupon. (http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=190). Tukuyin ang mga salik na maaaring nakapag-ambag sa insidente at sikaping maunawaan ang buong konteksto.

[1] *Ang CPS network ay nangangahulugan na mga system, mga mapagkukunan sa computer, at imprastraktura na ginagamit upang magpadala, mag-imbak, at magsuri ng data o makipag-usap sa isang elektronikong daluyan at kasama ang, ngunit hindi limitado sa, (mga) E-mail system, mga sistema ng pakikipagtulungan, database, hardware , mga aparato ng telekomunikasyon, mga information system, internet service, mga tool sa pag-aaral nang malayuan, intranet system o mga mainframe system ng CPS, pagmamay-ari man o kinontrata ng Lupon o kung hindi man ay ginagamit para sa mga layunin ng paaralan.  Ang mga mag-aaral ay napapailalim sa mga kinakailangan sa Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Mag-aaral ng Network ng CPS (**http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=203**).*

4) **Suriin** kung ang diumano'y pag-uugali ng mag-aaral ay napapailalim sa SCC gamit ang impormasyong nakalap. Kung gayon, tukuyin ang Group level ng paggambala na dulot ng pag-uugali, tukuyin ang hindi naaangkop na gawi na nakalista, at isaalang-alang ang hanay ng mga posibleng interbensyon at kahihinatnan.

5) **Talakayin** sa mag-aaral at **bigyan ng pagkakataong ipaliwanag** ang kanilang panig.

   a) Ipaalam sa mag-aaral ang pag-uugali na maaaring ipinakita nila, ang naaangkop na kategorya ng pag-uugali sa SCC, at ang hanay ng mga posibleng interbensyon at kahihinatnan.

   b) Hayaang tumugon ang mag-aaral at ipaliwanag ang kanilang mga aksyon. Sabihin sa mag-aaral na ipaliwanag kung ano ang nangyari mula sa kanilang pananaw at pagnilayan ang kanilang mga aksyon.

   c) Sikaping maunawaan ang ugat ng pag-uugali, kabilang ang trauma o hindi natutugunan na mga pangangailangan sa pakikipagkapwa-tao, emosyonal o kalusugan ng pag-uugali.

   d) Gumawa ng makatwirang pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga at talakayin ang insidente sa kanila bago magtalaga ng mga interbensyon at kahihinatnan.

   e) Walang mag-aaral ang dapat pauwiin bago matapos ang araw ng eskuwela maliban kung ang paaralan ay nakipag-ugnayan sa magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral at nagbigay ng nakasulat na paunawa ng isang suspensyon.

6) **Gumawa ng pagpapasya at isaalang-alang ang mga pangangailangan ng lahat ng partidong kasangkot.**

   a) Tukuyin kung ito ay mas malamang kaysa sa hindi na ang mag-aaral ay nakibahagi sa natukoy na pag-uugali ng SCC at ang interbensyon o kahihinatnan ay malamang na matutugunan ang sanhi ng pag-uugali.

   b) Tukuyin ang mga pangangailangang panlipunan, emosyonal, at/o pangkaligtasan ng (mga) apektadong mag-aaral at magbigay ng naaangkop na suporta at pag-follow up.

7) **Magtalaga ng mga interbensyon o kahihinatnan** alinsunod sa SCC.

   a) Tukuyin ang (mga) interbensyon o (mga) kahihinatnan na pinakamalamang na matugunan ang sanhi ng pag-uugali kabilang ang mga pangangailangang panlipunan, emosyonal o nauugnay sa trauma, maayos ang pinsala, at maiwasan na maulit ang mga pag-uugali.

   b) Ang punong-guro o itinalaga ay may panghuling awtoridad na magtalaga ng mga interbensyon at kahihinatnan batay sa pinakamahusay na interes ng komunidad ng paaralan, kabilang ang mga magagamit na mapagkukunan ng paaralan, at ang mga pangangailangan at karapatan ng lahat ng kasangkot na mag-aaral o kawani na napinsala, at mga karapatan ng mag-aaral na nakikilahok sa pag-uugali, na alinsunod sa SCC.

   c) Sundin ang mga espesyal na pamamaraan na nakapaloob sa seksyong Mga Pananggalang sa Pamamaraan (Procedural Safeguards) para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan at mga mag-aaral na may mga Seksyon 504 Plan.

   d) Iwasan ang mga kahihinatnan na mag-aalis sa mag-aaral sa klase o paaralan, kung maaari. **Gumamit lamang ng mga pagsuspinde sa labas ng paaralan bilang huling paraan alinsunod sa mga patnubay sa pagsususpinde sa pahina 9.**

   e) Tandaan na hindi sinusuportahan ng CPS ang paggamit ng zero tolerance policies na nag-aatas sa mga kawani ng paaralan na magsuspinde o paalisin ang mga mag-aaral para sa ilang partikular na pag-uugali maliban kung kinakailangan ng batas. Nangangahulugan ito na ang mga pagsususpinde sa labas ng paaralan ay hindi maaaring maging pinakamababa o kinakailangang parusa maliban kung inaatas ng batas.

f) Kung ang isang mag-aaral ay nasuspinde, maaaring piliin ng punong-guro o ng kanilang itinalaga na bigyan ang mag-aaral ng kumbinasyon na mga araw ng pagsususpinde sa labas ng paaralan at pagbuo ng kasanayan sa loob ng paaralan. Ang pagsususpinde sa labas ng paaralan ay dapat maunang ihain at ang pinagsamang kabuuang araw ng pagsususpinde sa labas ng paaralan at sa loob ng paaralan ay hindi dapat lumampas sa mga limitasyon na maaari para sa bawat Group level.

g) Ang mga kawani ng paaralan ay hindi dapat gumamit ng mga pamamaraan ng pampublikong pagdidisiplina at dapat tumugon sa pag-uugali ng mag-aaral nang kumpidensyal hangga't maaari.

h) Walang mga paghihigpit ang maaaring ilagay sa mga pagpipilian sa pagkain o mga recess na aktibidad bilang resulta ng pag-uugali. Ang mga silent group lunch ay tahasang ipinagbabawal.

8) **Kumpletuhin ang ulat** sa information system ng Distrito tungkol sa mag-aaral para sa lahat ng pag-uugali na tinutugunan ng SCC. Ihatid nang personal sa mga magulang/tagapag-alaga, magpadala ng kopya ng Pre-K to Grade 2 Behavior Letter o ulat ng maling pag-uugali sa address ng tahanan ng mag-aaral, o i-email ang ulat sa isang nadokumentong email na ibinigay ng magulang/tagapag-alaga.

9) **Ipaalam sa mga magulang/tagapag-alaga ang kanilang karapatang mag-apela** kung naniniwala sila na ang kahihinatnan ay hindi nararapat o labis.

a) Ang mga magulang/tagapag-alaga ay may karapatan na hilingin sa punong-guro na suriin ang itinalagang kahihinatnan at muling isaalang-alang ang desisyon.

b) Kung ang isang mag-aaral ay nakatanggap ng suspensyon sa labas ng paaralan o nai-refer para sa isang pagdinig sa pagpapatalsik, ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring mag-apela sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Office of Social and Emotional Learning Student Discipline Support Team sa (773) 553-2249, studentdiscipline@ cps.edu, o sa Network Chief of Schools ("Network Chief") o sa kanilang itinalaga (makukuha ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa www.cps.edu/Networks). Para sa mga paaralang Distrito na walang Network oversight, maaaring mag-apela sa Office of Network Support o sa itinalaga. Susuriin ng Network Chief o itinalaga ang apela at tutukuyin:

- kung may mga pagkakamali sa katotohanan sa pagsisiyasat ng punong-guro,
- kung ang dokumentasyon ng pag-uugali ng mag-aaral ay nakaayon sa naitalang kategorya ng pag-uugali ng SCC,
- kung ang mga naunang interbensyon ay sinubukan kung naaangkop,
- kung ang tagal ng pagsususpinde ay naaayon sa hindi naaangkop na pag-uugali ng mag-aaral,
- kung ang naaangkop na nararapat na proseso ay ibinigay (tingnan ang 5(a)-(e) sa pahina 4), at sa kaso ng isang kahilingan para sa isang pagdinig sa pagpapatalsik, kung ang kahilingan ay naaangkop.

Ang desisyon ng Network Chief o itinalaga ay pinal. Ang termino ng pagsususpinde ng isang mag-aaral o kahilingan para sa isang pagdinig sa pagpapatalsik ay hindi ititigil ng apela ng mga magulang/tagapag-alaga.

c) Kung ang isang mag-aaral ay pinatalsik at ini-refer sa isang SAFE Schools Alternative Program, maaaring i-apela ng mga magulang/tagapag-alaga ang huling pagpapasya sa pamamagitan ng sulat at magpadala ng karagdagang ebidensya na hindi available sa oras ng pagdinig sa pagpapatalsik sa itinalaga ng Punong Opisyal ng Edukasyon (Chief Education Officer). Ang desisyon ng CEdO o itinalaga tungkol sa apela ay pinal. Ang pagsisimula ng pagpapatalsik ng mag-aaral ay hindi naaantala ng apela ng mga magulang/tagapag-alaga.

**10) Ibalik** ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa komunidad ng paaralan.

a) Kung ang mag-aaral ay nakatanggap ng suspensyon sa labas ng paaralan sa loob ng tatlo (3) o higit pang mga araw, ang punong-guro o itinalaga ay dapat bumuo ng isang plano upang suportahan ang paglipat ng mag-aaral pabalik sa komunidad ng paaralan, kabilang ang mga estratehiya para maiwasan ang mga insidente ng pag-uugali sa hinaharap, pagpapanumbalik ng mga relasyon, at pagtugon sa patuloy na pangangailangang panlipunan, emosyonal, at akademiko ng mag-aaral, na may input mula sa mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang *Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina*.

b) Kapag ang isang mag-aaral ay nakatakdang bumalik mula sa isang pagpapatalsik at dumadalo sa Safe Schools Alternative Program, ang mga administrador ng paaralan ay dapat dumalo sa isang transition meeting, na dapat kasama ang mag-aaral, mga magulang/tagapag-alaga, at mga kawani ng alternatibong paaralan, upang talakayin ang pagbabalik ng mag-aaral at maghanda para sa isang matagumpay na paglipat.



## MGA PATNUBAY SA PAGSUSUSPINDE

Ang mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang ikalawang baitang ay HINDI maaaring bigyan ng mga suspensyon sa loob o sa labas ng paaralan. Kung ang isang mag-aaral na edad 6 pataas sa kindergarten hanggang ikalawang baitang ay nagpapakita ng pag-uugali na nagpapakita ng napipintong panganib sa pisikal, emosyonal, o pangkaisipang kaligtasan ng mga partikular na mag-aaral/kawani, ang Network Chief o itinalaga ay maaaring magbigay ng eksepsyon at magtalaga ng emerhensyang pang-isang araw na pagsususpinde sa loob o labas ng paaralan pagkatapos maabisuhan ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral. Sa panahon ng pagsususpinde, ang punong-guro o itinalaga ay dapat bumuo ng isang plano na tumutugon sa kaligtasan ng mga mag-aaral/kawani at kabilang ang mga estratehiya para maiwasan ang mga insidente ng pag-uugali sa hinaharap, pagpapanumbalik ng mga relasyon, at pagtugon sa patuloy na pangangailangang panlipunan, emosyonal, at akademiko ng mag-aaral.

### Suspensyon sa Loob ng Paaralan na Para sa Pagbubuo ng Kasanayan (Skill-Building In-School Suspension)

Ang skill-building in-school suspension ay ang pagtanggal sa isang mag-aaral mula sa kanyang regular na iskedyul ng edukasyon sa loob ng higit sa 60 minuto ng araw ng eskuwela patungo sa isang alternatibong pinangangasiwaang setting sa loob ng gusali ng paaralan upang makisali sa mga nakabalangkas na aktibidad na nagpapaunlad ng kasanayan sa akademiko, pakikipagkapwa-tao, emosyonal, at/o pag-uugali.

Ang isang mag-aaral na nasa ikatlo hanggang ikalabindalawang baitang ay maaaring bigyan ng suspensyon sa loob ng paaralan para sa pagbuo ng kasanayan kung:

1) Ang skill-building in-school suspension ay nakalista bilang isang maaaring kaparusahan para sa kategorya ng pag-uugali sa SCC, at
2) Ipinaalam sa mag-aaral ang kanilang naiulat na maling pag-uugali, binigyan ng pagkakataong tumugon, at ginawa ang mga makatwirang pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga, at
3) Isang kopya ng ulat ng maling pag-uugali (nakuha sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral) ay ibinigay sa mga magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral.

### Suspensyon sa Labas ng Paaralan (Out-of-School Suspension)

Ang isang suspensyon sa labas ng paaralan ay ang pagtanggal sa mag-aaral sa pagpasok sa klase o pagpasok sa paaralan. Kapag ang isang mag-aaral ay inalis sa paaralan bilang tugon sa pag-uugali, ang pag-alis ay mabibilang bilang unang araw ng isang suspensyon sa labas ng paaralan.

Ang isang mag-aaral mula sa ikatlo hanggang ikalabindalawang baitang ay maaaring bigyan ng suspensyon sa labas ng paaralan kung:

1) Ang suspensyon sa labas ng paaralan ay nakalista bilang isang maaaring kaparusahan para sa kategorya ng pag-uugali ng SCC, at
2) Natukoy ng punong-guro o itinalaga na ang patuloy na pagpasok ng mag-aaral sa paaralan ay nagpapakita ng napipintong panganib sa pisikal, emosyonal, o pangkaisipang kaligtasan ng mga partikular na mag-aaral/kawani at ang bantang ito ay nakadokumento sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral, o
3) Natukoy ng punong-guro o itinalaga na ang pag-uugali ng mag-aaral ay nagdulot ng talamak o matinding pagkaantala sa patuloy na paglahok ng ibang mga mag-aaral sa mga aktibidad ng paaralan at ang mga naunang interbensyon ay ginamit at naidokumento sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral, at
4) Ipinaalam sa mag-aaral ang kanilang naiulat na maling pag-uugali, binigyan ng pagkakataong tumugon, at ginawa ang mga makatwirang pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga, at
5) Isang kopya ng ulat ng maling pag-uugali (nakuha sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral) ay ibinigay sa mga magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral.

Ang isang mag-aaral na nasa ilalim ng suspensyon sa labas ng paaralan (out-of-school suspension) ay hindi pinapayagang pumunta sa pag-aari ng paaralan, lumahok sa mga extracurricular na aktibidad, o dumalo sa mga kaganapang iniisponsor ng paaralan. Ang isang mag-aaral ay maaaring ituring na trespassing kung siya ay pumasok sa bakuran ng paaralan habang nakasuspinde sa labas ng paaralan.

Ang mga suspensyon sa labas ng paaralan ay mga pinahihintulutang pagliban sa klase. Dapat tiyakin ng punong-guro na ang isang mag-aaral na nakasuspinde ay makakuha ng takdang-aralin, at sa pagbabalik ng mag-aaral, bigyan ng pagkakataong makahabol sa anumang mga quiz, test, espesyal na proyekto, o final exam na ibinigay sa panahon ng kanyang pagkakasuspinde.

Ang isang mag-aaral na sinuspinde ay dapat pahintulutang kumuha ng mga pagtatasa ng estado sa paaralan at maaaring lumahok sa mga aktibidad sa paghahanda para sa pagsusulit na may pag-apruba ng Network Chief. Ang pagdalo ng mag-aaral ay mamarkahan pa rin bilang suspendido. Dapat aprubahan ng Network Chief ang anumang iba pang pagbubukod sa mga patnubay sa suspensyon sa labas ng paaralan. Kung inaprubahan ng itinalaga ng CEO, ang isang mag-aaral na nasuspinde nang higit sa tatlong (3) araw ay maaaring kailanganin na dumalo sa isang programang iniisponsor ng Distrito sa panahon ng pagkakasuspinde.

## MGA PATNUBAY SA PAG-ABISO SA PULISYA

Ang mga administrador ng paaralan ay nakikipag-ugnayan sa Chicago Police Department (CPD) sa dalawang sitwasyon: (1) upang humingi ng tulong sa isang sitwasyong pang-emerhensya, o (2) upang ipaalam sa nagpapatupad ng batas ang diumano'y ilegal na pag-uugali (mga hindi emerhensyang sitwasyon). Upang maiwasan ang mga traumatikong epekto ng pag-aresto ng kapulisan para sa mga bata at kanilang mga pamilya, dapat unahin ng mga administrador ng paaralan ang isang diskarte sa kalusugan ng pag-uugali na tumutugon sa trauma na nakatuon sa de-escalation at pagpapanumbalik, interbensyon sa kalusugan ng isip batay sa mga pangangailangan ng mag-aaral bago isaalang-alang ang pagsali sa kapulisan. Dapat sundin ng mga administrador ang mga patnubay na ito kapag isinasaalang-alang ang anumang abiso ng pulisya.

## 1. Mga Emerhensyang Sitwasyon

Ang mga administrador ng paaralan ay may pananagutan na tumawag sa 9-1-1 sa mga sitwasyong natukoy nilang mga emerhensya sa kaligtasan na bumubuo ng **mga agarang banta ng panganib o napipintong pinsala** sa mga mag-aaral, kawani, o iba pang mga indibidwal sa paaralan. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa:

- Aktibong paggamit, pagmamay-ari, at/o pagtatago ng baril/mapanirang aparato o iba pang sandata o mukhang mga sandata, o paggamit o layuning gumamit ng bagay bilang sandata upang magdulot ng malaking pinsala sa katawan (tingnan ang Gabay sa Sanggunian para sa Group 6 na mga pag-uugali na kinasasangkutan ng mga mapanganib na bagay, sandata o mukhang sandata)
- Isang pagkilos ng pisikal na karahasan o banta ng napipintong pananakit ng isang mag-aaral na **kasalukuyang isinasagawa at hindi ligtas na ma-deescalate o mapahinahon ng mga opisyal ng kaligtasan ng paaralan at pansuportang kawani, gaya ng mga restorative practitioner o clinician**
- Banta ng Bomba (6-4) o Panununog (6-3)

Sa isang emerhensyang sitwasyon, ang mga administrador ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na ipaalam kaagad sa mga magulang/tagapag-alaga pagkatapos makipag-ugnayan sa CPD. Dapat kasama sa mga pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga ang pagtawag sa lahat ng numerong nakalista sa isang emergency form at anumang numero na ibinigay ng mag-aaral, kabilang ang pag-iwan ng mga voice message kapag posible kung ang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi sumasagot.

Ang mga administrador ng paaralan ay dapat makipag-ugnayan kaagad sa CPS Student Safety Center sa 773-553-3335 pagkatapos makipag-ugnayan sa CPD sa mga emerhensyang sitwasyon.

## 2. Diumano'y Ilegal na Pag-uugali (Mga Hindi Emerhensyang Sitwasyon)

Kapag ang isang mag-aaral ay nasangkot sa diumano'y ilegal na pag-uugali, maaaring kailanganin ng mga kawani ng paaralan na iulat ang pagkilos sa kanilang lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas. Sa sitwasyong ito, nakikipag-ugnayan ang mga opisyal ng paaralan sa CPD upang mag-ulat ng mga paglabag sa batas.

**Sa mga hindi emerhensyang sitwasyon, hindi dapat makipag-ugnayan ang mga opisyal ng paaralan sa CPD, kabilang ang mga School Resource Officer (SRO) upang humiling ng pag-alis ng nakagagambalang mag-aaral mula sa paaralan, kabilang ang mga silid-aralan, common areas, at mga kaganapang iniisponsor ng paaralan.**

Sa isang hindi emerhensyang sitwasyon, dapat gawin ng mga administrador ang sumusunod bago makipag-ugnayan sa pulisya, kabilang ang mga School Resource Officer:

1) Tawagan ang CPS Student Safety Center (773-553-3335) upang iulat ang insidente.
2) Para sa isang mag-aaral na nasa ikalimang baitang o mas mababa, ang kawani ng paaralan ay dapat sumangguni sa Law Department (773 553-1700) bago iulat ang kilos sa CPD.
3) Ang mga administrador ng paaralan ay dapat sumangguni sa mga opisyal ng distrito mula sa Opisina ng Kaligtasan at Seguridad ng Paaralan (Office of School Safety and Security) upang masuri ang diumano'y pag-uugali at mga pangangailangan ng mag-aaral gamit ang mga pamantayan sa ibaba upang matukoy kung dapat maabisuhan ang CPD, kabilang ang paraan ng pag-abiso. Ang lahat ng pag-abiso sa CPD ay dapat na maitala sa Aspen sa loob ng 24 na oras. Dapat isaalang-alang ng mga opisyal ng paaralan at distrito ang mga salik kabilang ang:
    - Kung ang pag-uugali ay nauugnay sa kapansanan ng isang mag-aaral gaya ng nakabalangkas sa kanilang IEP/504. Ang mga paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang Kinatawan ng Distrito ng OSD (OSD District Representative) para sa karagdagang suporta.
    - Kalubhaan ng diumano'y pag-uugali at ang antas ng pinsala sa mga tao sa komunidad ng paaralan, kabilang ang mga mag-aaral at mga kawani ng CPS,

- Kung ang isang tao ay pisikal na nasaktan bilang resulta ng pag-uugali ng mag-aaral,
- Edad ng mag-aaral, mga pangangailangan sa pag-unlad, o batid na kasaysayan ng trauma.

4) Kung sakaling maabisuhan ang pulisya, dapat gawin ng mga administrador ang lahat ng makatwirang pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga bago makipag-ugnayan sa CPD. Dapat kasama sa mga pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga ang pagtawag sa lahat ng numerong nakalista sa isang emergency form at anumang numero na ibinigay ng mag-aaral, kabilang ang pag-iwan ng mga voice message kapag posible kung ang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi sumasagot. Ang lahat ng pagtatangkang makipag-ugnayan sa magulang/tagapag-alaga ay dapat na maitala sa Aspen.
5) Dapat sundin ng paaralan ang Mga Kinakailangan para sa Mga Pakikipag-ugnayan ng Pulisya na nakalista sa ibaba para sa anumang pakikipag-ugnayan ng pulisya sa mga mag-aaral sa bakuran ng paaralan.
6) Gagamitin ng punong-guro ng paaralan o itinalaga ang SCC upang matukoy ang (mga) naaangkop na interbensyon at/o (mga) kahihinatnan upang tugunan ang pag-uugali ng isang mag-aaral.

Tanging mga administrador ng paaralan at mga itinalaga ang dapat sumunod sa mga pamamaraang ito ng pag-abiso. Kung sakaling kailanganin ng mga kawani ng paaralan na hindi mga administrador (o mga itinalaga) na abisuhan ang pulisya o magsampa ng reklamo laban sa isang mag-aaral para sa isang insidente na naganap sa ari-arian ng paaralan, sa oras ng eskuwela, o sa isang kaganapang nauugnay sa paaralan, dapat ipaalam ng mga kawani sa punong-guro ng paaralan upang matiyak na ang mga hakbang na nakabalangkas sa itaas ay nakumpleto bago ang pag-abiso sa CPD.

Kung sakaling ang isang hindi empleyado ng CPS (magulang, tagapag-alaga, miyembro ng komunidad) ay dapat mag-ulat ng anumang mga paratang ng ilegal na pag-uugali sa mga administrador ng paaralan, dapat sundin ng mga administrador ng paaralan ang mga hakbang na nakabalangkas sa mga hakbang 1-3 (mga hindi emerhensyang sitwasyon). Ang mga administrador ng paaralan ay hindi dapat magsampa ng reklamo sa ahensyang nagpapatupad ng batas sa utos ng hindi empleyado ng CPS.

### Maling Pag-uugaling Sekswal

Kung napag-alaman ng mga administrador ng paaralan na may nagaganap na isang kriminal na pagkilos na maling pag-uugaling sekswal, dapat silang makipag-ugnayan sa CPD. Kapag nalaman ang isang paratang ng maling pag-uugaling sekswal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sekswal na panliligalig, sekswal na pananakot, sekswal na pag-atake, karahasan sa pakikipagtipan, o diskriminasyong nauugnay sa kasarian, oryentasyong sekswal, kasarian, o pagpapahayag ng kasarian, makipag-ugnayan sa Office of Student Protections and Title IX ("OSP") upang tumulong sa pagtatasa kung kailangang abisuhan ang pulisya sa Pangunahing Linya ng OSP: (773) 535-4400. Ang mga obligasyon ng mandatoryong tagapag-ulat ng DCFS ay hiwalay sa pag-uulat sa CPD at dapat palaging sundin; mangyaring kumonsulta sa Patakaran sa Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Bata kung kinakailangan.

### Mga Kinakailangan para sa Mga Pakikipag-ugnayan ng Pulisya na Nagreresulta Mula sa Pag-aabiso sa Pulisya

Sa sandaling makipag-ugnayan ang mga kawani ng paaralan sa CPD, ang mga tumutugon na opisyal ng pulisya ang tutukoy sa huli kung mag-iimbestiga, mag-aaresto, at/o gagawa ng anumang iba pang hakbang bilang tugon. Ang mga punong-guro at kawani ng paaralan ay walang awtoridad na magpasya kung ang isang mag-aaral ay aarestuhin. Bukod dito, ang mga tumutugon na opisyal ng pulisya ay walang awtoridad na magpasya kung ang isang mag-aaral ay makakatanggap ng mga interbensyon o kaparusahan sa paaralan. Kung sakaling dapat makipag-ugnayan ang CPD sa mga mag-aaral bilang resulta ng pag-aabiso sa pulisya, dapat sundin ng mga administrador ng paaralan ang mga kinakailangang ito at ibigay ang mga nakasulat na alituntuning ito sa

(mga) mag-aaral bago ang anumang pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas:

- **Mga Karapatan ng mga Mag-aaral**
  - Ang mga mag-aaral ay may karapatang tumanggi na makipag-usap sa CPD
  - Maaaring tumanggi ang mga mag-aaral na magbigay ng pahintulot na kapkapan/hanapan ng pulisya, kabilang ang mga elektronikong aparato. Maaaring hindi nito mahihinto ang paghahanap.
  - Ang mga mag-aaral ay hindi dapat pabayaang mag-isa kasama ang CPD anumang oras
  - Ang mga mag-aaral ay hindi dapat alisin sa silid-aralan o mga common area ng paaralan ng CPD maliban kung may emerhensya, gaya ng tinukoy sa itaas, na umiiral.
- **Pagtatanong/Pakikipanayam**
  - Kung humiling ang CPD na makapanayam o tanungin ang isang mag-aaral sa paaralan, makipag-ugnayan sa Law Department.
  - Dapat gawin ng mga administrador ng CPS ang lahat ng makatwirang pagsisikap upang matiyak na naroroon ang magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral sa panahon ng pagtatanong o, kung wala ang magulang o tagapag-alaga, tiyaking naroroon sa panahon ng pagtatanong ang (mga) kawani ng paaralan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang social worker ng paaralan, isang psychologist ng paaralan, isang nars ng paaralan, isang guidance counselor ng paaralan, o sinumang iba pang propesyonal sa pangkaisipang kalusugan. Ang (mga) kawani na naroroon sa mga panayam ng pulisya ay dapat na isang taong hindi direktang kasangkot sa insidente.
  - Ang mga administrador ng CPS ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap upang matiyak na ang isang opisyal na tagapagpatupad ng batas na sinanay sa pagtataguyod ng mga ligtas na pakikipag-ugnayan at komunikasyon sa mga kabataan ay naroroon sa panahon ng pagtatanong.
- **Mga Pag-aresto sa Loob ng Bakuran ng Paaralan**
  - Dapat iwasan ng mga administrador ng paaralan, opisyal ng distrito, at CPD ang pag-aresto ng mga mag-aaral sa bakuran ng paaralan hangga't maaari. Kung matukoy ng isang tumutugon na opisyal ng pulisya na kailangan ang pag-aresto, dapat silang makipag-ugnayan sa punong-guro o itinalaga upang maghanap ng pribadong lokasyon na hindi nakikita at naririnig ng ibang mga mag-aaral, sa abot ng magagawa at kung walang mga kondisyon na nangangailangan ng kagyat na pagkilos.
  - Kung ang isang mag-aaral ay aarestuhin sa bakuran ng paaralan, ang isang administrador ng paaralan o itinalaga ay kinakailangan na samahan ang mag-aaral at ang opisyal na nag-aresto sa istasyon ng pulisya o sumunod sa kanila. Kung wala ang magulang/tagapag-alaga, dapat hilingin ng punong-guro sa opisyal na nag-aaresto na samahan ng isang kawani ng paaralan ang mag-aaral. Kung ang naturang pahintulot ay tinanggihan, dapat sumunod agad ang isang kawani sa lugar kung saan dinala ang mag-aaral. Ang kawani na kasama o sumunod sa mag-aaral ay dapat isang taong hindi sangkot sa insidente na nagresulta sa pag-aresto. Ang kawani ay dapat manatili kasama ang mag-aaral sa loob ng makatwirang panahon o hanggang sa hindi na siya kailangan.
- **Suporta para sa mga Mag-aaral**
  - Dapat tasahin ng mga paaralan ang anumang pinsalang natukoy ng mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga na nagreresulta mula sa pag-aabiso sa pulisya at magbigay ng suporta. Kung ang pag-aabiso sa pulisya ay hahantong sa isang pag-aresto, dapat magbigay ng suporta sa mag-aaral na nakasentro sa paghilom at pagpapanumbalik sa dating katayuan sa pagpasok muli ng mag-aaral sa paaralan. Maaaring sumangguni ang mga paaralan sa Restorative Re-Entry Toolkit (cps.edu/sel) para sa mga detalyadong mapagkukunan.

# mga pag-uugali ng mag-aaral na sakop ng SCC

Ang seksyong ito ay tumutukoy sa mga partikular na pag-uugali kung saan ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng mga interbensyon at/o mga kaparusahan. Ang mga pag-uugali ay nakalista sa maraming grupo, ayon sa antas ng epekto sa kapaligiran ng pag-aaral.

- Mga Pag-uugali ng Pre-Kindergarten Hanggang Ika-2 Baitang
- Ang Group 1 ay naglilista ng mga pag-uugali na *hindi naaangkop.*
- Ang Group 2 ay naglilista ng mga pag-uugali na *nakagagambala.*
- Ang Group 3 ay naglilista ng mga pag-uugali na *malubhang nakagagambala.*
- Ang Group 4 ay naglilista ng mga pag-uugali na *malubhang malubhang nakagagambala.*
- Ang Group 5 ay naglilista ng mga pag-uugali na *pinakamalubhang nakagagambala.*
- Ang Group 6 ay naglilista ng mga pag-uugali na *labag sa batas (iligal)* at *pinakamalubhang nakagagambala.*

## ESPESYAL NA MGA TALA:

### Indibidwal na Mga Panuntunan ng Paaralan at Pag-unlad sa Akademiko

Ang mga indibidwal na paaralan ay maaaring bumuo ng mga tuntunin ng paaralan na naaayon sa SCC na ito at maaaring tumugon sa hindi naaangkop na pag-uugali ng mag-aaral na hindi partikular na kasama sa SCC na ito. Gayunpaman, ang hindi mataas na nakakamit sa akademiko ay hindi isang hindi naaangkop na pag-uugali. Ang SCC at mga panuntunan ng paaralan ay **hindi** maaaring gamitin upang disiplinahin ang mga mag-aaral para sa mahinang pag-unlad sa akademiko o hindi pagkumpleto ng mga gawain sa klase at takdang-aralin sa bahay. Sa halip, ang mga nahihirapang mag-aaral ay dapat isaalang-alang para sa mga pang-akademiko o pang-asal na mga interbensyon upang matulungan silang umunlad. Gayundin, hindi dapat disiplinahin ang mga mag-aaral para sa pagtanggi ng mga magulang/tagapag-alaga sa pagbibigay ng gamot.

### Pagsuporta sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral sa Pre-Kindergarten hanggang Ika-2 Baitang

Ang Chicago Public Schools ay naniniwala na ang mga espesyal na pagsasaalang-alang ay dapat gawin kapag tinutugunan ang mga pag-uugali ng mga mag-aaral sa mga baitang na pre-kindergarten hanggang ikalawang baitang. Kasama sa mga espesyal na pagsasaalang-alang na ito ang edad at kapasidad sa pag-unlad (hal., pisikal, kognitibo, komunikasyon, social-emotional at pag-angkop) ng mag-aaral para maunawaan ang

[2] *Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa: mga computer, cellphone na ginagamit upang makipagpalitan o mag-access ng impormasyon, pager, at mga personal digital assistant o handheld device, na ginagamit upang ma-access ang internet, electronic mail o iba pang mga site ng impormasyon at maaaring pisikal na konektado sa imprastraktura ng network o hindi.*

pag-uugali at mga tugon. Dapat batid ng mga kawani ng CPS ang mga espesyal na konsiderasyon na ito kapag tumutugon sa mga pag-uugali ng mag-aaral at anumang karagdagang epekto ng mga kapansanan, trauma, o makabuluhang pagkagambala sa buhay ng pamilya. Maaaring kabilang sa kabatirang ito ang karagdagang atensyon sa disenyo ng kapaligiran ng pag-aaral, ang papel ng lahat ng nasa hustong gulang sa loob ng silid-aralan, ang sinadyang pagpapaunlad ng mga kasanayang panlipunan at emosyonal, at paggamit ng mga kasanayang nakasentro sa paghilom, pagpapanumbalik sa dating katayuan, at tumutugon sa trauma. Dapat ding tiyakin ng mga kawani ng CPS ang pagtitiwala at sinadyang pakikipag-ugnayan sa mga pamilya, dahil sa kritikal na papel na ginagampanan ng mga tagapag-alaga ng ating mga pinakabatang mag-aaral.

Upang suportahan ang mga pangangailangan ng ating mga pinakabatang mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang sa ikalawang baitang, isang pangkat ng mga pag-uugali ang itinatag sa patakarang ito upang tukuyin ang mga pag-uugali na nakakaapekto sa kaligtasan at kapakanan ng iba. Kinakailangan na ang mga nakabalangkas na pag-uugali ay palaging nauunawaan sa pamamagitan ng mga pananaw ng mga espesyal na pagsasaalang-alang na nakalista sa itaas. Uunahin ng mga paaralan ang dokumentasyon ng mga pag-uugaling nakabalangkas sa pangkat ng mga pag-uugali sa ibaba para sa pre-kindergarten hanggang sa ikalawang baitang upang matiyak ang transparency at pakikipagtulungan sa mga magulang/tagapag-alaga kapag nagpapatupad ng mga interbensyong nagbibigay-suporta at tumutugon sa trauma na nakadirekta sa mga ugat na dahilan ng pag-uugali ng mag-aaral.

### Mga Cellphone at Iba Pang Information Technology Device[2]

Maaaring payagan ng punong-guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng mga cellphone o iba pang information technology device sa pamamagitan ng paggawa ng patakaran ng paaralan na tumutukoy kung kailan maaaring pahintulutan, gamitin, at kung paano dapat itago ang mga bagay na ito.  Maaari ding ipagbawal ng isang punong-guro ang mga cellphone at iba pang information technology device ngunit payagan ang mga indibidwal na mag-aaral na magkaroon ng mga ito para sa anumang mabuting layunin pagkatapos isaalang-alang ang isang nakasulat na kahilingan mula sa isang magulang/tagapag-alaga. Kung tatanggihan ng isang punong-guro ang kahilingan ng magulang/tagapag-alaga, maaaring mag-apela ang magulang sa Network Chief o sa kanilang itinalaga. Maliban kung inaprubahan ng punong-guro, ang mga cellphone at iba pang information technology device ay hindi pinapayagan sa paaralan.

### Mga Pribilehiyo at Pag-access sa Network[3]

Maaaring humiling ang isang punong-guro na pansamantalang paghigpitan ang access o mga pribilehiyo sa CPS network ng mag-aaral, sa kabuuan o bahagi, bilang resulta ng mga paglabag sa SCC na lumilikha ng hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung pinipigilan nila ang ibang mga mag-aaral na ma-access ang kanilang pag-aaral. Ang mga paghihigpit na ito sa network ng CPS ay hindi dapat walang katiyakan kung hanggang kailan at dapat na maibalik sa dati sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang naaangkop na mga plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at pag-access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na posible.

*[3] Ang network ng CPS ay tumutukoy sa mga system, mapagkukunan sa computer, at imprastraktura na ginagamit upang magpadala, mag-imbak, at magsuri ng data o makipag-usap sa isang elektronikong medium at kasama ang, ngunit hindi limitado sa, (mga) E-mail system, mga sistema ng pakikipagtulungan, database, hardware, mga aparato ng telekomunikasyon, mga information system, internet service, mga tool sa pag-aaral nang malayuan, intranet system ng CPS o mga mainframe system ng CPS, pagmamay-ari man o kinontrata ng Lupon o kung hindi man ay ginagamit para sa mga layunin ng paaralan.  Ang mga mag-aaral ay napapailalim sa mga kinakailangan sa Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Mag-aaral ng Network ng CPS (**http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=203**).*

## Mga Dress Code ng Paaralan at Mga Patakaran sa Uniporme

Ang mga Lokal na Konseho ng Paaralan ay maaaring magpatibay ng isang patakaran sa dress code na nagbabawal sa mga mag-aaral na magsuot ng ilang partikular na bagay o isang patakaran sa uniporme na nag-aatas sa mga mag-aaral na magsuot ng isang partikular na uniporme. Dapat maaari sa parehong kasarian ang mga dress code at patakaran sa uniporme. Ang mga mag-aaral na hindi sumusunod sa dress code ng paaralan o patakaran sa uniporme ay maaaring bigyan ng mga detensyon o hindi kasama sa mga extracurricular na aktibidad, ngunit hindi maaaring pagbawalan na pumasok sa klase. Ang isang mag-aaral ay maaaring makatanggap ng mga karagdagang kaparusahan para sa paglabag sa dress code o patakaran sa uniporme ng paaralan kung ang pananamit ng mag-aaral ay nakagagambala o maaaring makagambala sa proseso ng edukasyon. Halimbawa, ang isang mag-aaral ay maaaring makatanggap ng kaparusahan para sa pagsusuot ng damit o mga accessory na nagpapakita ng kaugnayan sa isang gang. Ang talatang ito ay hindi naaangkop sa mga mag-aaral na naka-enroll sa mga Akademyang Pangmilitar o mga JROTC Program.

## Pag-uugali na Dahil sa Pagkiling/Nandidiskrimina

Napag-alaman ng General Assembly ng Illinois na ang isang ligtas at sibil na kapaligiran ng paaralan ay kinakailangan para matuto at magkaroon ng pagkamit ang mga mag-aaral. Ang mga pag-uugaling dahil sa pagkiling, kabilang ang racism at lahat ng anyo ng diskriminasyon batay sa aktwal o pinaghihinalaang pagiging miyembro ng isang protektadong kategorya, ay direktang salungat dito at maaaring magdulot ng pisikal, sikolohikal, at emosyonal na pinsala sa mga mag-aaral at nakakasagabal sa kanilang kakayahang matuto at lumahok sa mga aktibidad sa paaralan. Kinikilala ng Chicago Public Schools ang makasaysayang papel nito sa systemic marginalization ng mga indibidwal na pinakanaaapektuhan ng racism, pagkiling (bias), at pang-aapi (oppression). Sinisikap naming maunawaan, guluhin, at lansagin ang mga pattern at istruktura ng pagkiling at racism sa institusyon (may kabatiran o walang kabatiran) na lumilikha ng mga pagkakaiba o nagpapanatili ng mga pagkakaiba sa tagumpay sa mga mag-aaral at kawani. Ang mga administrador ng paaralan at mga itinalaga ay dapat sumangguni sa Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugali na Dahil sa Pagkiling na kasama sa handbook na ito para sa mga tagubilin sa pagtugon sa lahat ng paratang ng pambu-bully o pag-uugaling dahil sa pagkiling ng mga mag-aaral. Kung sakaling mapatunayan ng isang pagsisiyasat ang isang paratang ng pag-uugaling dahil sa pagkiling, ang mga administrador ng paaralan o mga itinalaga ay dapat magtalaga ng mga nauugnay na kodigo ng SCC, mga interbensyon sa pagsasaayos, naaangkop na mga kahihinatnan, at magsikap na tukuyin at baguhin ang mga sistema at istruktura sa ating mga paaralan na nagpapahintulot na maganap ang diskriminasyon.

## Mga Programang Militar at JROTC

Ang mga military academy at iba pang mga programa ng JROTC na itinalaga ng lupon ay maaaring magpatupad ng mga pamantayan ng pag-uugali at interbensyon o mga kahihinatnan na naaayon sa katangiang militar ng mga paaralan at programang iyon, bilang karagdagan sa mga pamantayan ng pag-uugali at interbensyon o mga kahihinatnan na inilarawan sa SCC na ito. Ang mga mag-aaral na naka-enrol sa isang akademyang pangmilitar na paulit-ulit na nagsasagawa ng mga maling gawain o pagsuway (pagkilos ng mag-aaral na lumalabag sa naaayon sa batas at naaangkop na direktang kautusan ng isang mas mataas na ranggong opisyal, miyembro ng kawani o ibang mag-aaral), o na paulit-ulit na nabigo o tumatangging magsuot ng kinakailangang unipormeng militar, ay maaaring isailalim sa administratibong paglipat ng punong-guro ng akademyang pangmilitar sa

ibang paaralan (o sa kaso ng isang programa ng JROTC, pagtanggal sa programa). Bago ang administratibong paglipat, ang isang kumperensya ay dapat idaos kasama ang mga magulang/tagapag-alaga, mag-aaral, punong-guro ng akademyang pangmilitar, at isang itinalaga ng Punong Tagapagpaganap (Chief Executive Officer). Ang mga mag-aaral na inilipat para sa mga kadahilanang pang-administratibo mula sa alinmang akademyang pangmilitar ay dapat tanggapin ng papasukang paaralan sa kanilang lugar. Ang mga mag-aaral na nabigyan ng administratibong paglipat sa isa pang pampublikong paaralan sa Chicago o pinatalsik mula sa Chicago Public Schools ay mawawalan ng lahat ng ranggo at pribilehiyo sa mga akademyang pangmilitar at JROTC at dapat muling mag-apply para ma-enroll sa JROTC program at akademyang pangmilitar. Sa pag-enroll ng kanilang anak sa isang akademyang pangmilitar, dapat ipagbigay-alam sa mga magulang/tagapag-alaga ang tungkol sa patakaran sa uniporme, mga inaasahan ng akademyang pangmilitar, at patakaran sa administratibong paglipat, at dapat ipahiwatig sa pamamagitan ng lagda ang kanilang pagsang-ayon na sumunod sa mga tuntunin ng mga patakarang ito.

### Pagsasaalang-alang sa Unang Susog (First Amendment)

Alinsunod sa mga karapatan sa First Amendment ng mga mag-aaral, pinagtibay ng Lupon ang Pangwakas at Komprehensibong Patakaran nito sa Hindi Pagdidiskrimina, Sekswal na Panliligalig, Maling Pag-uugaling Sekswal, at Paghihiganti na nagpapatupad ng mga proteksyong ipinag-uutos ng pederal, kabilang ang mga nasa ilalim ng Titulo VI at Titulo IX.

### Karahasan sa Pakikipagtipan at Pahayag ng Karahasan sa Tahanan

Ang sinumang empleyado ng paaralan na inabisuhan ng magulang, tagapag-alaga o mag-aaral, o naghihinala na ang isang mag-aaral ay naging biktima ng karahasan sa pakikipagtipan ay dapat agad na iulat ang impormasyong iyon sa punong-guro/itinalaga. Ang karahasan sa pakikipagtipan ay tinukoy bilang marahas, pagkontrol, o pananakot na pag-uugali na ginagamit ng isang indibidwal laban sa kasalukuyan o dating katipan (ka-date). Maaaring kabilang dito ang emosyonal, pisikal at sekswal na pang-aabuso, pag-i-stalk, pagsisigaw, panliligalig, pananakot, pagtawag ng kung ano-anong pangalan, pagbabanta ng pagpapakamatay, obsessive na pagtawag sa telepono o text messaging, matinding selos at pagiging possessive. Ang Karahasan sa Tahanan ay tinukoy bilang: isang malaking krimen (felony) o maliit na krimen (misdemeanor) na karahasan na ginawa ng kasalukuyan o dating asawa o matalik na kapareha ng nagrereklamo; ng isang tao kung kanino ang nagrereklamo ay may anak; ng isang tao na kinakasama, o nakasama, ng nagrereklamo bilang asawa o matalik na kapareha; ng isang taong katulad ng kinalalagyan ng asawa ng nagrereklamo sa ilalim ng mga batas sa karahasan sa tahanan o pamilya ng Illinois; ng sinumang ibang tao laban sa isang nagrereklamong nasa hustong gulang o kabataan na protektado mula sa mga gawa ng taong iyon sa ilalim ng mga batas sa karahasan sa tahanan o pamilya ng Illinois. Upang maikategorya ang isang insidente bilang Karahasan sa Tahanan, ang ugnayan sa pagitan ng respondent at ng nagrereklamo ay dapat na higit pa sa dalawang taong magkasamang naninirahan bilang mga kasama sa silid (roommate). Ang mga taong nagsasamang manirahan ay dapat na kasalukuyan o dating asawa o may matalik na relasyon.

Ang mga paratang o hinala na ito ay dapat iulat kaagad sa Office of Student Protections and Title IX. Dapat tiyakin ng punong-guro na ang biktimang mag-aaral ng karahasan sa pakikipagtipan o karahasan sa tahanan ay tumatanggap ng naaangkop na mga serbisyo ng suporta alinsunod sa Patakaran ng Lupon sa Karahasan sa Tahanan, Karahasan sa Pakikipagtipan at Mga Utos ng Proteksyon, Pagpigil o Walang Pakikipag-ugnayan ng Hukuman (http://policy.cps.edu) /download.aspx?ID=43).

## SCC at Iba Pang mga Batas, Patakaran, Panuntunan, at Kontrata

Ang mga hindi naaangkop na pag-uugali at hanay ng mga posibleng kahihinatnan at interbensyon na nakalista sa patakarang ito ay naaayon sa Illinois School Code, Mga Panuntunan at Patakaran ng Lupon, mga pinag-usapang kasunduan, at lahat ng iba pang naaangkop na batas ng estado at pederal.

Nalalapat ang SCC sa mga kontrata at performance ng mga paaralan ng CPS.

Ang mga charter school ng CPS ay hindi kasama sa mga patakaran ng lokal na lupon ng paaralan sa ilalim ng batas ng Illinois (105 ILCS 5/27A). Maaaring piliin ng mga charter school na gamitin ang SCC o magtatag ng sarili nilang mga patakaran sa pagdidisiplina. Ang mga charter school ay hindi exempt mula sa mga batas ng pederal at karamihan sa mga batas ng estado, sa Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) o mula sa mga regulasyon ng pederal at estado dahil ang mga ito ay nauukol sa pagdidisiplina sa mga mag-aaral na may mga kapansanan. Kung ang isang charter school ay magtatatag ng sarili nitong patakaran sa pagdidisiplina, dapat nitong isama ang wika mula sa at sumunod sa mga patnubay para sa pagsususpinde at pagpapatalsik ng mga mag-aaral na may mga kapansanan na nakabalangkas sa patakarang ito. Dapat ding sumunod ang mga charter school sa mga patakaran at pamamaraan na itinatag ng Tanggapan para sa mga Mag-aaral na may Kapansanan para sa pagdidisiplina ng mga estudyanteng may kapansanan. Ang mga mag-aaral na pinatalsik mula sa mga charter school ay dapat makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Paghatol sa Mag-aaral (Department of Student Adjudication) sa (773) 553-2249 para sa tulong sa pag-enroll sa isang paaralan pagkatapos mapatalsik mula sa isang charter school.

Malinaw na ipinagbabawal ang corporal punishment (pisikal na pananakit). Isinasaad ng Panuntunan 6-21 ng Chicago Board of Education na: "Walang empleyado ng Lupon ng Edukasyon ang maaaring magpataw ng anumang uri ng corporal punishment sa mga taong nag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng Lungsod ng Chicago."

## Mga Tala

## Mga Pag-uugali ng Pre-Kindergarten Hanggang Ika-2 Baitang

| NA-OBSERBAHANG PAG-UUGALI | MGA TUGON AT MGA INTERBENSYON[4] |
|---|---|
| P2A Patuloy na pag-alis sa silid-aralan o pag-alis sa gusali ng paaralan o lugar ng paaralan[5]<br>P2B Patuloy na pagsira ng mga gamit sa silid-aralan o ari-arian ng paaralan<br>P2C Patuloy na hindi gustong pisikal na kontak o anumang pisikal na kontak na nagreresulta sa isang pinsala<br>P2D Patuloy na pagpapakita ng tahasang sekswal na pag-uugali, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa kontak sa o paglantad ng mga ari<br>P2E Pag-uugali na kinabibilangan ng anumang pananalita o pagkilos na nakabatay sa pagkiling[6]<br>P2F Ang pagkakaroon ng sandata, mukhang sandata, o mapanganib na bagay sa paaralan gaya ng tinukoy sa Sangguniang Gabay<br>P2G Ang pagkakaroon ng anumang controlled substance (alak/droga/atbp.) sa paaralan | • Naka-dokumentong Kumperensya ng Guro, Mag-aaral, Magulang/ Tagapag-alaga, at/o Administrador na nakatuon sa ugat na dahilan ng naobserbahang pag-uugali at mga pansuportang estratehiya upang maiwasan ang pag-ulit<br>• Inirerekumenda ang pagtugon sa pagtuturo, pagwawasto, o pagpapanumbalik sa dati (tingnan ang *Pandagdag sa Mga Alituntunin para sa Epektibong Pagdidisiplina sa Mga Maagang Baitang (Guidelines for Effective Discipline Early Grades Supplement)*) |

*[4] Ang mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang ikalawang baitang ay HINDI maaaring bigyan ng mga suspensyon sa loob o sa labas ng paaralan. Kung ang isang mag-aaral na edad 6 pataas sa kindergarten hanggang ikalawang baitang ay nagpapakita ng pag-uugali na nagpapakita ng napipintong panganib sa pisikal, emosyonal, o pangkaisipang kaligtasan ng mga partikular na mag-aaral/kawani, ang Network Chief o itinalaga ay maaaring magbigay ng eksepsyon at magtalaga ng emerhensyang pang-isang araw na pagsususpinde sa loob o labas ng paaralan pagkatapos maabisuhan ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral. Sa panahon ng pagsususpinde, ang punong-guro o itinalaga ay dapat bumuo ng isang plano na tumutugon sa kaligtasan ng mga mag-aaral/kawani at kabilang ang mga estratehiya para maiwasan ang mga insidente ng pag-uugali sa hinaharap, pagpapanumbalik ng mga relasyon, at pagtugon sa patuloy na pangangailangang panlipunan, emosyonal, at akademiko ng mag-aaral.*

*[5] Ang mga sinanay na kawani ng paaralan sa Safety Care ay gagamit ng mga inaprubahang pamamaraan ng pagpapahinahon (pag-de-escalate) ng Safety Care upang suportahan ang mga mag-aaral sa isang emosyonal na katayuan na maaaring humantong sa paglalayas. Kung ang isang mag-aaral ay lumayas mula sa gusali o lugar ng paaralan, ang mga sinanay na kawani ng paaralan sa Safety Care ay dapat na patuloy na gumamit ng mga inaprubahang pamamaraan sa Safety Care at samahan ang mag-aaral upang matiyak ang kaligtasan. Dapat kaagad na makipag-ugnayan sa mga magulang at/o tagapag-alaga.*

*[6] Ang mga pag-uugali na may kasamang content na batay sa pagkiling ay hindi tinatanggap bilang maling pag-uugali sa paaralan para sa mga mag-aaral sa pangkat ng baitang na ito, ngunit nangangailangan ng agarang suporta upang matiyak ang mga ligtas na kapaligiran sa pag-aaral. Sumangguni sa patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling sa handbook na ito para sa mga kahulugan ng pag-uugaling nakabatay sa pagkiling. Ang mga pag-uugaling ito ay iniuulat sa Office of Student Protections and Title IX upang tumulong sa pagtukoy ng mga pangangailangan ng mag-aaral at suportang tumutugon sa trauma kapag kinakailangan.*

## Group 1 – Mga Hindi Naaangkop na Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang)

| HINDI TAMANG PAG-UUGALI | MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT MGA KAHIHINATNAN |
|---|---|
| 1-1 Pagtakbo at/o paggawa ng labis na ingay sa pasilyo o gusali<br>1-2 Pag-alis sa silid aralan nang walang pahintulot<br>1-3 Pagsali sa anumang pag-uugali na nakagagambala sa maayos na proseso ng pagtuturo sa silid-aralan<br>1-4 Pakalat-kalat, o pag-okupa sa isang hindi awtorisadong lugar sa paaralan o sa bakuran ng paaralan<br>1-5 Hindi pagpasok sa klase nang walang wastong dahilan<br>1-6 Patuloy na pagiging huli sa paaralan o klase (3 o higit pang mga insidente bawat semestre)<br>1-7 Paggamit ng network ng CPS para sa layunin ng pag-access ng mga materyal na hindi pang-edukasyon, tulad ng games at iba pang hindi naaangkop na materyales[7]<br>1-8 Hindi awtorisadong paggamit o pagmamay-ari ng mga cellphone o iba pang information technology device | • Nakadokumentong Kumperensya ng Guro, Mag-aaral, Magulang/ Tagapag-alaga, at/o Administrador na nakatuon sa nilabag na inaasahan, sanhi ng pag-uugali, at diskarte upang maiwasan ang pag-ulit<br>• Inirerekumenda ang pagtugon na nagtuturo, nagwawasto, o nagpapanumbalik sa dati (tingnan ang *Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina* )<br>• Detensyon – tanghalian, bago ng klase, pagkatapos ng klase, o Sabado |

[7] *Ang mga mag-aaral ay maaaring pansamantalang masuspinde mula sa ilan o lahat ng mga pribilehiyo ng network ng CPS para sa hindi wastong paggamit ng network ng CPS kapag naitatag na ang pag-uugali ay nagresulta sa isang hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung ang access ng ibang mga mag-aaral sa pag-aaral ay nagambala. Ang mga pribilehiyo sa network ng CPS ay ibabalik sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang mga naaangkop na plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na maaari.*

## Group 2 – Mga Nakagagambalang Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang)

| NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI | MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT KAHIHINATNAN (Dapat subukan muna ang mga naaangkop na interbensyon at kahihinatnan na hindi nagbubukod sa mag-aaral mula sa kanilang regular na iskedyul ng edukasyon.) |
|---|---|
| 2-1 Pag-post o pamamahagi ng mga hindi awtorisadong nakasulat na materyales sa bakuran ng paaralan<br>2-2 Pag-alis mula sa paaralan nang walang pahintulot<br>2-3 Panghihimasok sa mga awtoridad at programa ng paaralan sa pamamagitan ng mga walkout o sit-in<br>2-4 Pagsisimula o paglahok sa anumang hindi katanggap-tanggap na pisikal na aksyon na hindi malubha<br>2-5 Pagkabigong sumunod sa mga tuntunin at regulasyon ng paaralan na hindi nakalista sa SCC<br>2-6 Pagpapakita o paglalathala ng anumang bastos, malaswa, malaswa, imoral, mapanirang-puri, o nakakasakit na mga materyales, o paggamit ng ganoong pananalita o kilos<br>2-7 Pagmamay-ari (pisikal na kontrol sa, tulad ng nasa damit, locker, o bag) at/o paggamit ng mga produktong tabako o nikotina, posporo, o lighter ng sigarilyo, kabilang ang mga vaporizer device na naglalaman ng mga produktong nikotina o mga bahagi ng vaporizer na hindi naglalaman ng mga substance<br>2-8 Pagwawalang-bahala sa mga tagubilin o panuto ng mga kawani ng paaralan na nagdudulot ng pagkaantala sa paglahok ng ibang mga mag-aaral sa mga aktibidad ng paaralan | • Nakadokumentong Kumperensya ng Guro, Mag-aaral, Magulang/ Tagapag-alaga, at/o Administrador na nakatuon sa nilabag na inaasahan, sanhi ng pag-uugali, at diskarte upang maiwasan ang pag-ulit<br>• Inirerekumenda ang pagtugon na nagtuturo, nagwawasto, o nagpapanumbalik sa dati (tingnan ang *Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina* )<br>• Detensyon – tanghalian, bago ng klase, pagkatapos ng klase, o Sabado |

| | |
|---|---|
| 2-9 Nabigong magbigay ng wastong pagkakakilanlan<br>2-10 Hindi awtorisadong paggamit ng mga paradahan ng paaralan o iba pang lugar<br>2-11 Paggamit ng network ng CPS para sa mga layunin ng pamamahagi o pag-download ng mga materyales na hindi pang-edukasyon[8] | |

[8] *Ang mga mag-aaral ay maaaring pansamantalang masuspinde mula sa ilan o lahat ng mga pribilehiyo ng network ng CPS para sa hindi wastong paggamit ng network ng CPS kapag naitatag na ang pag-uugali ay nagresulta sa isang hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung ang access ng ibang mga mag-aaral sa pag-aaral ay nagambala. Ang mga pribilehiyo sa network ng CPS ay ibabalik sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang mga naaangkop na plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na maaari.*

## Group 3 – Mga Lubhang Nakagagambalang Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang)

| **LUBHANG NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI**<br>*** Ang mga gawi na may markang asterisk ay nagpapahiwatig na ang maling pag-uugali ay maaaring isang paglabag sa batas.** | **MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT KAHIHINATNAN**<br>**(Dapat subukan muna ang mga naaangkop na interbensyon at kahihinatnan na hindi nagbubukod sa mag-aaral mula sa kanilang regular na iskedyul ng edukasyon.)** |
|---|---|
| 3-1 Nakagagambalang pag-uugali sa school bus[9]<br>*3-2 Pagsusugal – pagsali sa mga laro ng pagkakataon o kasanayan para sa pera o mga bagay na may halaga<br>3-3 Pakikipag-away[10] – pisikal na kontak sa pagitan ng dalawang tao na may layuning manakit, ngunit walang nagresultang pinsala<br>3-4 Paggamit ng nandidiskriminang wika, mga galaw, pang-iinsulto, o iba pang mga pag-uugali na dahil sa pagkiling at kinasasangkutan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, katayuan sa imigrasyon, kasarian, oryentasyong sekswal, edad, relihiyon, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, kapansanan o iba pang mga protektadong kategorya. Para sa pag-uugali na dahil sa pagkiling, tingnan ang Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugali na Nakabatay sa Pagkiling bago magtalaga ng interbensyon o kaparusahan.[11][12]<br>3-5 Pangalawa o higit pang nakadokumentong paglabag sa Group 1 o 2 na kategorya ng pag-uugali<br>3-6 Anumang pag-uugali na hindi nakalista sa Group 1 hanggang 3 ng SCC na ito na malubhang nakagagambala sa proseso ng edukasyon[13]<br>*3-7 Pamemeke – hindi totoo at mapanlinlang na paggawa o pagbabago ng isang dokumento o paggamit ng naturang dokumento<br>3-8 Pangongopya (plagiarizing), panloloko at/o pangongopya sa gawa ng ibang mag-aaral o ibang pinagkunan<br>3-9 Labis na pagpapakita ng kaugnayan sa isang gang[14]<br>3-10 Mga pag-uugaling pambu-bully - pag-uugali na nakadirekta sa isang mag-aaral, o pagganti laban sa ibang tao para sa pag-uulat ng hindi sekswal na pag-uugali na maaaring makatwirang asahan na magdudulot ng takot sa pisikal o pangkaisipang pinsala, pinsala sa ari-arian, at/o makagambala sa kakayahan ng mag-aaral na lumahok sa paaralan o mga aktibidad sa paaralan (tingnan ang Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugali na Nakabatay sa Pagkiling para sa buong kahulugan bago magtalaga ng interbensyon o kaparusahan)[15] | • Nakadokumentong Kumperensya ng Guro, Mag-aaral, Magulang/ Tagapag-alaga, at/o Administrador na nakatuon sa paglabag sa inaasahan, sanhi ng pag-uugali, at diskarte upang maiwasan ang pag-ulit<br>• Inirerekumenda ang pagtugon na nagtuturo, nagwawasto, o nagpapanumbalik sa dati (tingnan ang Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina )<br>• Detensyon – tanghalian, bago ng klase, pagkatapos ng klase, o Sabado<br>• Suspensyon sa paaralan para sa pagbuo ng kasanayan na hanggang tatlong araw<br><br>**MGA KARAGDAGANG KAHIHINATNANG MAGAGAMIT PARA SA PAULIT-ULIT NA HINDI ANGKOP NA PAG-UUGALI SA ILALIM NG GROUP 3**<br>• Suspensyon sa paaralan para sa pagbuo ng kasanayan, pagsususpinde sa labas ng paaralan, o kumbinasyong suspensyon sa loob ng paaralan at sa labas ng paaralan na hanggang tatlong araw<br>- Ang mga pagsususpinde sa labas at loob ng paaralan na itinalaga sa paulit-ulit na 3-6 na pag-uugali ay dapat aprubahan ng Network Chief o itinalaga. Para sa mga paaralang Distrito na walang pangangasiwa ng Network, ang mga pag-apruba ay dapat gawin ng Office of Network Support. |

| | |
|---|---|
| 3-11 Paggamit ng mga cellphone o iba pang information technology device upang manligalig, mag-udyok ng karahasan, o makagambala sa paglahok ng ibang mga mag-aaral sa mga aktibidad ng paaralan, kabilang ang paggamit ng device para i-record ang iba nang walang pahintulot o hindi awtorisadong pamamahagi ng mga recording na hindi sekswal ang katanigan[16 17]<br>3-12 Hindi naaangkop na pagsusuot ng anumang uniporme ng JROTC o Akademyang Pangmilitar sa loob o labas ng bakuran ng paaralan<br>3-13 Paggamit ng network ng CPS para sa isang lubhang nakagagambalang layunin na hindi nakalista sa SCC na ito[18] | - Ang mga pagsususpinde sa labas ng paaralan nang tatlong araw o mas mababa ay maaari lamang gamitin kung ang patuloy na presensya ng mag-aaral sa paaralan ay magdudulot ng banta sa kaligtasan o pagkagambala sa mga pagkakataon sa pag-aaral ng ibang mga mag-aaral. |

*Ang mga pag-uugaling may marka ng asterisk ay nagpapahiwatig na ang maling pag-uugali ay maaaring isang paglabag sa batas.*

[9] *Bilang karagdagan sa iba pang mga aksyong pandisiplina, ang isang mag-aaral na nagsasagawa ng nakagagambalang pag-uugali sa school bus ay maaaring masuspinde mula sa serbisyo ng bus sa loob ng isang panahon na tinukoy ng punong-guro ng paaralan na may pagsusuri ng Punong Ehekutibong Opisyal (Chief Executive Officer) o itinalaga.*

[10] *Hindi maling pag-uugali ang depensahan ang sarili gaya ng nakasaad sa batas.*

[11] *Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX. Ang isang buong kahulugan ng mga protektadong kategorya ay makikita sa Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling.*

[12] *Ang panliligalig batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan o katayuan sa imigrasyon, kasarian, oryentasyong sekswal, edad, relihiyon, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o kapansanan, na nakadirekta sa mga Nasasaklawan na Indibidwal na nasa hustong gulang ay dapat iulat sa Equal Opportunity Compliance Office (EOCO).*

[13] *Halimbawa, ang unang pagkakataon na nabigo ang mag-aaral na magbigay ng wastong pagkakakilanlan ay itatala bilang 2-9 na kategorya ng pag-uugali at ang mga maaaring kahihinatnan ay kasama ang pagsususpinde sa loob ng paaralan para sa pagbuo ng kasanayan hanggang tatlong araw. Ang pangalawang pagkakataon na mabigo ang isang mag-aaral na magbigay ng wastong pagkakakilanlan ay itatala bilang 3-5 na kategorya ng pag-uugali at kasama sa mga maaaring kahihinatnan ang suspensyon sa loob ng paaralan para sa pagbuo ng kasanayan hanggang tatlong araw. Ang ikatlong pagkakataon na mabigo ang mag-aaral na magbigay ng wastong pagkakakilanlan ay itatala bilang 3-5 na kategorya ng pag-uugali, naulit na Group 3 na hindi naaangkop na pag-uugali, at kasama sa mga maaaring kahihinatnan ay ang suspensyon sa loob ng paaralan para sa pagbuo ng kasanayan, suspensyon sa labas ng paaralan, o kumbinasyon na suspensiyon sa loob at labas ng paaralan na hanggang tatlong araw.*

[14] *Ang isang gang ay anumang patuloy na organisasyon o grupo ng tatlo o higit pang mga tao na isa sa mga pangunahing aktibidad nito ay ang paggawa ng isa o higit pang mga kriminal na gawain, na may nakikilalang pangalan o palatandaan o simbolo, at ang mga miyembro ay indibidwal o sama-samang nakikibahagi o nakibahagi sa isang pattern ng kriminal na aktibidad. Ang gang activity ay tumutukoy sa anumang kilos (hal., pag-recruit gamit ang pananakot, pag-tag o pagmamarka, pag-atake, pambubugbog, pagnanakaw, pagpasok sa loob ng ari-arian, o pangingikil) na ginawa ng isang miyembro ng gang o sa ngalan ng gang, at nilayon na isulong ang isang karaniwang kriminal na tunguhin. Ang hayagang pagpapakita ng pagiging kasapi sa isang gang ay nangangahulugang anumang kilos (hal., pagsusuot ng damit o kagamitan, pagpapakita ng mga palatandaan, simbolo, at senyales ng gang) na nagpapahiwatig o nagpapakita ng kaugnayan sa gang. Ang gang activity at ang hayagang pagpapakita ng pagiging kasapi ng gang ay maaaring ipahiwatig mula sa katangian ng mga kilos at mga pangyayari na nakapalibot sa maling pag-uugali. Ang mga paulit-ulit na paglabag sa Pag-uugaling 3-9 ng SCC ay maaaring magresulta sa isang referral para sa isang pagdinig sa pagpapatalsik at dapat isumite bilang Pag-uugaling 5-6.*

[15] *Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX.*

[16] *Ang mga mag-aaral ay maaaring pansamantalang masuspinde mula sa ilan o lahat ng pribilehiyo ng network ng CPS para sa hindi wastong paggamit ng mga information technology device kapag naitatag na ang pag-uugali ay nagresulta sa isang hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung ang access ng ibang mga mag-aaral sa pag-aaral ay nagambala. Ang mga pribilehiyo sa network ng CPS ay ibabalik sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang mga naaangkop na plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na maaari.*

[17] *Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX.*

[18] *Ang mga mag-aaral ay maaaring pansamantalang masuspinde mula sa ilan o lahat ng pribilehiyo ng network ng CPS para sa hindi wastong paggamit ng mga information technology device kapag naitatag na ang pag-uugali ay nagresulta sa isang hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung ang access ng ibang mga mag-aaral sa pag-aaral ay nagambala. Ang mga pribilehiyo sa network ng CPS ay ibabalik sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang mga naaangkop na plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na maaari.*

## Group 4 – Mga Napakalubhang Nakagagambalang Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang)

| **NAPAKALUBHANG NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI**<br>*** Ang mga gawi na may markang asterisk ay nagpapahiwatig na ang maling pag-uugali ay maaaring isang paglabag sa batas.** | **MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT KAHIHINATNAN**<br>**(Dapat subukan muna ang mga naaangkop na interbensyon at kahihinatnan na hindi nagbubukod sa mag-aaral mula sa kanilang regular na iskedyul ng edukasyon.)** |
|---|---|
| *4-1 Maling pag-activate ng alarma sa sunog na hindi nagiging sanhi ng paglikas ng pasilidad ng paaralan o hindi nagiging sanhi ng pag-abiso sa mga serbisyong pang-emerhensya<br>*4-2 Pangingikil – pagkuha ng pera o impormasyon mula sa iba sa pamamagitan ng pamimilit o pananakot<br>*4-3 [19]Isang pagtatangka o makatwirang banta na magdulot ng pinsala sa isang tao na may pagpapakita ng puwersa na magiging sanhi na umasa ang biktima na magkakaroon ng isang agarang hindi ninanais na kontak sa katawan nang walang pahintulot o legal na katwiran.<br>*4-4 Kusa o malisyosong pagsira o pagdudungis sa ari-arian ng iba o pinsala sa ari-arian sa halagang mas mababa sa $500<br>*4-5 Hindi ninanais na kontak sa katawan sa ibang tao nang walang legal na katwiran o pagtulong o pagsama sa paggawa ng pag-uugaling ito na hindi nagreresulta sa pisikal na pinsala<br>*4-6 Pakikipag-away[20] – pisikal na kontak sa pagitan ng higit sa dalawang tao na may layuning manakit, o pisikal na kontak sa pagitan ng dalawang tao na may layuning manakit na nagreresulta sa pinsala<br>*4-7 Pagnanakaw (hindi awtorisadong kontrol sa pisikal na ari-arian ng iba) o pagmamay-ari (pisikal na kontrol sa, tulad ng nasa damit, locker o bag) ng ninakaw na ari-arian na nagkakahalaga ng mas mababa sa $150<br>*4-8 Pagmamay-ari, paggamit, pagbebenta, o pamamahagi ng mga paputok<br>4-9 Anumang pag-uugali na hindi nakalista sa Group 1 hanggang 4 ng SCC na ito na napakalubhang nakagagambala sa proseso ng edukasyon<br>4-10 [sinasadyang iwanang blangko ang code na ito] | • Nakadokumentong Kumperensya ng Guro, Mag-aaral, Magulang/ Tagapag-alaga, at/o Administrador na nakatuon sa paglabag sa inaasahan, sanhi ng pag-uugali, at diskarte upang maiwasan ang pag-ulit<br>• Inirerekumenda ang pagtugon na nagtuturo, nagwawasto, o nagpapanumbalik sa dati (tingnan ang Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina )<br>• Detensyon – tanghalian, bago ng klase, pagkatapos ng klase, o Sabado<br>• Suspensyon sa paaralan para sa pagbuo ng kasanayan, pagsususpinde sa labas ng paaralan, o kumbinasyong suspensyon sa loob ng paaralan at sa labas ng paaralan na hanggang tatlong araw<br>- Ang mga pagsususpinde sa labas ng paaralan at sa loob ng paaralan na itinalaga sa 4-9 na pag-uugali ay dapat aprubahan ng Network Chief o itinalaga. Para sa mga paaralang Distrito na walang pangangasiwa ng Network, ang mga pag-apruba ay dapat gawin ng Office of Network Support.<br>- Ang mga suspensyon sa labas ng paaralannang tatlong araw o mas mababa ay maaari lamang gamitin kung ang patuloy na presensya ng mag-aaral sa paaralan ay magdudulot ng banta sa kaligtasan o isang pagkagambala sa mga pagkakataon sa pag-aaral ng ibang mga mag-aaral |

| | |
|---|---|
| *4-11 Pagpasok nang walang pahintulot sa ari-arian ng CPS – pagpasok sa teritoryo ng CPS kapag dati nang ipinagbabawal o nanatili sa bakuran ng paaralan pagkatapos makatanggap ng kahilingang umalis<br>*4-12 Alam o sinasadyang paggamit ng network ng CPS o mga information technology device upang maikalat ang mga virus sa network ng CPS [21]<br>4-13 Pagtaglay ng anumang mapanganib na bagay gaya ng tinukoy ng SCC na ito, unang idinokumentong pag-uugali (tingnan ang Sangguniang Gabay)[22]<br>*4-14 Ang paggamit o pagtataglay ng alak, droga, kinokontrol na substance, mga "kamukha" ng naturang substance, kontrabando (kabilang ang lahat ng device na naglalaman ng substance para sa layunin ng pagkalango o anumang hindi kilalang substance), o paggamit ng anumang iba pang substance para sa layunin ng pagkalasing o pagkalango sa o bago ng klase o sa isang kaganapang nauugnay sa paaralan.[23]<br>4-15 Ang pagsisimula o pakikilahok sa hindi naaangkop na pisikal na kontak sa mga kawani ng paaralan, tulad ng panunulak sa mga kawani ng paaralan upang pisikal na makipag-away sa ibang mag-aaral, na walang intensyong saktan ang kawani ng paaralan<br>4-16 Mga boluntaryong pakikipagtalik o boluntaryong pakikipag-usap na sekswall sa pagitan ng mga mag-aaral na nagaganap sa ari-arian ng CPS o sa mga aktibidad na inii-sponsor ng CPS. Kabilang dito ang anumang boluntaryong pagkilos na kinabibilangan ng kontak sa ari, kabilang ang paghimas, digital na penetration, pakikipagtalik, oral sex, o pagpapadala ng mga tahasang sekswal na mensahe o email.[24] | |

[19] Ang paglabag na ito ay maaaring isagawa nang hindi aktwal na hinahawakan, tinatamaan o sinasaktan ang ibang tao.

[20] Hindi maling pag-uugali ang depensahan ang sarili gaya ng nakasaad sa batas.

[21] Ang mga mag-aaral ay maaaring pansamantalang masuspinde mula sa ilan o lahat ng pribilehiyo ng network ng CPS para sa hindi wastong paggamit ng mga information technology device kapag naitatag na ang pag-uugali ay nagresulta sa isang hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung ang access ng ibang mga mag-aaral sa pag-aaral ay nagambala. Ang mga pribilehiyo sa network ng CPS ay ibabalik sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang mga naaangkop na plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na maaari.

[22] Ang pangalawa o paulit-ulit na paglabag sa Pag-uugaling 4-13 ay maaaring magresulta sa isang kahilingan para sa pagdinig sa pagpapatalsik at dapat isumite bilang Pag-uugaling 5-11.

[23] Pag-isipang i-refer ang mga mag-aaral na lumalabag sa 4-14 para sa isang programa sa pag-iwas sa paggamit ng droga o alak, o counseling.

[24] Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX.

## Group 5 – Mga Pinakamalubhang Nakagagambalang Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang)

| **PINAKAMALUBHANG NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI**<br>*** Ang mga pag-uugali na may markang asterisk ay nagpapahiwatig na ang maling pag-uugali ay maaaring isang paglabag sa batas.** | **MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT KAHIHINATNAN (Dapat subukan muna ang mga naaangkop na interbensyon at kahihinatnan na hindi nagbubukod sa mag-aaral mula sa kanilang regular na iskedyul ng edukasyon.)** |
|---|---|
| *5-1 Isang pagtatangka o makatwirang banta na magdulot ng pinsala sa isang tao na may pagpapakita ng puwersa na magiging sanhi ng pag-asa ng biktima na magkakaroon ng isang agarang hindi ninanais na pisikal na kontak nang walang pahintulot o legal na katwiran na ginawa gamit ang isang nakamamatay na sandata, ng isang taong nagtatago ng kanilang pagkakakilanlan, o laban sa (mga) kawani ng paaralan[25]<br><br>*5-2 Alam at walang awtoridad na pumasok o manatili sa isang gusali o sasakyan na may layuning magnakaw doon<br><br>*5-3 Pagnanakaw (pagkuha o paggamit ng hindi awtorisadong kontrol sa) o pagmamay-ari (pisikal na kontrol sa, kabilang ang mga damit, locker, o mga bag) ng ninakaw na ari-arian na nagkakahalaga ng higit sa $150<br><br>*5-4 Paggamit ng pananakot, kapani-paniwalang banta ng karahasan, pamimilit, paniniktik, o patuloy na matinding diskriminasyon, pag-uugaling nakabatay sa pagkiling, pambu-bully, karahasan sa pakikipagtipan, o karahasan sa tahanan.[26] Ang pananakot ay pag-uugali na pumipigil o humihikayat sa ibang mag-aaral na gamitin ang kanilang karapatan sa edukasyon, o paggamit ng puwersa laban sa mga mag-aaral, mga kawani ng paaralan at mga bisita ng paaralan, kabilang ang mga matinding gawa ng paghihiganti para sa pag-uulat ng hindi sekswal na pag-uugali na kinabibilangan ng pananakot, kapani-paniwalang banta ng karahasan, pamimilit, paniniktik, o patuloy na matinding diskriminasyon, pag-uugaling nakabatay sa pagkiling, o pambu-bully. Para sa malubhang pag-uugali na nakabatay sa pagkiling, tingnan ang Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling bago magtalaga ng interbensyon o kahihinatnan.[27]<br><br>5-5 [sinasadyang iwanang blangko ang code na ito]<br><br>*5-6 Gang activity o hayagang pagpapakita ng pagiging kasapi ng gang[28]<br><br>*5-7 Hindi naaangkop na sekswal na pag-uugali, kabilang ang hindi kanais-nais na pakikipagtalik, malaswang paglalantad, at paggawa at/o pagpapadala ng mga imahe at recording na may sekswal na pagpapahiwatig sa pamamagitan ng anumang device o medium[29] | • Nakadokumentong Kumperensya ng Guro, Mag-aaral, Magulang/Tagapag-alaga, at/o Administrador na nakatuon sa paglabag sa inaasahan, sanhi ng pag-uugali, at diskarte upang maiwasan ang pag-ulit<br><br>• Inirerekumenda ang pagtugon na nagtuturo, nagwawasto, o nagpapanumbalik sa dati (tingnan ang Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina )<br><br>• Detensyon – tanghalian, bago ng klase, pagkatapos ng klase, o Sabado<br><br>• Kahilingan para sa pagtatalaga sa isang programang interbensyon ng Chief Executive Officer o itinalaga<br><br>• Pagsususpinde sa loob ng paaralan para sa pagbuo ng kasanayan, pagsususpinde sa labas ng paaralan, o kumbinasyong suspensyon sa loob at labas ng paaralan nang hanggang limang araw. Kapag itinalaga ang pagsususpinde, gumawa ng plano para maiwasan ang mga insidente ng pag-uugali sa hinaharap, pagpapanumbalik ng mga relasyon, at pagtugon sa mga pangangailangan ng mag-aaral.<br><br>- Ang mga suspensyon sa labas ng paaralan na hanggang tatlong araw o mas mababa ay maaari ***lamang*** gamitin kung ang patuloy na presensya ng mag-aaral sa paaralan ay magdudulot ng banta sa kaligtasan o isang pagkagambala sa mga pagkakataon sa pag-aaral ng ibang mga mag-aaral |

| | | |
|---|---|---|
| *5-8 | Pagsali sa o pagtatangka sa anumang di-umano'y ilegal na pag-uugali na nakagagambala sa proseso ng edukasyon ng paaralan at hindi nakalista sa Group 5 o 6 | - Ang mga suspensyon sa labas ng paaralan na mas mahaba kaysa sa tatlong araw ay maaari lamang gamitin kung ang iba pang naaangkop at magagamit na mga interbensyon sa pag-uugali at pagdidisiplina ay naubos na at ang patuloy na pagpasok ng mag-aaral sa paaralan ay maaaring (i) magdulot ng banta sa kaligtasan ng ibang mga mag-aaral, kawani, o mga miyembro ng komunidad ng paaralan o (ii) lubos na nakagagambala, nakahahadlang, o nakakasagabal sa pagpapatakbo ng paaralan.<br><br>- Ang mga pagsususpinde sa labas ng paaralan at sa loob ng paaralan na itinalaga sa pag-uugaling 5-8 ay dapat aprubahan ng Network Chief o itinalaga. Para sa mga paaralang Distrito na walang pangangasiwa ng Network, ang mga pag-apruba ay dapat gawin ng Office of Network Support. |
| *5-9 | Patuloy o matitinding gawain ng panliligalig na nakabatay sa kasarian – hindi kanais-nais na sekswal o nakabatay sa kasarian na pag-uugali (pisikal man, pasalita, o elektroniko), o paghihiganti laban sa sinumang tao dahil sa ginawang reklamo o pag-ulat ng maling pag-uugaling sekswal, na sapat na malubha, malaganap, talagang nakakasakit ng damdamin, at/o patuloy na nililimitahan ang kakayahan ng isang mag-aaral na lumahok o makinabang mula sa programang pang-edukasyon o na lumilikha ng masama o mapang-abusong kapaligiran sa paaralan[30] | |
| *5-10 | Maling pag-activate ng alarma sa sunog na naging sanhi ng paglikas ng pasilidad ng paaralan o naging sanhi ng pag-abiso sa mga serbisyong pang-emerhensya | |
| 5-11 | Pangalawa o paulit-ulit na paglabag sa Pag-uugaling 4-13, pagtataglay ng anumang mapanganib na bagay gaya ng tinukoy sa SCC na ito | |
| *5-12 | Ang hindi ninanais na pisikal na kontak sa ibang tao nang walang legal na katwiran o pagtulong o pagsama sa pagsagawa ng pag-uugaling ito na nagreresulta sa pisikal na pinsala.[31] | |
| 5-13 | [sinasadyang iwanang blangko ang code na ito] | |

[25] *Ang paglabag na ito ay maaaring isagawa nang hindi aktwal na hinahawakan, tinatamaan o sinasaktan ang ibang tao.*

[26] *Tingnan ang buong kahulugan ng Karahasan sa Pakikipagtipan at Karahasan sa Tahanan sa ilalim ng Mga Espesyal na Tala sa simula ng seksyong ito ng patakaran.*

[27] *Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX. Ang isang buong kahulugan ng mga protektadong kategorya ay makikita sa Patakaran sa Pagtugon sa Pambu-bully at Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling.*

[28] *Ang isang gang ay anumang patuloy na organisasyon o grupo ng tatlo o higit pang mga tao na isa sa mga pangunahing aktibidad nito ay ang paggawa ng isa o higit pang mga kriminal na gawain, na may nakikilalang pangalan o palatandaan o simbolo, at ang mga miyembro ay indibidwal o sama-samang nakikibahagi o nakibahagi sa isang pattern ng kriminal na aktibidad. Ang gang activity ay tumutukoy sa anumang kilos (hal., pag-recruit gamit ang pananakot, pag-tag o pagmamarka, pag-atake, pambubugbog, pagnanakaw, pagpasok sa loob ng ari-arian, o pangingikil) na ginawa ng isang miyembro ng gang o sa ngalan ng gang, at nilayon na isulong ang isang karaniwang kriminal na tunguhin. Ang hayagang pagpapakita ng pagiging kasapi sa isang gang ay nangangahulugang anumang kilos (hal., pagsusuot ng damit o kagamitan, pagpapakita ng mga palatandaan, simbolo, at senyales ng gang) na nagpapahiwatig o nagpapakita ng kaugnayan sa gang. Ang gang activity at ang hayagang pagpapakita ng pagiging kasapi ng gang ay maaaring ipahiwatig mula sa katangian ng mga kilos at mga pangyayari na nakapalibot sa maling pag-uugali. Pag-isipang i-refer ang mga mag-aaral na gumawa ng pag-uugaling 5-6 sa isang programa ng interbensyon sa gang sa isang organisasyong nakabase sa komunidad.*

[29] *Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX.*

[30] *Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX.*

[31] *Hindi maling pag-uugali ang depensahan ang sarili gaya ng nakasaad sa batas.*

## Group 5 – Mga Pinakamalubhang Nakagagambalang Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang) (ipinagpapatuloy)

| **PINAKAMALUBHANG NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI**<br>*** Ang mga pag-uugali na may markang asterisk ay nagpapahiwatig na ang maling pag-uugali ay maaaring isang paglabag sa batas.** | **MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT KAHIHINATNAN (Dapat subukan muna ang mga naaangkop na interbensyon at kahihinatnan na hindi nagbubukod sa mag-aaral mula sa kanilang regular na iskedyul ng edukasyon.)** |
|---|---|
| *5-14 Ang paggamit ng anumang computer, kabilang ang mga platform sa social media, o paggamit ng anumang information technology device upang magbanta, mang-stalk, manligalig, mambully o kung hindi man ay manakot ng iba. O, ang pag-hack (sinasadyang makakuha ng access sa pamamagitan ng ilegal na paraan o nang walang awtorisasyon) sa network ng CPS upang ma-access ang mga record ng mga mag-aaral o iba pang hindi awtorisadong impormasyon, o upang iwasan ang sistema ng seguridad ng impormasyon[31] [32]<br>*5-15 Sinasadya o malisyosong pagsira o pagpapapangit ng ari-arian) o kriminal na pinsala sa ari-arian na nagreresulta sa pinsalang lampas sa $500 o na ginawa sa personal na ari-arian ng sinumang kawani ng paaralan<br>5-16 [sinasadyang iwanang blangko ang code na ito]<br>5-17 [sinasadyang iwanang blangko ang code na ito]<br>5-18 [sinasadyang iwanang blangko ang code na ito]<br>*5-19 Pagsali sa isang malaki o magulong grupo ng mga mag-aaral na gumagamit ng dahas upang magdulot ng pinsala sa isang tao o ari-arian, o nagpapatuloy sa matinding paggambala pagkatapos sabihan ng mga kawani ng paaralan o ng Pulisya na huminto | • Maaaring humiling ang punong-guro ng pagdinig sa pagpapatalsik sa kanilang pagpapasya<br>• Para sa mga pag-uugali na kinasasangkutan ng hindi wastong paggamit ng network ng CPS o mga information technology device, binabawi ang mga pribilehiyo sa network nang hanggang dalawang taon |

*[32] Ang isang mag-aaral ay maaaring disiplinahin para sa pag-iwas sa sistema ng seguridad ng impormasyon anuman ang layunin ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay maaaring pansamantalang masuspinde mula sa ilan o lahat ng pribilehiyo ng network ng CPS para sa hindi wastong paggamit ng mga information technology device kapag naitatag na ang pag-uugali ay nagresulta sa isang hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung ang access ng ibang mga mag-aaral sa pag-aaral ay nagambala. Ang mga pribilehiyo sa network ng CPS ay ibabalik sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang mga naaangkop na plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na maaari.*

*[33] Ang mga pag-uugaling naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian o iba pang mga protektadong kategorya ay dapat iulat sa Office of Student Protections and Title IX.*

## Group 6 – Mga Ilegal at Pinakamalubhang Nakagagambalang Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang)

| **ILIGAL AT PINAKAMALUBHANG NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI**<br>*** Ang mga gawi na may markang asterisk ay nagpapahiwatig na ang maling pag-uugali ay maaaring isang paglabag sa batas.** | **MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT KAHIHINATNAN (Dapat subukan muna ang mga naaangkop na interbensyon at kahihinatnan na hindi nagbubukod sa mag-aaral mula sa kanilang regular na iskedyul ng edukasyon.)** |
|---|---|
| *6-1 Paggamit, pagmamay-ari, at/o pagtatago ng baril/armas[34]/mapanirang device o iba pang sandata[35] o "kamukhang-kamukha" ng mga armas gaya ng tinukoy sa Sangguniang Gabay, o paggamit ng o nilayong gamitin ang anumang iba pang bagay upang magdulot ng pinsala sa katawan<br>*6-2 Sinasadyang magdulot o magtangkang maging sanhi na hindi gumana ang lahat o isang bahagi ng network ng CPS[36][37]<br>*6-3 Panununog – sadyang pagpinsala, sa pamamagitan ng apoy o paputok, sa isang gusali at/o personal na ari-arian ng iba<br>*6-4 Pagbabanta ng bomba – hindi totoong pagpapahiwatig na ang isang bomba, o iba pang pampasabog sa anumang katanigan, ay nakatago sa isang lugar na maglalagay sa panganib sa buhay ng tao kung isasaaktibo.<br>*6-5 Pagnanakaw – pagkuha ng personal na ari-arian na pagmamay-ari ng iba sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa o sa pamamagitan ng pagbabanta sa napipintong paggamit ng dahas<br>*6-6 Pagbebenta, pamamahagi, o layuning magbenta o magpamahagi ng alak, ilegal na droga, narkotiko, kinokontrol na substance, "mga kamukha"[38] ng mga naturang substance, kontrabando[39], o anumang iba pang substance na ginagamit para sa layunin ng pagkalango[40] | • Nakadokumentong Kumperensya ng Guro, Mag-aaral, Magulang/Tagapag-alaga, at/o Administrador na nakatuon sa paglabag sa inaasahan, sanhi ng pag-uugali, at diskarte upang maiwasan ang pag-ulit<br>• Inirerekumenda ang pagtugon na nagtuturo, nagwawasto, o nagpapanumbalik sa dati (tingnan ang Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina )<br>• Detensyon – tanghalian, bago ng klase, pagkatapos ng klase, o Sabado<br>• Kahilingan para sa pagtatalaga sa isang programang interbensyon ng Chief Executive Officer o itinalaga<br>• Pagsususpinde sa loob ng paaralan para sa pagbuo ng kasanayan, pagsususpinde sa labas ng paaralan, o kumbinasyong suspensyon sa loob at labas ng paaralan nang hanggang limang araw. Ang isang mag-aaral ay maaaring masuspinde nang hanggang sampung araw na may nakasulat na pagbibigay-katwiran na isinumite para sa pag-apruba sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral. Kapag itinalaga ang pagsususpinde, gumawa ng plano para maiwasan ang mga insidente ng pag-uugali sa hinaharap, pagpapanumbalik ng mga relasyon, at pagtugon sa mga pangangailangan ng mag-aaral. |

## Group 6 – Mga Ilegal at Pinakamalubhang Nakagagambalang Pag-uugali (Ika-3 hanggang Ika-12 Baitang)

| **ILIGAL AT PINAKAMALUBHANG NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI**<br>*** Ang mga gawi na may markang asterisk ay nagpapahiwatig na ang maling pag-uugali ay maaaring isang paglabag sa batas.** | **MGA MAGAGAMIT NA MGA INTERBENSYON AT KAHIHINATNAN (Dapat subukan muna ang mga naaangkop na interbensyon at kahihinatnan na hindi nagbubukod sa mag-aaral mula sa kanilang regular na iskedyul ng edukasyon.)** |
|---|---|
| *6-7 Mga gawaing pakikipagtalik, at mga pagtatangkang pagtatalik, na nangyayari nang walang boluntaryong paglahok ng isa o higit pang mga partido, na maaaring may kasamang paggamit ng iminumungkahi o ipinahihiwatig na puwersa. Ito ay hindi kanais-nais na paghawak sa mga pribadong bahagi ng katawan ng ibang tao (puwit, singit, suso) para sa layunin ng sekswal na kasiyahan, sapilitan at/o laban sa kalooban ng tao. Kasama rin dito ang hindi kanais-nais na oral, anal o vaginal penetration. Ang sekswal na karahasan ay nangyayari kapag ang isang makatwirang tao ay alam o dapat na alam na ang biktima ay hindi nakisali o hindi kayang makisali nang boluntaryo sa pakikipagtalik[41]*6-8 Ang hindi ninanais na pisikal na kontak sa ibang tao nang walang legal na katwiran na nagdudulot ng malaking pinsala, ay isinagawa gamit ang isang nakamamatay na sandata, ay isinagawa ng isang taong nagtatago ng kanilang pagkakakilanlan, o gamit ang pisikal na puwersa laban sa (mga) kawani ng paaralan. Kabilang dito ang pagtulong at pagsama sa pagsagawa ng pag-uugaling ito.<br>*6-9 Pagpatay – pagpatay sa isang indibidwal nang walang legal na pagbibigay-katwiran<br>*6-10 Tangkang pagpatay – isang pagkilos na bumubuo ng isang malaking hakbang tungo sa nilalayong paggawa ng pagpatay<br>*6-11 Pagkidnap – lihim na pagkulong ng iba na labag sa kanilang kalooban o pagdadala ng iba sa pamamagitan ng puwersa o panlilinlang mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar na may layuning lihim na ikulong/itago ang tao<br>*6-12 Pagnanakaw (pagkuha o paggamit ng hindi awtorisadong kontrol sa) o pagmamay-ari (pisikal na kontrol sa, kabilang ang mga damit, locker, o mga bag) ng ninakaw na ari-arian na nagkakahalaga ng higit sa $1,000 | - Ang mga suspensyon sa labas ng paaralan na tatlong araw o mas mababa ay maaari lamang gamitin kung ang patuloy na presensya ng mag-aaral sa paaralan ay magdudulot ng banta sa kaligtasan o isang pagkagambala sa mga pagkakataon sa pag-aaral ng ibang mga mag-aaral.<br>- Ang mga suspensyon sa labas ng paaralan na mas mahaba kaysa sa tatlong araw ay maaari lamang gamitin kung ang iba pang naaangkop at magagamit na mga interbensyon sa pag-uugali at pagdidisiplina ay naubos na at ang patuloy na pagpasok ng mag-aaral sa paaralan ay maaaring (i) magdulot ng banta sa kaligtasan ng ibang mga mag-aaral, kawani, o mga miyembro ng komunidad ng paaralan o (ii) lubos na nakagagambala, nakahahadlang, o nakasasagabal sa pagpapatakbo ng paaralan.<br>• Para sa mga mag-aaral na nasa ika-anim hanggang ikalabindalawang baitang, o para sa sinumang mag-aaral na lumalabag sa seksyon 6-1, awtomatikong ire-refer sa Pagsusuri ng Paghatol sa Mag-aaral (Student Adjudication Review)<br>• Maaaring humiling ang punong-guro ng pagdinig sa pagpapatalsik sa kanilang pagpapasya<br>• Para sa mga pag-uugaling kinasasangkutan ng hindi wastong paggamit ng network ng CPS o mga information technology device, babawiin ang mga pribilehiyo sa network nang walang katiyakang panahon |

[34] *Kabilang sa terminong "armas/mapanirang aparato" gaya ng tinukoy sa 18 U.S.C. Seksyon 921 ang, ngunit hindi limitado sa, mga baril, rifle, awtomatikong sandata, bomba, o iba pang mga kagamitan sa pagsunog at mga bahagi nito.*

[35] *Kasama sa mga sandata ang anumang bagay na karaniwang ginagamit upang magdulot ng pinsala sa katawan, at/o isang bagay na ginagamit o nilayon na gamitin sa paraang maaaring magdulot ng pinsala sa katawan, kahit na ang normal na paggamit nito ay hindi bilang sandata.*

[36] *Ang isang network ay itinuturing na hindi gumagana kapag ito ay hindi gumagana sa antas ng gamit nito na nilalayon ng mga nagmementina nito.*

[37] *Ang mga mag-aaral ay maaaring pansamantalang masuspinde mula sa ilan o lahat ng mga pribilehiyo ng network ng CPS para sa hindi wastong paggamit ng mga information technologdy device kapag naitatag na ang pag-uugali ay nagresulta sa isang hindi ligtas na kapaligiran sa pag-aaral o kung ang access ng ibang mga mag-aaral sa pag-aaral ay nagambala. Ang mga pribilehiyo sa network ng CPS ay ibabalik sa lalong madaling panahon sa sandaling maisagawa ang mga naaangkop na plano upang matiyak ang patuloy na kaligtasan at access para sa lahat ng mag-aaral sa pinakamalawak na saklaw na maaari.*

[38] *Ang ibig sabihin ng "kamukhang-kamukha" ay anumang substance na dahil sa hitsura, representasyon, o paraan ng pamamahagi ay magdudulot sa isang makatwirang tao na maniwala na ang substance ay isang ilegal na droga o iba pang kinokontrol na substance.*

[39] *Ang ibig sabihin ng kontrabando ay anumang instrumento na ginagamit sa paggawa ng krimen o paglabag, at anumang iba pang bagay, kapag ang pagtataglay ng item na iyon ay lumalabag sa anumang naaangkop na batas, ordinansa ng Lungsod, tuntunin o patakaran ng Lupon o anumang indibidwal na paaralan.*

[40] *Maaaring ipagpalagay na ang isang mag-aaral na nagtataglay ng maraming-maraming alak, ilegal na droga, narkotiko, o kinokontrol na mga substance, o nagtataglay ng maraming indibidwal na nakapaketeng dami ng alak, iligal na droga, narkotiko o kinokontrol na mga substance, ay naglalayong magbenta o maghatid mga substance na ito.  Pag-isipang i-refer ang mga mag-aaral na lumalabag sa pag-uugaling 6-6 para sa programa sa pag-iwas sa pang-aabuso sa alak o droga o counseling.*

[41] *Nasa pagpapasya ng mga punong-guro na suspindihin ang isang mag-aaral nang wala pang limang araw kung ang mag-aaral ay may kapansanan, batay sa edad/baitang ng mag-aaral, o para sa iba pang mabuting layunin na tinukoy ng punong-guro o itinalaga.*

# patakaran sa pagtugon sa pambu-bully at mga pag-uugali na nakabatay sa pagkiling

## Layunin

Napag-alaman ng General Assembly ng Illinois na ang isang ligtas at sibil na kapaligiran ng paaralan ay kinakailangan para matuto at magkaroon ng pagkamit ang mga mag-aaral. Ang pambu-bully at mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling ay direktang salungat dito at maaaring magdulot ng pisikal, sikolohikal, at emosyonal at na pinsala sa mga mag-aaral at nakakasagabal sa kanilang kakayahan na matuto at makilahok sa mga aktibidad ng paaralan. Layunin ng Chicago Board of Education ("Lupon") na lumikha ng isang kapaligiran sa pag-aaral sa lahat ng komunidad ng paaralan nito kung saan ang lahat ng mag-aaral ay nakadarama ng kaligtasan at na sila ay suportado, protektado mula sa pananakot at pinsalang dahil sa pagkiling, at kayang magtagumpay sa akademya pati na rin ang umunlad sa panlipunan at emosyonal na aspeto upang maging responsable at mapagmalasakit na mga indibidwal.

Hinihiling ng Lupon sa bawat mag-aaral ng Chicago Public School ("CPS"), na may suporta ng kanilang (mga) magulang, (mga) tagapag-alaga, at mga nasa hustong gulang sa paaralan, na manindigan sa mga sumusunod na prinsipyo, na ilalapat sa lahat ng nasa ari-arian ng paaralan at sa mga aktibidad na nauugnay sa paaralan:

- Hindi ko mambu-bully o sadyang mananakit ng iba.
- Susubukan kong tulungan ang sinumang pinaghihinalaan ko na binu-bully o sinasaktan.
- Sisikapin kong isama ang mga mag-aaral na pakiramdam nila ay hindi sila kabilang.
- Kung may binu-bully o sinasaktan, sasabihin ko sa isang nasa hustong gulang sa paaralan at sa isang nasa hustong gulang sa bahay.

## Saklaw

Ang pambu-bully at mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling ay salungat sa ilang batas at regulasyon ng lokal, estado, at pederal. Pinoprotektahan ng Patakaran na ito ang mga mag-aaral ng CPS laban sa pinsala mula sa pambu-bully at mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling. Kinikilala ng Lupon ang ilang protektadong kategorya sa Panghuli at Komprehensibong Patakaran sa Hindi Pagdidiskrimina (Final Comprehensive Nondiscrimination Policy) nito. Pakitingnan ang seksyon ng kahulugan sa ibaba o sa Patakaran ng CPS sa Hindi Pagdidiskrimina para sa buong listahan ng mga protektadong kategorya. Bukod pa rito, kinikilala ng Lupon ang partikular na kahinaan ng mga mag-aaral na may aktwal o pinaghihinalaang mga kapansanan at ang mga taong tinutukoy ang sarili bilang o pinaniniwalaang tomboy, bakla, bisexual, o transgender. Wala sa Patakaran na ito ang nilalayong lumabag sa anumang pagpapahayag na protektado ng Unang Susog sa Konstitusyon ng Estados Unidos (First Amendment to the United States Constitution) o Seksyon 3 ng Artikulo I ng Konstitusyon ng Illinois.

Ang Patakarang ito ay batay sa pakikipag-ugnayan ng isang hanay ng mga stakeholder ng paaralan, kabilang ang mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga. Muling susuriin ng Lupon o ng itinalaga nito ang Patakarang ito kada dalawang (2) taon batay sa isang pagtatasa ng mga kinalabasan at pagiging epektibo nito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga salik tulad ng dalas ng pambibiktima; mga obserbasyon ng mag-aaral, kawani at pamilya sa kaligtasan sa paaralan; pagtukoy sa mga lugar ng isang paaralan kung saan nangyayari ang pambu-bully o mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling; mga ginagamit na uri ng pambu-bully o mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling; at pamamagitan o

pakikilahok ng isang tagamasid. Ang impormasyong nabuo ay gagawing available sa website ng Distrito.

Ipinagbabawal ang pambu-bully at mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at itinuturing na isang paglabag ng Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral ng CPS at napapailalim sa pagdidisiplina:

1) sa anumang programa o aktibidad na ini-isponsor ng paaralan o pinapahintulutan ng paaralan;

2) sa paaralan, sa ari-arian ng paaralan, sa mga school bus o iba pang transportasyong inilalaan ng Lupon, at sa mga itinalagang lokasyon kung saan maghihintay ng mga bus at iba pang transportasyong inilalaan ng Lupon ("mga bus stop") ang mga mag-aaral;

3) sa pamamagitan ng paghahatid ng impormasyon mula sa isang CPS computer o computer network, o iba pang elektronikong kagamitan sa paaralan;

4) kapag ipinaalam sa pamamagitan ng anumang elektronikong teknolohiya o personal na elektronikong kagamitan habang nasa pag-aari ng paaralan, sa mga school bus o iba pang transportasyong inilalaan ng Lupon, sa mga hintuan ng bus, at sa mga kaganapan o aktibidad na ini-isponsor o pinapahintulutan ng paaralan;

5) kapag ipinarating na ang isang banta ay isasagawa sa paaralan, kabilang ang mga banta na ginawa sa labas ng oras ng klase na may layuning isagawa ang mga ito sa anumang programa o aktibidad na nauugnay sa paaralan o ini-isponsor nito o sa transportasyon na inilaan ng Lupon;

6) kapag ito ay isang Student Code of Conduct (“SCC”) Group 5 o 6 na pag-uugali na nangyayari sa labas ng campus ngunit pinakamalubhang nakagagambala sa edukasyon ng sinumang mag-aaral.

### Mga Kahulugan

**Ang “Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling”** ay anumang pisikal, pasalita, hindi pasalita, o iba pang kilos o pag-uugali, kabilang ang mga komunikasyong ginawa nang nakasulat o sa elektronikong paraan, na nakadirekta sa isang miyembro o pinaghihinalaang miyembro ng isang protektadong kategorya sa loob ng komunidad ng paaralan na may katangiang nandidiskrimina o nakakapinsala.

**Ang ibig sabihin ng “pambu-bully”** ay anumang pisikal o berbal na kilos o pag-uugali, kabilang ang mga komunikasyong ginawa sa pamamagitan ng sulat o elektronikong paraan, na nakadirekta sa isang mag-aaral o mga mag-aaral, at nakakatugon sa lahat ng sumusunod na pamantayan. *Tandaan: kung ang pag-uugali o bahagi ng pag-uugali ay nakabatay sa pagkiling o naka-target sa isang miyembro ng isang protektadong kategorya, pakitingnan ang pagtugon sa mga patnubay sa mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling.*

1) Umiiral ang isang naobserbahan o pinaniniwalaan na kawalan ng balanse ng kapangyarihan sa pagitan ng (mga) taong nakikibahagi sa (mga) pag-uugali na pambu-bully at (mga) target na mag-aaral.

2) Ang mga pag-uugali ay malala o malaganap (paulit-ulit sa paglipas ng panahon), o may mataas na posibilidad na maulit ang mga pag-uugali. Bagama't ang pambu-bully ay kadalasang nailalarawan sa pamamagitan ng paulit-ulit na mga gawa, kung minsan ang isang insidente ay maituturing na pambu-bully depende sa kalubhaan at kung may iba pang elemento ng pambu-bully.

3) Ang layunin ng (mga) tao na nakikibahagi sa pag-uugali ay magdulot ng pisikal o emosyonal na pinsala sa (mga) target na mag-aaral.

4) Ang pag-uugali ay may o maaaring makatwirang asahan na magkaroon ng isa o higit pa sa mga sumusunod na epekto:

a) paglalagay sa mag-aaral sa makatwirang takot na mapinsala ang kanyang katawan o ari-arian;

b) nagdudulot ng malaking masamang epekto sa pisikal o pangkaisipang kalusugan ng mag-aaral;

c) makabuluhang nakasasagabal sa akademikong pagganap ng mag-aaral; o

d) makabuluhang nakasasagabal sa kakayahan ng mag-aaral na lumahok o makinabang mula sa mga serbisyo, aktibidad, o pribilehiyong ibinibigay ng isang paaralan.

Ang pambu-bully ay maaaring may iba't ibang anyo, kabilang ang, nang hindi nalilimita rito, isa o higit pa sa mga sumusunod: panliligalig, pagbabanta, pananakot, paniniktik, pisikal na karahasan, sekswal na panliligalig, sekswal na karahasan, pagnanakaw, pamamahiya sa publiko, pagsira ng ari-arian, o paghihiganti para sa paggigiit o pagpaparatang ng isang pagkilos ng pambu-bully. Ang sadyang paggawa ng mga hindi totoong akusasyon ng pambu-bully ay iimbestigahan at ituturing na pag-uugaling pambu-bully na napapailalim sa pagdidisiplina sa ilalim ng Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral. Ang listahang ito ay nilalayong maging paglalarawan at hindi kumpleto.

**Ang ibig sabihin ng "cyberbullying"** ay ang paggamit ng mga teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon upang mambully. Kasama sa kahulugang ito ang cyberbullying sa pamamagitan ng teknolohiya na hindi pagmamay-ari, inuupahan, o ginagamit ng distrito ng paaralan kapag ang isang administrador o guro ay nakatanggap ng ulat na naganap ang pambu-bully sa pamamagitan ng ganitong paraan. Ang Patakarang ito ay hindi nangangailangan na lagyan ng bantay o subaybayan ng isang distrito o paaralan ang anumang aktibidad, gawain, o programa na hindi nauugnay sa paaralan.

**Ang “diskriminasyon”** ay pagtrato sa isang indibidwal nang hindi kasing-ayos ng pagtrato sa iba dahil sa kanilang aktwal o pinaghihinalaang pagiging miyembro ng isa o higit pa sa mga Protektadong Kategorya.

**Ang "panliligalig"** ay anumang hindi kanais-nais na pasalita, hindi pasalita, biswal, o pisikal na pag-uugali na batay sa aktwal o pinaghihinalaang pagiging miyembro ng isang indibidwal sa isa o higit pa sa mga Protektadong Kategorya, gaya ng tinukoy sa Panghuli at Bagong Komprehensibong Patakaran sa Hindi Pagdidiskrimina, Panliligalig, Sekswal na Panliligalig, Maling Pag-uugaling Sekswal at Paghihiganti, na paulit-ulit, malaganap, o matindi at talagang nakakasakit ng kalooban at hindi makatwiran na nakakasagabal, nakakalimita, o nagtatatwa sa pag-access sa edukasyon o trabaho, mga benepisyo, o mga pagkakataon ng isang indibidwal. Ang hindi kanais-nais na pag-uugali ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pambu-bully, pananakot, mga nakakasakit na biro, pang-iinsulto, mga pagtawag ng kung ano-anong pangalan, pag-atake o pagbabanta, paghipo, pangungutya, panunuya, mga bagay o larawan na nakakasakit ng kalooban, mga mensaheng ipinapadala sa pamamagitan ng email, text o social media, mga sekswal na pagpapahiwatig, mga kahilingan para sa mga sekswal na pabor, pag-uugali ng may sekswal na katangian, o anumang iba pang pag-uugaling nakabatay sa kasarian at sex.

**Ang "Mga Protektadong Kategorya"** ay ang aktwal o pinaghihinalaang sekswal na oryentasyon, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso, at mga kondisyong medikal na nauugnay sa pagbubuntis), lahi o etnisidad (kabilang ang mga istilo ng buhok na dating nauugnay sa lahi, etnisidad, o texture ng buhok, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga nagpoprotektang istilo ng buhok gaya ng mga braid, lock, at twist), pagkakakilanlan ng pangkat etniko, ninuno, nasyonalidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kulay, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, edad, katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan, katayuan sa pag-aasaawa, katayuan ng nakarehistrong pagsasama sa isang tirahan, genetic na impormasyon, pulitikal na paniniwala o kaakibat (hindi nauugnay sa unyon), katayuang militar, hindi maayos na pagkakatanggal sa serbisyo militar, timbang, taas, o batay sa kaugnayan ng isang tao sa isang tao o grupo

na may isa o higit pa sa mga aktuwal o pinaghihinalaang katangiang ito, o anumang iba pang batayan na protektado ng batas, ordinansa, o regulasyon ng pederal (kabilang ang Titulo VI, Titulo IX, IDEA, at 504), estado o lokal.

**Ang ibig sabihin ng "peer conflict"** ay mga hindi pagkakasundo at salungatan sa pakikipag-ugnayan na ayon sa sitwasyon, agaran, at angkop sa pag-unlad. Lumilitaw ang mga salungatan kapag ang dalawa o higit pang mga mag-aaral na may halos magkatulad na naobserbahan o pinaghihinalaang kapangyarihan ay may mga pagkakaiba sa opinyon o pananaw. Kapag alam ng mga empleyado ng paaralan ang salungatan ng mga magkakasama o magkakamag-aral, inaasahang gagabayan nila ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga bagong kasanayan sa magalang na komunikasyon, personal na mga hangganan, at mapayapang paglutas ng salungatan.

**Ang "Diskriminasyon sa Lahi"** ay anumang pagkakaiba, pagbubukod, paghihigpit, kagustuhan o masamang gawa batay sa lahi, kulay, komunidad, pinagmulang bansa o etniko na may epekto ng pagpapawalang-bisa o pagsira sa pagkilala, kasiyahan o paggamit, ng isang karapatan sa isang patas na edukasyon at mga pangunahing kalayaan sa mga aspetong panlipunan, pang-ekonomiya, kultura, pampulitika, at pang-wika ng buhay sa paaralan, at distrito (Hango mula sa United Nations, 2019).

**Ang ibig sabihin ng "paghihiganti"** ay anumang anyo ng pananakot, paghihiganti, o masamang aksyon o pagbabago sa programa o aktibidad na pang-edukasyon na ginawa laban sa isang mag-aaral dahil sa ginawang reklamo o pag-ulat ng pambu-bully o pag-uugaling nakabatay sa pagkiling ginawa man sa loob o labas ng pederal, estado, o lokal na ahensya, o para sa pakikilahok, pagtulong, o pagtanggi na lumahok sa isang pagsisiyasat, paglilitis, o pagdinig na may kaugnayan sa isang ulat o reklamo ng pambu-bully o pag-uugaling nakabatay sa pagkiling. Ang paghihiganti ay itinuturing na isang uri ng pambu-bully at ipinagbabawal ito ayon sa patakarang ito. Ang lahat ng napapatunayang paratang ng paghihiganti ay napapailalim sa pagdidisiplina sa ilalim ng Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral (Student Code of Conduct).

**Ang "Mga Kasanayan sa Pagpapanumbalik"** ay nangangahulugan na isang continuum ng mga alternatibong nakabatay sa paaralan sa hindi kasamang pagdidisiplina na inangkop sa mga partikular na pangangailangan ng paaralan at komunidad, nag-aambag sa pagpapanatili ng kaligtasan ng paaralan, nagpoprotekta ng integridad ng isang positibo at produktibong kapaligiran sa pag-aaral, nagtuturo sa mga mag-aaral ng mga kasanayang personal at interpersonal na kakailanganin nila para maging matagumpay sa paaralan at lipunan, nagsisilbing bumuo at magpanumbalik ng mga ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral, pamilya, paaralan, at komunidad, at nagbabawas ng posibilidad ng pagkagambala sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbabalanse ng pananagutan na may pag-unawa sa mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali ng mga mag-aaral. Ang mga kasanayan sa pagpapanumbalik (restorative practices) ay mga paraan ng aktibong pagbuo ng mga relasyon at komunidad, pati na rin ang pag-aayos ng komunidad kapag may nagawang pinsala. Pagkatapos ng salungatan o pinsala, ang Restorative Practices ay nagbibigay ng paraan ng pag-iisip, pagtalakay, at pagtugon sa mga isyu at problema sa pamamagitan ng pagsama sa lahat ng kalahok upang talakayin ang kanilang mga damdamin at opinyon, tukuyin kung ano ang nangyari, ilarawan kung paano ito nakaapekto sa lahat, at maghanap ng mga solusyon upang mapabuti ang mga bagay-bagay.

## Pag-iwas sa Pambu-bully at Mga Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling

Lahat ng punong-guro at kawani ng CPS ay dapat magsikap na bumuo ng ligtas at sumusuporta sa mga kapaligiran ng paaralan na pumipigil sa pambu-bully at mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling sa pamamagitan ng:

- **Pagbuo ng mga estratehiya na sumusuporta sa klima ng paaralan**, kabilang ang malinaw na mga inaasahan at pagbabahagi ng mga kasunduan upang gabayan ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral, at sa pagitan ng mga kawani at mag-aaral.
- **Pagtuturo sa lahat ng mag-aaral ng mga kasanayang panlipunan at emosyonal** at pagtatatag ng mga kasanayan sa silid-aralan at sa buong paaralan na nagtataguyod ng pagbuo ng relasyon, kabilang ang pagtuturo sa lahat ng stakeholder ng paaralan na magsalita kapag nakakita o nakarinig sila ng pambu-bully, nanghihiyang pananalita, at pagkiling o hindi magandang palagay.
- Pagtatatag ng mga inaasahang tugon at **epektibong mga kasanayan sa pagdidisiplina** na tumutugon sa ugat, nagtuturo ng mga kasanayan, bumubuo ng empatiya, at nag-aayos ng pinsala. Tiyaking alam ng lahat ng mag-aaral, kawani, at stakeholder kung paano tumutugon ang plano ng iyong paaralan sa pambu-bully at panliligalig.
- Paninindigan sa mga malugod na tumatanggap at inklusibong mga kasanayan na nakasentro sa pagiging kabilang, nagpapatunay ng mga pagkakaiba sa kultura, at tumutugon at sumusuporta sa pagbabago ng pinsalang nakabatay sa pagkiling

## Pagtugon sa Mga Paratang ng Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling

### Panghihimasok upang Matugunan ang Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling

Ang mga kawaning nakabase sa paaralan na nakasaksi o nakakaalam ng mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling ay dapat na gawin agad ang mga sumusunod na hakbang:

1) Itatag ang kaligtasan ng lahat ng kasangkot. Tandaan: Kung may alalahanin tungkol sa pangangailangang isangkot ang tagapagpatupad ng batas, mangyaring tingnan ang seksyong Pag-abiso sa Pulisya sa SCC.
2) Batikusin ang pag-uugaling nakabatay sa pagkiling bilang hindi katanggap-tanggap sa mga pinahahalagahan ng Chicago Public Schools pati na rin pagiging salungat sa patakaran ng lupon.
3) Abisuhan ang CPS Office of Student Protections (OSP).

### Pag-uulat ng Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling

Ang mga kawani na nakabase sa paaralan na nakasaksi o nakakaalam ng mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling ay dapat mag-ulat ng anuman at lahat ng pagkakataon ng mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling sa punong-guro na dapat magkumpleto ng isang Aspen Report at sagutin ang tanong tungkol sa pinsalang nakabatay sa pagkiling.

Ang mga mag-aaral na nakakaranas o nakasaksi ng mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling ay dapat iulat ito sa isang kawani na nakabase sa paaralan. Bilang kahalili, ang mga mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ay maaaring direktang gumawa ng mga ulat sa Office of Student Protections and Title IX sa mga sumusunod na paraan:

- Online: Kumpletuhin at magsumite ng form ng reklamo na matatagpuan sa cps.edu/osp
- Sa pamamagitan ng Email: Magsumite ng mga reklamo sa osp@cps.edu.
- Sa pamamagitan ng Telepono: Magsumite ng mga reklamo sa 773-535-4400.
- Sa Personal o Sa Pamamagitan ng Koreo: Direktang magsumite ng mga reklamo sa OSP nang personal o sa pamamagitan ng USPS mail sa 110 N. Paulina St., Chicago, 60612.

### Mga Hakbang para sa Pagsisiyasat sa Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling

Pakitandaan na mahalagang sundin ang mga hakbang na ito: gayundin ang sumangguni sa Komprehensibong Gabay ng OSP sa Mga Pagsisiyasat na Nakabase sa Paaralan, na kinabibilangan ng komprehensibong pangkalahatang-ideya ng Tugon ng Distrito ng CPS sa Pag-uugaling Nakabatay sa Pagkiling gayundin ang isang dokumento ng kawani na nakabase sa paaralan. Makikita ang link sa **cps.edu/osp**.

1) Itatag ang kasalukuyang kaligtasan ng lahat ng kasangkot pati na rin ang plano para sa patuloy na kaligtasan sa proseso.
2) Ipaalam sa mga magulang/tagapag-alaga ang lahat ng kasangkot na mag-aaral.
    a) Sa loob ng isang araw ng eskuwela pagkatapos matanggap ang isang ulat ng pag-uugaling nakabatay sa pagkiling, iuulat ng Punong Guro o Itinalaga ng Punong Guro sa magulang/legal na tagapag-alaga ng lahat ng kasangkot na mag-aaral ang naganap na anumang di-umano'y insidente ng pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at sundin ang mga alituntuning ibinigay sa Mga Protokol sa Pagbabago ng mga Pinsalang Nakabatay sa Pagkiling (Transforming Bias-based Harm Protocols) ng OSP at idodokumento ang mga abisong ito sa information system tungkol sa mga mag-aaral ng Distrito.
        i. Ang mga abiso ay dapat gawin nang pribado sa mga mag-aaral na direktang kasangkot at kanilang mga magulang/tagapag-alaga.
        ii. Kapag ang mga insidente ay may mas malaking epekto sa komunidad ng paaralan, ang Punong Guro o Itinalaga ng Punong Guro ay dapat magbigay ng malinaw na komunikasyon sa mga mag-aaral, kawani, at mga magulang upang itaguyod ang mga inaasahan sa buong paaralan na isang kapaligiran na nakasentro sa pagiging kabilang, paggalang, at pagpapatibay ng pagkakaiba sa kultura.
3) Idokumento ang lahat ng paratang ng mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling
    a) Ang mga kawani na nakabase sa paaralan na nakasaksi o nakaaalam ay dapat mag-ulat ng anuman at lahat ng mga pagkakataon ng mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling sa punong-guro na dapat magkumpleto ng isang Aspen Report at sumagot ng pagsang-ayon sa tanong na may kaugnayan sa pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at nandidiskrimina sa loob ng isang araw ng eskuwela
    b) Kung hindi ma-access ng staff ang Aspen o para sa anumang mga katanungan o tulong, maaaring makipag-ugnayan sa OSP sa 773-535-4400 o osp@cps.edu.
4) Magsagawa ng pagsisiyasat ayon sa panuto ng OSP.
    a) Pagkatapos maabisuhan ang OSP tungkol sa pag-uugali na nakabatay sa pagkiling sa pamamagitan ng ASPEN o isang direktang ulat, susuriin ng OSP ang ulat, tutukuyin kung ito ay tatanggapin bilang isang pagsisiyasat, at kung naaangkop, ang uri ng pagsisiyasat pati na rin ang pagbibigay ng gabay para sa suporta sa mag-aaral:
        i. **Pagsisiyasat ng OSP:** Para sa malubha, masalimuot, o malaganap na mga insidente/mga isyu sa karapatang sibil, itatalaga ang isang imbestigador ng OSP upang mag-imbestiga sa insidente. Ang isang imbestigador ng OSP ay tutugon sa paaralan sa desisyon ng OSP na buksan ang ulat para sa pagsisiyasat ng OSP. Kakailanganin ng imbestigador ng OSP ang access sa Kinatawan ng Paaralan ng Proteksyon ng Mag-aaral (Student Protections School Representative), access sa lahat ng partido/mag-aaral na kasangkot, isang pribadong lokasyon para sa mga panayam, at lahat ng nauugnay na ebidensya at dokumento.
        ii. **Pagsisiyasat na Gagawin sa Paaralan:** Kung sa tingin ng OSP na ang isang pagsisiyasat ay magagawa sa antas ng paaralan, hihilingin ng OSP sa paaralan at sa Kinatawan ng Paaralan para sa Proteksyon sa Mag-aaral na magsagawa ng isang pagsisiyasat na gagawin sa paaralan. Ang mga pagsisiyasat na gagawin sa paaralan ay pinamumunuan ng mga administrador ng paaralan

at/o Mga Kinatawan ng Paaralan para sa Proteksyon sa Mag-aaral. Ang OSP ay magbibigay ng patnubay sa paaralan. Ang isang paaralan ay hindi dapat ***magsagawa ng pagsisiyasat*** maliban kung inatasang gawin ito ng OSP.

iii. **Takdang Panahon ng Resolusyon:** Ang mga pagsisiyasat ay matatapos kaagad kahit na ang ilang mga pagsisiyasat ay tumatagal ng mga linggo o kahit na buwan, depende sa katangian, lawak, at pagiging kumplikado ng mga paratang, pagkakaroon ng mga saksi, pagkakasangkot ng pulisya, atbp.

1. Magsasagawa ang OSP ng may mabuting hangarin na pagsisikap na kumpletuhin ang proseso ng resolusyon, hindi kabilang ang mga apela at pagdidisiplina, sa tamang oras.
2. Ang mga imbestigador na nakabase sa paaralan ay gagawa ng may mabuting hangarin na pagsisikap na kumpletuhin ang proseso ng pagsisiyasat pagkatapos ng kautusan mula sa OSP, hindi kasama ang mga apela, sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo na maaaring palawigin kung kinakailangan para sa naaangkop na dahilan ng administrador ng paaralan na may abiso sa mga partido kung nararapat.

b) Mga Pansuportang Panukala: Sa lahat ng insidente, ang Distrito ay makikipag-ugnayan sa mga paaralan upang mabigyan ang mga partido ng mga pansuportang hakbang na hindi pandisiplina at hindi nagpaparusa na mga indibidwal na serbisyo na inaalok kung naaangkop, kung makatwirang magagamit, at walang bayad o singil.

5) Gumawa ng pagpapasya kung ang paratang ng pag-uugaling nakabatay sa pagkiling ay napatunayan o hindi at ang pagpapasya ng dokumento.

a) Pagsisiyasat ng OSP: Isasaalang-alang ng imbestigador ng OSP kung ang pag-uugali ay kwalipikado bilang isang hindi naaangkop na pag-uugali na nakalista sa SCC at ayon sa mga kahulugang nakalista sa patakarang ito at ang komprehensibong patakaran sa hindi pagdidiskrimina at maghahanda ng nakasulat na pagtukoy sa kinalabasan ng katayuan sa pagpapatunay ng mga kaso. Kung matukoy ng pagsisiyasat na nakibahagi ang isang mag-aaral sa mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at/o iba pang hindi naaangkop na pag-uugali na nakalista sa SCC, isang nakasulat na pagpapasya ng kinalabasan ang ihahanda at ang natuklasan ay ipapaalam sa Punong-Guro/Itinalaga ng paaralan.

b) Pagsisiyasat na Gagawin sa Paaralan: Dapat isaalang-alang ng Punong-Guro/Itinalaga kung nagkakwalipika ang pag-uugali bilang isang hindi naaangkop na pag-uugali na nakalista sa SCC at ayon sa mga kahulugang nakalista sa patakarang ito bilang napatunayan at maghahanda ng nakasulat na pagpapasya ng resulta. Dapat tiyakin ng Punong-Guro/Itinalaga na ang imbestigasyon at mga natuklasan (kung ang iniulat na pag-uugali ay napatunayan o hindi napatunayan) ay nakadokumento sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral.

c) Kung matukoy ng anumang pagsisiyasat na nakilahok ang isang mag-aaral sa mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at/o iba pang hindi naaangkop na pag-uugali na nakalista sa SCC, ang Punong-Guro/Itinalaga ay maghahanda ng Ulat ng Maling Pag-uugali.

6) Ipaalam sa lahat ng kasangkot na partido ang resulta ng imbestigasyon.

a) Pagsisiyasat ng OSP: Sa pagtatapos ng imbestigasyon, maglalabas ang OSP ng mga liham ng kinalabasan sa mga kasangkot na mag-aaral at sa kanilang magulang/legal na tagapag-alaga tungkol sa katayuan ng pagsisiyasat, mga natuklasan, at mga susunod na hakbang kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, potensyal na pagdidisiplina ng Punong-guro para sa mga napatunayang paglabag sa SCC.

b) Pagsisiyasat na Gagawin sa Paaralan: Sa pagtatapos ng pagsisiyasat, ang administrador ng paaralan ay maglalabas ng nakasulat na pagpapasya ng kinalabasan sa lahat ng partido na nagsasaad kung ang pagsisiyasat ay

napatunayan o hindi napatunayan. Kung napatunayan ang kaso, ipapaalam ng administrador ng paaralan ang anumang kahihinatnan alinsunod sa Kodigo ng Pag-uugali ng Mag-aaral (Student Code of Conduct) sa (mga) mag-aaral na natukoy na kasangkot sa mga paglabag sa SCC at sa kanilang mga magulang/tagapag-alaga.

c) Anuman ang magiging resulta ng pagsisiyasat, gagawa ang Distrito ng mga hakbang upang maiwasan ang pag-ulit ng mga pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at nandidiskrimina, gayundin ang lahat ng maling pag-uugali na saklaw dito, at iwawasto ang anumang mga epekto ng diskriminasyon sa lahat ng apektadong partido kung naaangkop.

## Pagtugon sa mga Paratang ng mga Pag-uugaling Pambu-bully

## Panghihimasok upang Matugunan ang Pambu-bully

### A. Mga Responsibilidad ng mga Empleyado at Kontratista ng CPS

Ang lahat ng empleyado at kontratista ng CPS, kabilang ang mga opisyal ng seguridad, kawani ng lunchroom at mga drayber ng bus, na nakasaksi ng mga insidente ng pambu-bully o karahasan sa paaralan o nagtataglay ng maaasahang impormasyon na magdudulot sa isang makatwirang tao na maghinala na ang isang tao ay target ng pambu-bully, ay dapat:

1) makialam kaagad sa paraang naaangkop sa konteksto at nagtitiyak ng kaligtasan ng lahat ng taong sangkot;

2) i-ulat ang insidente ng pambu-bully o paghihiganti sa Punong-Guro/Itinalaga sa lalong madaling panahon na maaari, ngunit sa loob ng 24 na oras, sa CPS Bullying Complaint Form (Kalakip A); at

3) ganap na tumulong sa anumang pagsisiyasat sa insidente at sa pagpapatupad ng anumang planong pangkaligtasan na itinatag ng Punong-Guro/Itinalaga.

### B. Mga Pananagutan ng mga Mag-aaral, Magulang at Tagapag-alaga

Walang mag-aaral na nakasaksi ng pambu-bully ang maaaring manood lang o lumahok sa pambu-bully, sa halip, ay dapat na abisuhan ang isang nasa hustong gulang sa paaralan at isang nasa hustong gulang sa bahay sa lalong madaling panahon na maaari.  Ang sinumang magulang o tagapag-alaga na nakasaksi o naabisuhan ng pambu-bully ay may obligasyon na abisuhan ang Punong-Guro/Itinalaga sa lalong madaling panahon na maaari. Maaaring gumawa ng mga ulat sa sinumang empleyado o kontratista ng CPS nang personal, sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Kalakip A at pagsusumite nito sa Punong-Guro/Itinalaga, sa pamamagitan ng pagtawag sa CPS Parent Support Center sa (773) 553-3772, o sa pamamagitan ng pag-email sa BullyingReport@cps.edu. Ang mga hindi nagpapakilalang pag-uulat ay tatanggapin ng Punong-Guro/Itinalaga. Walang aksyong pandisiplina ang isasagawa batay lang sa ulat mula sa isang taong hindi nagpakilala.

### C. Mga Hakbang para sa Pagsisiyasat sa Mga Ulat ng Pambu-bully

1) **Tiyakin ang kaligtasan.**. Ang Punong-Guro o ang kanilang itinalaga ay magbibigay ng agarang suporta sa sinumang (mga) target na mag-aaral upang matiyak ang kaligtasan. Kung may lantad o ipinahiwatig na mga panganib ng kaligtasan, sundin ang mga hakbang sa CPS Crisis Manual, kabilang ang pag-abiso kaagad sa Sentro ng Kaligtasan ng Mag-aaral (Student Safety Center) ng CPS at sa Network office ng paaralan. Ang mga di-umano'y pag-uugali na naka-target sa kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian ay dapat i-ulat kaagad sa Office of Student Protections and Title IX para sa tulong at suporta: (773) 535-4400.

2) **Ipaalam sa mga magulang/tagapag-alaga ang lahat ng kasangkot na mag-aaral.** Sa loob ng isang araw ng eskuwela pagkatapos matanggap ang ulat ng pambu-bully, ang Pangunahain/Tinalaga ay dapat mag-ulat sa magulang/legal na tagapag-alaga ng lahat

ng kasangkot na mag-aaral, sa pamamagitan ng telepono, personal na kumperensya at/o sulat, tungkol sa naganap na anumang di-umano'y insidente ng pambu-bully, at dapat idokumento ang mga pag-abisong ito sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral.

a) Ang mga pag-abiso ay dapat gawin nang pribado sa mga mag-aaral na direktang kasangkot at sa kanilang mga magulang/legal na tagapag-alaga.

b) Bukod pa rito, kapag ang mga insidente ay may mas malaking epekto sa komunidad ng paaralan, ang Punong-guro/Itinalaga ay dapat magbigay ng malinaw na komunikasyon sa mga mag-aaral, kawani, at mga magulang upang itaguyod ang mga inaasahan sa buong paaralan at isang kapaligiran na may paggalang, at pagiging kabilang.

3) **Idokumento ang lahat ng mga paratang ng pambu-bully**. Sa loob ng dalawang araw ng eskuwela pagkatapos makatanggap ng ulat ng pambu-bully, ididokumento ng Punong-Guro/Itinalaga ang paratang sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral bilang pangkalahatang ulat ng insidente at ididokumento ang lahat ng ginawang pag-abiso.

4) **Magsagawa ng pagsisiyasat.** Ang Punong-guro at/o isang itinalaga, na may kaalaman tungkol sa pag-iwas at interbensyon sa pambu-bully, ay magsasagawa ng imbestigasyon. Para sa gabay, makipag-ugnayan sa Law Department sa (773) 553-1700.

Ang pagsisiyasat sa iniulat na pambu-bully ay dapat simulan sa loob ng 5 araw ng eskuwela pagkatapos matanggap ang isang ulat, na ididokumento sa loob ng ulat ng insidente sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral, at kukumpletuhin sa loob ng 10 araw ng eskuwela, maliban kung magkaloob ang Punong-guro sa isang sulat ng karagdagang 5-araw na pagpapalawig dahil sa mga pangyayaring nagpapagaan ng kalubhaan ng paglabag. Ididokumento ng Punong-guro/Itinalaga ang pagpapalawig sa ulat ng imbestigasyon at aabisuhan ang mga kasangkot na partido.

Kasama sa imbestigasyon ang:

a) Pagtukoy sa lahat ng kasangkot na partido, kabilang ang (mga) mag-aaral na diumano'y kasangkot sa mga pag-uugaling pambu-bully, diumano'y (mga) target at (mga) nagmamasid, gayundin ang sinumang nasa hustong gulang na nakasaksi sa insidente o maaaring may mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol dito.

b) Pagsasagawa ng isang indibidwal na panayam sa isang pribadong setting kasama ang lahat ng kasangkot na partido. Ang diumano'y target ay hindi dapat kapanayamin sa publiko o kasama ang (mga) mag-aaral na diumano'y kasangkot sa pambu-bully.

c) Pagtukoy kung gaano kadalas naganap ang pag-uugali, anumang nakaraang insidente o patuloy na pattern ng pag-uugali, at ang information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral at mga pag-uugali sa edukasyon ng targeted na mag-aaral.

d) Pagtatasa sa mga epekto sa indibidwal at sa buong paaralan ng insidente na may kaugnayan sa kaligtasan.

5) **Gumawa ng pagpapasya kung ang mga paratang ng pambu-bully ay napatunayan o hindi at idokumento ang pagpapasya.** Dapat isaalang-alang ng Punong-guro/Itinalaga kung ang apat na elemento ng kahulugan ng pambu-bully ay natugunan, o kung ang lahat ng apat na elemento ng pambu-bully ay wala, kung ang pag-uugali ay nagkakwalipika bilang isa pang hindi naaangkop na pag-uugali na nakalista sa SCC. Kapag natapos na ang imbestigasyon, dapat tiyakin ng Punong-guro/Itinalaga na ang imbestigasyon at mga natuklasan (kung ang ulat ng pambu-bully ay napatunayan o hindi napatunayan) ay nakadokumento sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral. Kung matukoy ng anumang pagsisiyasat na ang isang mag-aaral na

nakikibahagi sa mga pag-uugaling pambu-bully at/o iba pang hindi naaangkop na pag-uugali na nakalista sa SCC, ang Punong-guro/Itinalaga ay maghahanda ng Ulat sa Maling Pag-uugali.

6) **Ipaalam sa lahat ng kasangkot na partido ang resulta ng imbestigasyon.** Sa loob ng isang araw ng paggawa ng pagpapasya, dapat abisuhan ng Punong-guro/Itinalaga, sa pamamagitan ng sulat, ang mga magulang/legal na tagapag-alaga ng lahat ng mag-aaral na kasangkot sa resulta ng imbestigasyon. Ang mga magulang/legal na tagapag-alaga ng mga mag-aaral na kasali sa pagsisiyasat ay maaaring humiling ng isang personal na pagpupulong sa Punong-guro/Itinalaga upang talakayin ang imbestigasyon, ang mga natuklasan ng imbestigasyon, ang mga aksyon na ginawa upang matugunan ang iniulat na insidente ng pambu-bully, at anumang mga mapagkukunang magagamit sa loob o labas ng paaralan upang matulungan ang mga mag-aaral na matugunan ang mga pinagbabatayan na dahilan ng pambu-bully.

   Kapag nagpapaalam ng mga insidente ng pambu-bully sa magulang/tagapag-alaga ng target na mag-aaral, dapat isaalang-alang ng Punong-guro/Itinalaga kung maaaring gusto ng mag-aaral na panatilihing kumpidensyal ang ilang impormasyon. Halimbawa, kung ang isang mag-aaral ay na-bully pagkatapos umaming siya ay bakla, hindi dapat ibunyag ng Punong-guro/Itinalaga ang oryentasyong sekswal ng mag-aaral sa magulang/tagapag-alaga nang walang pahintulot ng mag-aaral, maliban kung may lehitimong dahilan na nauugnay sa paaralan para gawin ito.

   Kung matukoy ng pagsisiyasat na ang isang mag-aaral ay nakibahagi sa mga pag-uugaling pambu-bully, magbibigay ang Punong-guro/Itinalaga ng Ulat ng Maling Pag-uugali sa magulang/legal na tagapag-alaga ng mag-aaral na nagpakita ng mga pag-uugaling iyon. Maaaring payuhan ng Punong-guro/Itinalaga ang magulang/legal na tagapag-alaga ng ibang kasangkot na mag-aaral na sinunod ang Student Code of Conduct. Maaaring hindi nila abisuhan sila ng mga partikular na kahihinatnan na ipinataw, dahil lalabag iyon sa pagiging kumpidensiyal ng impormasyon sa record ng paaralan na inaatas ng batas.

## D. Pagtukoy ng Angkop na Tugon

Ang layunin ng tugon ay tiyaking ligtas at malugod na tinatanggap ang na-target na mag-aaral, at nauunawaan ng mag-aaral na nagsasagawa ng mga pag-uugaling pambu-bully ang pinsalang idinulot nila at babaguhin ang kanilang pag-uugali. Para sa gabay sa pagtukoy ng naaangkop na tugon, makipag-ugnayan sa Office of Social and Emotional Learning sa (773) 553-1830, o tingnan ang cps.edu/SEL.

1) **Tukuyin ang mga salik sa panganib sa paaralan at tiyakin ang isang unibersal na diskarte para sa pagpapabuti ng kapaligiran ng paaralan at pag-unlad sa pakikipagkapwa-tao at emosyonal.** Suriin at tugunan ang anumang mga isyu sa pangangasiwa, mga inaasahan, pagbuo ng relasyon, at emosyonal na pag-aaral.

2) **Suportahan ang na-target na mag-aaral.** Magtalaga ng mga kawani ng paaralan upang lumikha at magpatupad ng isang plano na magpapanumbalik ng pakiramdam ng kaligtasan para sa na-target na mag-aaral at iba pang mga mag-aaral na naapektuhan. Tukuyin ang anumang iba pang mga interbensyon na maaaring naaangkop.

   Kung ang na-target na mag-aaral ay may kapansanan, ang paaralan ay dapat makipagpulong sa IEP Team upang matukoy kung kailangan ang karagdagan o ibang espesyal na edukasyon o mga kaugnay na serbisyo upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng mag-aaral at baguhin ang IEP nang naaayon. Halimbawa, kung ang kapansanan ng mag-aaral ay nakakaapekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pakikipagkapwa-tao o ginagawang mahina ang mag-aaral sa pambu-bully, hihilingin ng Punong-Guro/Itinalaga sa IEP Team ng mag-aaral na isaalang-alang kung dapat kasama sa IEP ang mga probisyon upang mabawasan ang kahinaan sa pambu-bully.

3) **Tukuyin ang mga interbensyon at/o mga kahihinatnan na tumutugon sa ugat ng mga pag-uugaling pambu-bully ng mga mag-aaral.** Isaalang-alang ang katangian ng pag-uugali, ang edad ng pag-unlad ng mag-aaral, at ang kasaysayan ng mga problema sa pag-uugali at performance ng mag-aaral. Sundin ang Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral (Student Code of Conduct) at ang *Mga Patnubay para sa Epektibong Pagdidisiplina*, at tukuyin ang mga pagkakataong magturo, itaguyod ang empatiya, at ayusin ang pinsala. Bagama't maaaring kailanganin ang mga pagsususpinde sa ilang mga kaso upang matiyak ang kaligtasan ng na-target na mag-aaral, tandaan na ang pagsususpinde o pagpapaalis sa mga mag-aaral na nambu-bully ay hindi nakakabawas sa pag-uugaling pambu-bully.

   Kung ang mag-aaral na nakibahagi sa pag-uugaling pambu-bully ay isang mag-aaral na may kapansanan, dapat makipagpulong ang paaralan sa IEP Team upang matukoy kung ang mga karagdagang suporta at serbisyo ay kailangan upang matugunan ang hindi naaangkop na pag-uugali at mapaunlad ang mga kasanayan sa pakikipagkapwa-tao at emosyonal ng mag-aaral. Maaari ding isaalang-alang ng team na suriin ang kapaligiran kung saan nangyari ang pambu-bully upang matukoy kung nararapat ang mga pagbabago sa kapaligiran. Halimbawa, dapat isaalang-alang ng IEP Team ang isang plano ng interbensyon sa pag-uugali para sa mag-aaral o suriin ang isang kasalukuyang plano ng interbensyon sa pag-uugali at baguhin kung kinakailangan. Ang Punong-guro/Itinalaga ay dapat sumunod sa mga Pananggalang sa Pamamaraan para sa Pagdidisiplina ng mga Mag-aaral na May Kapansanan kapag isinasaalang-alang ang mga interbensyon at kahihinatnan para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan.

Makipag-ugnayan sa Office of Social & Emotional Learning para sa kapaligiran sa buong paaralan at mga gawi sa pagbuo ng kasanayan na pumipigil sa pambu-bully, at sa CPS Law Department para sa higit pang impormasyon tungkol sa naaangkop at legal na mga kahihinatnan para sa maling pag-uugali ng mag-aaral.

4) **Para sa mga insidente na nakakaapekto sa mas malaking komunidad ng paaralan, magbigay ng mga pagkakataon sa ligtas at nakaayos na mga kapaligiran para sa mga apektadong mag-aaral, kawani, at/o mga magulang na magsalita tungkol sa insidente, epekto nito, at kung ano ang kinakailangan upang ayusin ang pinsala.**

### E. Ano ang Hindi Dapat Gawin

- Sabihan ang mag-aaral na nakibahagi sa pambu-bully na humingi ng tawad mula sa na-target na mag-aaral o mag-utos ng pampublikong paghingi ng tawad, gumamit ng mga peace circle, mga kumperensya sa pagitan ng biktima/nagkasala, o anumang paraan ng pamamagitan na gagawa ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mag-aaral na nakibahagi sa pambu-bully at na-target na mag-aaral bilang isang agarang pagtatangka na lutasin ang pambu-bully. Maaaring makatulong ang mga hakbang sa pagpapanumbalik upang ayusin ang mga ugnayan sa pagitan ng mag-aaral na nasangkot sa pambu-bully at na-target na mag-aaral, ngunit kung ginamit lamang pagkatapos mabalanse ng ibang mga interbensyon ang pagkakaiba ng kapangyarihan sa pagitan ng may kasalanan at ng target.
- Balewalain ang pambu-bully bilang karaniwang pag-uugali ng mag-aaral o ipagpalagay na hindi ito seryoso.

## Apela

Ang sinumang partido na hindi nasisiyahan sa kinalabasan ng imbestigasyon ay maaaring mag-apela sa Office of Social and Emotional Learning Student Discipline Support Team sa (773) 553-2249, studentdiscipline@cps.edu, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos maabisuhan ng desisyon ng Punong-guro. Ang Office of Social & Emotional Learning ay magbibigay ng pangwakas na pagpapasya alinsunod sa timeline at mga pamamaraang itinakda sa mga patnubay sa pag-apela laban sa pambu-bully na itinatag ng Office of Social & Emotional Learning. Maaaring ibalik ng Office of Social & Emotional Learning ang insidente sa Network Chief, Punong-Guro o sa kanilang mga itinalaga para sa karagdagang imbestigasyon o muling pagsasaalang-alang sa (mga) kahihinatnan, iutos ang pagpapataw ng iba pang (mga) kahihinatnan, o tanggihan ang apela. Aabisuhan ng Office of Social and Emotional Learning

ang partidong humihiling ng apela at ang Punong-Guro na ang desisyon nito ay pinal at idodokumento ang abiso na iyon sa Ulat ng Insidente sa information system ng Distrito tungkol sa mga mag-aaral.

### Mga kahihinatnan para sa mga Empleyado at Kontratista ng CPS

Kapag natukoy na alam ng isang empleyado o kontratista na may nagaganap na pambu-bully at pag-uugaling nakabatay sa pagkiling, ngunit nabigong iulat ito, ang empleyado/kontratista ay ituturing na lumabag sa Patakarang ito. Dapat isaalang-alang ng Punong-guro ang pagdidisiplina ng empleyado para sa mga naturang paglabag, na tumutukoy sa anumang naaangkop na collective bargaining agreement. Ang mga remedyo para sa mga lumabag na kontratista ay dapat ipataw ayon sa kanilang mga kontrata sa Lupon.

### Paunawa at Pagpapalaganap ng mga Kinakailangan

Dapat sundin ng mga punong-guro ang mga iniaatas na itinatag ng Office of Social & Emotional Learning para sa pag-post ng Patakarang ito sa website ng paaralan, sa gusali ng paaralan pati na rin ang pagpapakalat at pagpapakita ng Patakarang ito sa mga kawani ng paaralan bilang bahagi ng propesyonal na pag-unlad bago magsimula ang taon ng pasukan.

### Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad

#### Tauhan

Iaalok ang propesyonal na pag-unlad upang mabuo ang mga kasanayan ng lahat ng empleyado, kontratista at boluntaryo ng CPS upang ipatupad ang Patakarang ito. Ang nilalaman ng naturang propesyonal na pag-unlad ay kabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

1) Mga diskarte na naaangkop sa pag-unlad upang maiwasan ang mga insidente ng pambu-bully at pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at diskriminasyon at upang mamagitan kaagad at nang epektibo para pigilan ang mga ito;
2) Impormasyon tungkol sa kumplikadong pakikipag-ugnayan at pagkakaiba ng kapangyarihan na maaaring maganap sa pagitan ng may kasalanan, target, at saksi sa pambu-bully at pag-uugaling nakabatay sa pagkiling at diskriminasyon;
3) Saliksikin ang mga natuklasan sa pambu-bully, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga partikular na kategorya ng mga mag-aaral na ipinakitang partikular na nasa panganib, at anumang partikular na interbensyon na maaaring partikular na epektibo para sa pagtugon sa pambu-bully na nakabatay sa pagkiling; at
4) Impormasyon tungkol sa mga isyu sa kaligtasan sa Internet na nauugnay sa cyberbullying.

#### Edukasyon sa Kaligtasan sa Internet ng Mag-aaral

Alinsunod sa Patakaran ng Lupon sa Kaligtasan sa Internet (http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=261), dapat isama ng bawat paaralan sa kurikulum ng paaralan ang isang bahagi sa kaligtasan sa Internet na ituturo kahit isang beses bawat taon ng pasukan sa lahat ng mag-aaral. Tutukuyin ng Punong Opisyal ng Pagtuturo at Pag-aaral o itinalaga, ang saklaw at tagal ng yunit ng pagtuturo na ito at mga paksang tatalakayin. Sa pinakamababa, ang yunit ng pagtuturo ay dapat tumugon sa: (a) kaligtasan sa Internet; (b) naaangkop na pag-uugali habang online, sa mga social media platform at sa mga chat room; at (c) kamalayan at pagtugon sa cyberbullying. Ang yunit ng pagtuturo na naaangkop sa edad ay maaaring isama sa kasalukuyang mga kurso ng pag-aaral na regular na itinuturo. Dapat matugunan ng mga paaralan ang mga kinakailangan sa dokumentasyon na itinatag ng Punong Opisyal ng Pagtuturo at Pag-aaral o itinalaga upang matiyak ang pagsunod sa kinakailangan sa kurikulum na ito.

# kalakip A

## Form ng Mga Pampublikong Paaralan ng Chicago para sa Pag-uulat ng Pambu-bully at Paghihiganti

TANDAAN: Ang taga-ulat ay maaaring manatiling hindi nagpapakilala, ngunit walang pagdidisiplina ang ipapataw batay lamang sa isang ulat na mula sa hindi pinangalanang pinagmulan.

Mangyaring isumite ang ulat na ito sa punong-guro o sinumang miyembro ng kawani ng paaralan. Maaari mo ring tawagan ang Parent Support Center (773 553-3772) o mag-email sa **BullyingReport@cps.edu** upang gumawa ng ulat.

### Impormasyon Tungkol sa Biktima o Target

Paaralan: ____________________________________________________________

(Mga) Pangalan at (mga) baitang ng Biktima/Target:

____________________________________________________________

____________________________________________________________

### Impormasyon sa Pag-uulat (*Opsyonal para sa mga mag-aaral/magulang/tagapag-alaga)

Pangalan at Titulo ng Taong Nag-uulat: ____________________________________________

Relasyon sa Biktima/Target: ______________________________________________

Telepono: ______________________ Email Address: ________________________________

### Impormasyon Tungkol sa Insidente

Pangalan ng (mga) mag-aaral na inakusahan ng pagsasagawa ng mga pag-uugaling pambu-bully O paglalarawan (kung hindi alam ang (mga) pangalan):

____________________________________________________________

Lokasyon ng insidente: ______________________________________________

____________________________________________________________

Petsa at oras ng insidente: ____________________________________________

Tinatayang mga petsa, oras, at dalas ng (mga) naunang insidente: ______________________

Ilarawan kung ano ang nangyari at kung sino ang naroroon nang detalyado hangga't maaari (*Kinakailangan na Impormasyon): ____________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Petsa ng pagsusumite: __________________________

# mga karagdagang mapagkukunan

## MGA PANANGGALANG SA PAMAMARAAN PARA SA PAGDIDISIPLINA NG MGA MAG-AARAL NA MAY KAPANSANAN[43]

**Dapat suportahan ng mga paaralan ang mga pangangailangan sa pag-uugali ng mga mag-aaral na may mga kapansanan.** Kapag ang pag-uugali ng isang mag-aaral na may kapansanan ay humahadlang sa kanilang pag-aaral o sa pagkatuto ng ibang mga mag-aaral, inaatas ng pederal na batas sa mga paaralan na isaalang-alang ang paggamit ng mga positibong interbensyon sa pag-uugali at na ipatupad ang mga naaangkop na suporta at iba pang mga diskarte upang matugunan ang pag-uugali na ito.

**Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan na lumalabag sa SCC ay maaaring madisiplina**, naaayon sa mga pananggalang sa mga pamamaraan na nakabalangkas sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) at Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973. Maaaring suspindihin ng mga opisyal ng paaralan ang mga mag-aaral na may mga kapansanan/kapinsalaan nang hanggang 10 magkakasunod o 10 pinagsama-samang araw ng eskuwela sa isang taon ng pasukan (kabilang ang mga araw ng Extended School Year, ESY). Ang mga serbisyong pang-edukasyon ay hindi kailangang ibigay sa mga mag-aaral na may mga kapansanan sa panahon ng mga panandaliang pagtanggal maliban kung ang mga serbisyo ay ibinibigay sa mga mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon sa ilalim ng katulad na mga kalagayan.

**Pagkalkula ng pagsususpinde sa loob ng 10 araw ng eskuwela.[45]** Kapag ang isang mag-aaral na may kapansanan ay inalis sa paaralan para sa isang buo o bahagyang araw nang hindi natatanggap ang pagtuturo/mga serbisyo sa kanilang IEP/504 Plan, maaari itong maidagdag sa pagsususpinde sa loob ng 10 araw ng eskuwela. Maaaring kabilang dito ang:

- Mga suspensyon sa loob ng paaralan;
- Mga suspensyon sa labas ng paaralan;
- Mga pagsususpinde ng bus; at
- Mga hindi pormal na pagtanggal (hal., paghiling na sunduin ng magulang ang mag-aaral nang maaga o panatilihin ang mag-aaral sa bahay pagkatapos ng eskuwela kasunod ng isang insidente na nangailangan ng pagdidisiplina).

Ang mga sumusunod na pag-alis ay hindi ibinibilang sa 10 araw ng eskuwela:

- Sabado, bago at pagkatapos ng mga detensyon sa paaralan; at
- Mga suspensyon sa loob ng paaralan at mga detensyon sa tanghalian kung, sa panahon ng pagsususpinde o detensyon, ang mag-aaral ay patuloy na nakikilahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, patuloy na tumatanggap ng kanilang mga serbisyo sa IEP, at patuloy na nakikilahok kasama ang mga walang kapansanan na mga kamag-aral sa parehong lawak gaya ng tinukoy sa mga IEP.

[40] *Ang lahat ng mga pananggalang sa pamamaraan na nakapaloob sa SCC at ang Appendix na ito ay pantay na mailalapat sa mga mag-aaral na iyon na may mga §504 plan.*

Ang mga administrador ay hindi kinakailangan na suspindihin ang mga mag-aaral na may mga kapansanan para sa mga inirerekomendang panahon na itinakda sa Kodigo na ito para sa isang insidente. Sa partikular, ang Punong-guro o ang kanilang itinalaga ay may pagpapasya na suspindihin ang mga mag-aaral na may mga kapansanan nang mas kaunting araw kaysa sa itinakda para sa isang insidente. Ang mga pederal na regulasyon ay nag-aalok ng ilang pleksibilidad sa pagsususpinde sa mga mag-aaral na may mga kapansanan na lampas sa 10 araw ng eskuwela sa isang taon ng pasukan sa ilang sitwasyon. Upang matukoy kung pinahihintulutan ng mga pangyayari ang pagsususpinde nang higit sa 10 araw bawat taon ng pasukan, kinakailangang magkonsulta ang paaralan sa Office for Students with Disabilities (773 553-1800). Kung walang pag-apruba mula sa Office for Students with Disabilities, ang mga mag-aaral na may mga kapansanan ay hindi maaaring masuspinde nang higit sa 10 araw ng eskuwela. Hindi maaaring suspindihin ng paaralan ang isang mag-aaral na may kapansanan nang higit sa 10 magkakasunod o pinagsama-samang araw ng eskuwela sa isang taon ng pasukan nang hindi nagbibigay ng naaangkop na mga serbisyong pang-edukasyon alinsunod sa IEP/504 Plan ng Mag-aaral.

Kapag inaasahan ng mga opisyal ng paaralan ang isang referral para sa pagpapatalsik, kabilang ang mga referral na humihiling ng emergency placement alinsunod sa CPS SCC, ang mga sumusunod ay naaangkop:

1) Ang paaralan ay dapat magbigay ng nakasulat na paunawa sa magulang/tagapag-alaga o surrogate parent (itinalaga ng distrito o hukuman na kumatawan sa bata) ng kahilingan para sa isang pagdinig sa pagpapatalsik at ang petsa ng pagpupulong na Manifestation Determination Review (MDR), na dapat isagawa sa loob ng 10 araw ng eskuwela mula sa petsa ng desisyon na humiling ng pagdinig sa pagpapatalsik o emergency placement. Dapat ding magbigay ang paaralan sa magulang/tagapag-alaga/surrogate parent ng nakasulat na kopya ng Paunawa ng mga Pananggalang sa Pamamaraan ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois para sa Mga Magulang/Tagapag-alaga ng mga Mag-aaral na may Kapansanan.

2) Sa MDR, ang IEP/504 team ay dapat:

   A. Tukuyin kung ang maling pag-uugali ay isang palatandaan ng kapansanan ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa lahat ng kasalukuyan at nauugnay na impormasyon sa file ng mag-aaral, kabilang ang IEP/504 Plan ng mag-aaral, mga resulta ng pagsusuri at diagnostics, impormasyon mula sa magulang/tagapag-alaga, at mga obserbasyon ng guro/kawani sa mag-aaral. Ang pag-uugali ay isang palatandaan ng kapansanan ng mag-aaral kung makita ng team ang alinman o pareho sa mga sumusunod:

      1) ang pag-uugali na pinag-uusapan ay sanhi ng kapansanan ng mag-aaral o may direkta at malaking kaugnayan sa kapansanan ng mag-aaral;

      2) ang pag-uugali na pinag-uusapan ay ang direktang resulta ng kabiguan ng paaralan na ipatupad ang IEP/504 Plan ng mag-aaral (na kinabibilangan ng kung ang mag-aaral ay hindi patuloy na nakatanggap ng lahat ng serbisyo/suporta sa kanilang IEP/504 Plan)

   B. Suriin, at rebisahin kung kinakailangan, ang kasalukuyang behavior intervention plan (BIP) ng mag-aaral o bumuo ng functional behavior assessment (FBA) at BIP upang matugunan ang pag-uugali kung saan dinidisiplina ang mag-aaral.

Kung ang pag-uugali ay hindi isang palatandaan ng kapansanan ng mag-aaral, maaaring ilapat ng mga opisyal ng paaralan ang SCC, sa lawak na gagawin nila para sa mga mag-aaral na walang kapansanan, ngunit dapat na patuloy na magbigay sa mag-aaral ng mga serbisyong pang-edukasyon ayon sa kanilang IEP/504 na Plano kung ang pag-alis ay lumampas sa 10 araw ng eskuwela sa isang taon ng pasukan. Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan, kahit na pinatalsik, ay dapat bigyan ng angkop na edukasyon sa isang alternatibong setting na pang-edukasyon.

Kung ang pag-uugali ay isang palatandaan ng kapansanan ng mag-aaral, hindi maaaring mangyari ang pagbabago sa placement (hal., pagpapatalsik) bilang pagdidisiplina. Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan, kahit na pinatalsik, ay dapat bigyan ng angkop na edukasyon sa isang alternatibong setting na pang-edukasyon.

Bagama't ang mga MDR ay dapat isagawa sa loob ng 10 araw ng eskuwela mula sa isang kahilingan para sa emergency placement, ang mga mag-aaral na may mga kapansanan ay maaaring maitalaga nang emerhensya kapag naaprubahan ang emergency placement, kahit na ito ay nangyari bago ang MDR. Ang mga emergency placement para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan ay maaaring maaprubahan sa mga limitadong pagkakataon hanggang sa 45 araw ng eskuwela anuman ang mga resulta ng MDR.

Ang lahat ng MDR ay sasailalim sa pagsusuri ng Office of Students with Disabilities (OSD) at CPS Legal Department.

## SANGGUNIANG GABAY PARA SA GROUP 4, 5, AT 6 NA MGA PAG-UUGALI NA MAY KASANGKOT NA MGA MAPANGANIB NA BAGAY, SANDATA O MGA MUKHANG SANDATA

### SEKSYON 4-13 AT 5-11

Kung ang isang mag-aaral ay mayroon lamang ng alinman sa mga bagay na ito sa kanyang pag-aari, ngunit hindi ginagamit ang mga ito, dapat siyang maitala na lumabag sa Seksyon 4-13 ng SCC para sa isang unang beses na paglabag o 5-11 ng SCC para sa isang pangalawa o naulit na paglabag. *Kung ang isang mag-aaral ay gumagamit, o naglalayong gumamit, ng alinman sa mga bagay na ito upang magdulot ng pinsala sa isang tao, ang mag-aaral ay dapat na maitala na lumabag sa Seksyon 6-1.*

**Mga kutsilyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:**

- Kutsilyo para sa steak o iba pang kutsilyo sa kusina
- Mga pen knife/pocket knife
- Mga kutsilyo sa pangangaso (hunting knife)
- Swiss Army knife
- Mga box cutter
- Mga labaha

**Iba pang mga gamit, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:**

- Mga martilyo
- Mga distornilyador
- Mga lagari
- Mga bareta/Metal na mga tubo
- Iba pang mga bagay na karaniwang ginagamit para sa pagtatayo o pagkukumpuni sa bahay

**Iba pang mga bagay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:**

- Mace/Pepper spray
- Mga live na bala
- Mga basag na bote o iba pang piraso ng salamin
- Mga kahoy na stick/board

### SEKSYON 6-1

Kung ang isang mag-aaral ay may alinman sa mga bagay na ito sa kanyang pag-aari o gumagamit ng alinman sa mga bagay na ito, dapat siyang maitala na lumabag sa Seksyon 6-1 ng SCC.

**Mga armas - kabilang dito ang:**

- Pistolado/Baril
- Baril de bola/Rebolber
- Iba pang armas
- Anumang bahagi ng machine gun o rifle

**Mga kutsilyo - kasama lang dito ang mga sumusunod na uri ng kutsilyo:**

- Mga switchblade na kutsilyo (awtomatikong bumubukas sa pamamagitan ng pagpindot ng button o spring o iba pang aparato sa hawakan ng kutsilyo)

- Mga ballistic na kutsilyo (pinapagana ng isang coil spring, nababanat na materyal, o isang air o gas pump)

**Mga Kagamitan/Gas na Pampasabog - kabilang dito ang:**

- Mga baril na tear gas
- Mga projector bomb
- Nakakalason na likidong gas
- Mga granada
- Iba pang mga sumasabog na bagay

**Iba pang mga bagay - kabilang dito ang:**

- Blackjack
- Tirador
- Sand club
- Sandbag
- Mga bakal/brass na asero
- Throwing stars
- Mga taser/stun gun

**Mga Mukhang Armas - kabilang dito ang:**

- Mga B.B. gun
- Mga air gun
- Iba pang mga bagay, kasama ang "mga laruan" o mga replika na makatwirang kahawig ng mga tunay na armas

## 6-1 ESPESYAL NA PAGSASAALANG-ALANG

Kung ang isang mag-aaral ay mayroon lamang alinman sa mga bagay na ito, o anumang iba pang katulad na bagay sa kanilang katawan, hindi sila dapat itala na lumabag sa SCC. *Kung ang isang mag-aaral ay gumagamit, o naglalayong gumamit, ng alinman sa mga bagay na ito upang manakit ng isang tao, ang mag-aaral ay dapat na maitala na lumabag sa Seksyon 6-1.*

**Kagamitang Pampalakasan (Sporting Equipment) - kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa:**

- Mga baseball bat
- Mga golf club

**Mga Produkto para sa Personal na Pag-aayos - kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa:**

- Mga panggupit ng kuko/nail file
- Mga suklay na may matutulis na hawakan
- Mga sipit/tiyani

**Mga Kagamitan sa Paaralan - kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa:**

- Mga gunting
- Mga laser pointer
- Panulat/Lapis
- Mga panukat
- Mga kandado/De kumbinasyon na kandado
- Iba pang mga bagay na karaniwang ginagamit para sa mga layuning pang-edukasyon

## MGA PATNUBAY SA PAGDINIG SA PAGPAPATALSIK AT EMERHENSYANG PAGTATALAGA

### Kahilingan para sa Pagdinig sa Pagpapatalsik

- Ang pagpapatalsik ay ang pag-alis ng mag-aaral sa paaralan sa loob ng 11 o higit pang magkakasunod na araw, hanggang sa maximum na dalawang taon ng kalendaryo.
- Kung ang hindi naaangkop na pag-uugali ng isang mag-aaral ay napapailalim sa Group 5 ng SCC, maaaring humiling ang isang punong-guro ng paaralan ng pagdinig sa pagpapatalsik para sa mag-aaral. Ang isang punong-guro ng paaralan ay maaari ding humiling ng pagtatalaga sa isang programa ng interbensyon.
- Kung ang hindi naaangkop na pag-uugali ng isang mag-aaral ay napapailalim sa Group 6 ng SCC, ang insidente ay awtomatikong ire-refer para sa pagsusuri ng Department of Student Adjudication para sa isang mag-aaral na nasa ika-6 hanggang ika-12 baitang o para sa sinumang mag-aaral na lumalabag sa seksyon 6-1; maaaring humiling ang isang punong-guro ng paaralan ng pagdinig sa pagpapatalsik para sa isang mag-aaral na nagsasagawa ng anumang iba pang pag-uugali na napapailalim sa Group 6.

- Susuriin ng itinalaga ng CEO ang kahilingan sa pagdinig sa pagpapatalsik at tutukuyin kung ire-refer ang mag-aaral sa Law Department para sa isang pagdinig sa pagpapatalsik, itatalaga ang mag-aaral sa isang programa ng interbensyon, o ire-refer ang mag-aaral pabalik sa paaralan para sa interbensyon/suporta.

### Emerhensyang Pagtatalaga sa Pansamantalang Alternatibong Setting na Pang-edukasyon

- Ang mga mag-aaral na nagsagawa ng mga maling pag-uugali na napapailalim sa Group 5 o 6 ay maaaring italaga sa isang pansamantalang alternatibong setting na pang-edukasyon sa isang emerhensya ("emerhensyang pagtatalaga") habang ang kahilingan para sa pagdinig sa pagpapatalsik ay nakabinbin nang hindi binibigyan ng pagkakataon para sa isang pagdinig sa harap ng isang independiyenteng opisyal ng pagdinig.
- Ang mga kahilingan para sa emerhensyang pagtatalaga ay dapat na maaprubahan, mapadali, at ipatupad ng itinalaga ng CEO. Ang itinalaga ng CEO ay maaaring humiling ng karagdagang impormasyon kapag isinasaalang-alang ang mga kahilingan para sa emerhensyang pagtatalaga.
- Ang mga mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon ay maaaring ilagay sa isang pansamantalang alternatibong setting na pang-edukasyon kung ang kanilang presensya sa kanilang sariling paaralan ay nagdudulot ng patuloy na panganib sa mga tao o ari-arian, o isang patuloy na banta ng pagkagambala sa prosesong akademiko. Ang mag-aaral ay itatalaga sa Safe Schools Alternative Program hanggang sa mailabas ang pinal na pagpapasya sa pagpapatalsik.
- Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan ay maaaring ilagay sa isang pansamantalang alternatibong setting na pang-edukasyon sa pinakamarami na ang 45 araw ng eskuwela, kahit na sa mga pagkakataon kung saan ang maling pag-uugali ng mag-aaral ay natukoy na isang palatandaan ng kanyang kapansanan. Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan ay maaaring i-refer para sa emerhensyang pagtatalaga kapag may hawak na mga sandata o droga, o para sa pagbibigay ng malubhang pinsala sa katawan ng ibang tao habang nasa bakuran ng paaralan o sa isang kaganapan na inisponsor ng paaralan. Ang magulang o legal na tagapag-alaga ay maaaring humiling ng angkop na proseso ng pagdinig upang hamunin ang emerhensyang pagtatalaga.

### Mga Pamamaraan sa Pagdinig sa Pagpapatalsik

- Ang Law Department ay mag-iiskedyul ng mga pagdinig sa pagpapatalsik at magpapadala sa mga magulang/tagapag-alaga ng sulat ng paunawa sa loob ng makatwirang takdang panahon. Ang paunawa ay magbibigay ng paglalarawan ng insidente, petsa ng insidente, ang (mga) kodigo sa SCC ng hindi naaangkop na pag-uugali, at ang lugar, oras at petsa ng pagdinig sa pagpapatalsik. Ang paunawa ay ipapadala sa pamamagitan ng rehistrado o sertipikadong koreo, o sa pamamagitan ng personal na paghahatid.
- Bago ang pagdinig, ang mga punong-guro ng paaralan ay may pananagutan na tumulong sa Law Department sa paghahanda ng kaso sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga saksi at kaugnay na mga dokumento, at pagsusuri sa lahat ng dokumentasyon tungkol sa insidente upang matiyak na ito ay kumpleto, tumpak, at maayos na isinulat.
- Ang pagdinig ay isasagawa sa harap ng isang independiyenteng opisyal ng pagdinig. Ang mga kinatawan ng Punong Tagapagpaganap (Chief Executive Officer) ay tatawag ng mga saksi upang tumestigo at magpakilala ng mga dokumento tungkol sa insidente. Ang mag-aaral ay maaari ding tumawag ng mga saksi upang tumestigo at magpakilala ng mga dokumento tungkol sa insidente.

*[41]Ang kahulugang ito ay hindi nalalapat sa pagbubukod ng isang mag-aaral mula sa paaralan dahil sa hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa pagbabakuna o pansamantalang emergency placement.*

## Panghuling Pagpapasya sa Pagpapatalsik

- Pagkatapos ng pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay gagawa ng rekomendasyon para sa interbensyon o pagdidisiplina, hanggang sa pagpapatalsik para sa isang itinakdang termino na hanggang dalawang taon ng kalendaryo.
- Ang rekomendasyon ng opisyal ng pagdinig ay maaaring baguhin alinsunod sa kaso ng Punong Tagapagpaganap (Chief Executive Officer) o itinalaga.
- Kung ang isang mag-aaral ay pinatalsik, maaaring alukin ng placement sa alternatibong programa para sa panahon ng pagpapatalsik.
- Maaaring irekomenda ng opisyal ng pagdinig na dumalo ang estudyante sa isang programa ng interbensyon bilang kapalit ng pagpapatalsik. Ang isang rekomendasyon para sa interbensyon ay napapailalim sa pag-apruba ng Punong Tagapagpaganap (Chief Executive Officer) o itinalaga. Ang isang mag-aaral na inirerekomenda para sa pakikilahok sa programa ng interbensyon bilang kapalit ng pagpapatalsik ngunit nabigong matagumpay na makumpleto ang programa ay patatalsikin.
- Sa panahon ng pagpapatalsik, ang mga mag-aaral ay hindi maaaring lumahok sa mga extracurricular na aktibidad o mga kaganapang iniisponsor ng paaralan, maliban sa mga aktibidad o mga kaganapan na iniisponsor ng alternatibong programa ng mag-aaral.

## Transition kapag Nakumpleto ang Pagpapatalsik

- Kapag nakumpleto na ang termino ng pagpapatalsik, ang mag-aaral ay ililipat sa kanilang sariling paaralan.
- Para sa mga mag-aaral na dumadalo sa Safe Schools Alternative Program, isang transition meeting, kabilang ang mag-aaral, mga magulang/tagapag-alaga, mga miyembro ng kawani ng alternatibong paaralan, at mga miyembro ng kawani ng sariling paaralan, ay ii-iskedyul upang talakayin ang paglipat ng mag-aaral pabalik sa kapaligiran ng sariling paaralan.

[43] *Para sa mga layunin ng pagdidisiplina ng mag-aaral, kasama sa "mga mag-aaral na may mga kapansanan" ang (i) mga mag-aaral na may mga IEP, (ii) mga mag-aaral na may mga 504 Plan, at (iii) mga mag-aaral na, sa oras ng maling pag-uugali: ay may bukas na referral para sa isang pagtatasa para sa special education (SPED) o hiniling ito (ng magulang/tagapag-alaga o mga tauhan ng Distrito); ay nasa proseso ng pagtatasa para sa special education; ay kailangan ng special education batay sa kanilang performance na pang-akademiko at/o sa asal; o ang magulang/ tagapag-alaga ay nagpahayag ng mga alalahanin sa pamamagitan ng pagsulat na maaaring kailanganin ang special education at mga kaugnay na serbisyo.*

[44] *Tingnan ang Abiso ng ISBE sa mga Pananggalang sa Pamamaraan para sa mga Magulang/Tagapag-alaga ng mga Mag-aaral na may Kapansanan (ISBE Notice of Procedural Safeguards for Parents/Guardians of Students with Disabilities) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pananggalang sa pamamaraan para sa pagdidisiplina ng mga mag-aaral na may kapansanan na makikita sa https://www.isbe.net/Pages/Special-Education-Required-Notice -and-Consent-Forms.aspx*

[45] *Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pag-aalis ng mga mag-aaral na may mga kapansanan dulot ng pagdidisiplina, kung ano ang nabibilang sa pagsususpinde sa loob ng 10 araw na pasukan, at mga impormal na pagtanggal, tingnan ang Office of Diverse Learner Supports and Services IDEA Procedural Manual na makikita sa cps.edu/odlss. Tingnan din ang Pahayag ng Posisyon ng ISPE sa Impormal na Pag-alis ng mga Mag-aaral sa Illinois sa https://www.isbe.net/Documents/ISBE-Position-Statement-Informal-Removals-of-Students.pdf.*

[46] *Nakalista sa 20 U.S.C. 1415(k)(1)(G) at 34 C.F.R. 300.530(g) ang mga espesyal na kalagayan kung saan ang isang mag-aaral na may kapansanan ay maaaring ilagay sa isang pansamantalang alternatibong setting na pang-edukasyon nang hindi hihigit sa 45 araw ng eskuwela: (1) Nagdala ng armas o nagtataglay ng armas sa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa isang kaganapan ng paaralan; (2) Buong kabatirang nagtataglay o gumagamit ng mga ilegal na droga, o nagbebenta o humihingi ng pagbebenta ng isang kinokontrol na substance (droga/alak/atbp.), habang nasa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa isang kaganapan ng paaralan; o (3) Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan ng ibang tao habang nasa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa isang kaganapan ng paaralan.*

# pagkumpirma ng pagkakatanggap ng kodigo ng pag-uugali ng mga mag-aaral

**Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral sa mga Pampublikong Paaralan ng Chicago**

### Pagsang-ayon ng Mag-aaral

Ako si ___________________________ (i-print ang pangalan ng mag-aaral) at natanggap at nabasa ko ang Kodigo ng Pag-uugali ng mga Mag-aaral (Student Code of Conduct, "SCC") para sa Mga Pampublikong Paaralan ng Chicago (Chicago Public Schools, CPS). Alam ko ang aking mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng SCC. Higit pa rito, naiintindihan ko na ang hindi naaangkop na pag-uugali ng mag-aaral ay magreresulta sa mga interbensyon at kahihinatnan gaya ng nakasaad sa ilalim ng SCC.

______________________________________________________________

Lagda ng Mag-aaral    Petsa

### Pagsang-ayon ng Magulang/Tagapag-alaga

Minamahal Naming Magulang o Tagapag-alaga:

Naniniwala ang Mga Pampublikong Paaralan ng Chicago na dapat maipagbigay-alam sa iyo ang tungkol sa aming pagsisikap na lumikha at magpanatili ng isang ligtas at may seguridad na kapaligiran sa pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral. Mangyaring basahin ang SCC at lagdaan ang dokumento sa ibaba upang kumpirmahin ang iyong pagtanggap at pag-unawa sa SCC.

Ako ang magulang o tagapag-alaga ng nasa itaas na pinangalanang mag-aaral. Natanggap at nabasa ko ang SCC. Naiintindihan ko na sa pamamagitan ng paglagda ko sa dokumentong ito, sumasang-ayon akong suportahan at itaguyod ang mga layunin ng SCC at gawin ang lahat ng pagsisikap na makipagtulungan sa paaralan sa paglutas ng lahat ng usapin sa pagdidisiplina.

______________________________________________________________

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga    Petsa

## PAUNAWA SA MGA MAGULANG AT MAG-AARAL TUNGKOL SA MGA PATAKARAN NG LUPON

### PAHAYAG SA HINDI PAGDIDISKRIMINA

Patakaran ng Lupon na ipagbawal ang labag sa batas na diskriminasyon, panliligalig, at paghihiganti batay sa anumang protektadong kategorya ng Konstitusyon ng Estados Unidos, ng Konstitusyon ng Estado ng Illinois, at mga naaangkop na mga batas o ordinansa ng pederal, estado o lokal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Title VI ng Civil Rights Act of 1964 (Title VI), Title VII ng Civil Rights Act of 1964 (Title VII), Age Discrimination in Employment Act of 1967 (ADEA), Title IX of the Education Amendments of 1972 (Title IX), Americans with Disabilities Act (ADA), Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 (Section 504), Illinois Human Rights Act (775 ILCS 5/1 et seq.) at Illinois Racism Free Schools Act (105 ILCS 5/22-95) partikular, ngunit hindi limitado sa, diskriminasyon, panliligalig, o paghihiganti batay sa aktwal o pinaghihinalaang oryentasyong sekswal, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso, at mga kondisyong medikal na nauugnay sa pagbubuntis), lahi o etnisidad (kabilang ang mga istilo ng buhok na dati nang nauugnay sa lahi, etnisidad, o texture ng buhok, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga nagpoprotektang istilo ng buhok gaya ng mga braid, lock , at twist), pagkakakilanlan ng etnikong grupo, ninuno, nasyonalidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kulay, pangkaisipan o pisikal na kapansanan, edad, katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan, katayuan sa pag-aasawa, nakarehistrong katayuan ng pagkakaroon ng kinakasama (registered domestic partner status), genetic information, pulitikal na paniniwala o kaakibat (hindi nauugnay sa unyon), katayuang militar, hindi kanais-nais na pagkakatanggal mula sa serbisyo militar, timbang, taas, o batay sa pakikipag-ugnayan ng isang tao sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktuwal o pinaghihinalaang katangiang ito, sa mga programa o aktibidad na pang-edukasyon na pinapatakbo ng Lupon, o anumang iba pang batayan na protektado ng batas, ordinansa, o regulasyon ng pederal, estado o lokal.

Ang mga alalahanin o mga katanungan tungkol sa diskriminasyon sa kasarian, panliligalig o paghihiganti ay maaaring ihain sa Title IX Coordinator ng Lupon sa Office of Student Protections and Title IX o sa U.S. Department of Education Office for Civil Rights (OCR). Para sa mga insidenteng kinasasangkutan ng mga biktimang mag-aaral, mangyaring tingnan sa ibaba ang partikular na impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

- Office of Student Protections and Title IX (OSP) – (773) 535-4400 (student-to-student) (mga katanungan tungkol sa pagkakapantay-pantay sa sports ay dapat idirekta sa ospcompliance@cps.edu)
- Office of the Inspector General (OIG) – 833-TELL-CPS ((833) 835-5277) (adult-to-student)
- Illinois Department of Human Rights (IDHR) 1-877-236-7703, 711, o http://www.illinois.gov/dhr
- U.S. Department of Education Office for Civil Rights (OCR) sa (312) 730-1560 o ocr.chicago@ed.gov

Para sa mga insidenteng kinasasangkutan ng mga nagrereklamong nasa hustong gulang, mangyaring tingnan sa ibaba ang partikular na impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

- Equal Opportunity Compliance Office (EOCO) (773) 553-1013 o – eoco@cps.edu
- Illinois Department of Human Rights (IDHR) 1-877-236-7703, 711, o http://www.illinois.gov/dhr
- OCR sa (312) 730-1560 o ocr.chicago@ed.gov

Ang mga alalahanin o pagtatanong tungkol sa diskriminasyon, panliligalig o paghihiganti na kinasasangkutan ng mga biktimang estudyante batay sa kapansanan ay dapat ihain sa:

- District Manager of Section 504 Compliance – Section504@cps.edu

Ang mga alalahanin o pagtatanong tungkol sa diskriminasyon, panliligalig o paghihiganti batay sa anumang iba pang protektadong kategorya na nakalista sa itaas ay dapat ihain sa:

- Office of Student Protections and Title IX sa 773-535-4400 o civilrights@cps.edu (mga nagrereklamong mag-aaral)
- Equal Opportunity Compliance Office (EOCO) sa (773) 553-1013 o eoco@cps.edu (mga nagrereklamong nasa hustong gulang)

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Komprehensibong Patakaran ng Lupon sa Hindi Pagdidiskrimina, Panliligalig at Paghihiganti.

## PAG-UULAT NG PANG-AABUSO NG BATA, PAGPAPABAYA SA BATA, AT HINDI ANGKOP NA RELASYON SA PAGITAN NG MGA NASA HUSTONG GULANG AT MGA MAG-AARAL

Patakaran ng Lupon na dapat protektahan ng lahat ng empleyado ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uulat ng anumang mga pakikipag-ugnayan o pag-uugali na nagmumungkahi na ang isang nasa hustong gulang ay may o nagkaroon ng hindi naaangkop na matalik na relasyon sa isang bata o maaaring ginu-groom ang isang bata, kahit na ang empleyado ay walang makatwirang hinala na may nagaganap o naganap na maling pag-uugali sekswal. Ang mga inatas na mag-ulat, kabilang ang lahat ng empleyado ng Lupon, ay dapat tumawag kaagad sa Hotline ng Department of Children and Family Services (DCFS) kapag mayroon silang makatwirang hinala ng anumang uri ng pang-aabuso o pagpapabaya sa bata sa 1-800-252-2873 (1-800-25-ABUSE). Dapat ding iulat sa DCFS ng mga inatas na mag-ulat ang anumang maling pag-uugaling sekswal ng isang nasa hustong gulang laban sa isang mag-aaral gayundin ang anumang mga pakikipag-ugnayan o pag-uugali na nagmumungkahi na ang isang nasa hustong gulang ay may o nagkaroon ng hindi naaangkop na matalik na relasyon sa isang bata o maaaring ginu-groom ang isang bata, kahit na ang empleyado ay walang makatwirang hinala na nangyayari o nangyari na ang pang-aabusong sekswal.

Ang Chicago Public Schools (CPS) ay gumagamit ng dedikado at propesyonal na mga miyembro ng kawani na nagbibigay sa mga mag-aaral ng isang ligtas at sumusuportang kapaligiran sa pag-aaral.  Hinihikayat ng Distrito ang maayos na mga relasyon sa pagitan ng mga mag-aaral at kawani ng paaralan at mga administrador upang itaguyod ang pagkamit at tagumpay ng mag-aaral.  Ang Lupon ay nagtatakda ng angkop at makatwirang mga hangganan para sa mga miyembro ng kawani at mga mag-aaral upang (1) protektahan ang mga mag-aaral mula sa maling pag-uugali at pang-aabusong sekswal, at (2) upang protektahan ang mga miyembro ng kawani mula sa mga hindi pagkakaunawaan at hindi totoong mga akusasyon.

Dapat sundin ng lahat ng empleyado ang mga sumusunod na pangkalahatang pamantayan na naaangkop sa lahat ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga kawani at mag-aaral:

1. Ang personal na kontak sa pagitan ng mga mag-aaral at mga miyembro ng kawani ay dapat palaging naaangkop sa mga kalagayan, at dapat walang kahulugang sekswal at malinaw.
2. Ang mga miyembro ng kawani ay dapat panatilihin ang isang mahigpit na propesyonal na relasyon sa mga mag-aaral, maging sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan at sa panahon o sa labas ng oras ng klase.
3. Ang mga miyembro ng kawani ay may pananagutan sa pagpapanatili ng propesyonal at naaangkop na pisikal at emosyonal na mga hangganan sa mga mag-aaral sa lahat ng oras.
4. Ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng kawani at mga mag-aaral ay dapat na nakabatay sa paggalang at pagtitiwala sa isa't isa.
5. Ang mga miyembro ng kawani ay may pananagutan sa pagtrato sa lahat ng mag-aaral nang hindi pabagu-bago at naaayon sa misyong pang-edukasyon ng Distrito.

Ang mga alalahanin o katanungan tungkol sa Pag-uulat ng Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Bata, o Hindi Naaangkop na Relasyon sa Pagitan ng Mga Nasa Hustong Gulang at Mag-aaral ay maaaring ihain sa Title IX Coordinator ng Lupon sa Office of Student Protections and Title IX (OSP) sa (773) 535-4400 or osp@cps.edu. Ang mga emerhensya ay dapat iulat sa Mga Serbisyong Pang-emerhensya sa 9-1-1.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pag-uulat ng Lupon ng Patakaran sa Pang-aabuso o Pagpapabaya sa Bata, Hindi Naaangkop na Relasyon sa Pagitan ng mga Nasa Hustong gulang at mga Mag-aaral sa https://www.cps.edu/sites/cps-policy-rules/policies/500/511/511-1/

### Mga Record ng mga Mag-aaral

Sa ilalim ng Federal Family Educational Rights and Privacy Act ("FERPA") at Illinois School Student Records Act ("ISSRA"), ang mga mag-aaral at kanilang mga magulang ay may ilang karapatan na may kinalaman sa mga record hinggil sa edukasyon ng mag-aaral. Ang mga karapatang ito ay inililipat lamang sa mag-aaral na umabot sa edad na 18, nagtapos sa sekondaryang paaralan, nag-asawa o pumasok sa serbisyo militar, alinman ang mauna.

### Paunawa ng Pagpapanatili at Pagtapon ng Record ng Mag-aaral

Inaatas ng batas sa Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Chicago (ang "Lupon") na magpanatili ng mga record hinggil sa edukasyon, na kinabibilangan ng parehong "mga permanenteng record" at "mga pansamantalang record." Ang permanenteng record ng isang mag-aaral ay naglalaman ng pangalan ng mag-aaral, lugar at petsa ng kapanganakan, tirahan, transcript, (mga) pangalan ng magulang at (mga) tirahan, mga talaan ng pagpasok sa klase, at iba pang impormasyong ipinag-uutos ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois. Kasama sa mga pansamantalang record ng mag-aaral ang lahat ng impormasyon ng mag-aaral na may kaugnayan sa paaralan na wala sa permanenteng record. Maaaring kabilang sa mga record ng mag-aaral ang parehong papel at elektronikong mga record.

Ayon sa patakaran ng Board, ang mga panahon ng pagpapanatili ng mga record ng mag-aaral ay ang mga sumusunod:

| **Baitang ng Mag-aaral** | **Kategorya ng Record** | **Pinakamababang Panahon ng Pagpapanatili ng Record** | **Kailan Inaawtorisahan ang Pagsira** |
|---|---|---|---|
| Elementarya at High School | Mga Permanenteng Record ng Mag-aaral | 82 taon pagkatapos ng petsa ng kapanganakan ng mag-aaral | Edad ng Mag-aaral - 83 |
| Elementarya at High School | Mga Pansamantalang Record sa Special Education | 27 taon pagkatapos ng petsa ng kapanganakan ng mag-aaral | Edad ng Mag-aaral - 28 |
| High School | Mga Pansamantalang Record ng Mag-aaral | 27 taon pagkatapos ng petsa ng kapanganakan ng mag-aaral | Edad ng Mag-aaral - 28 |
| Elementarya | Mga Pansamantalang Record ng Mag-aaral | 20 taon pagkatapos ng petsa ng kapanganakan ng mag-aaral | Edad ng Mag-aaral - 21 |

Susunod ang Board sa iskedyul ng pagpapanatili sa itaas at sisirain ang mga record na ito ng mag-aaral sa natural na pag-andar ng negosyo kapag ang mga record ay maaari nang itapon. Ang paunawa ng iskedyul ng pagtatapon ng record ay ibinibigay sa pamamagitan ng taunang paglalathala sa pahayagan. Upang suriin ang mga record ng mag-aaral pagkatapos lumipat, nagtapos, o umalis sa paaralan, maaaring makipag-ugnayan ang mga magulang at mag-aaral sa dating paaralan ng mag-aaral o Former Student Records (773/535-4110). Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa **Patakaran ng Lupon sa Pamamahala at Pagpapanatili ng mga Record ng Mag-aaral** sa http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=84.

## Karapatang Suriin at Hamunin ang Mga Record ng Mag-aaral

Ang mga magulang at mag-aaral, nakalaya man sa pangangalaga ng mga magulang o hindi, ay may karapatang siyasatin at kopyahin ang lahat ng mga record ng edukasyon ng mag-aaral na pinananatili ng paaralan o ng Lupon, maliban kung ang magulang ay pinagbawalan ng isang utos ng proteksyon mula sa pagkuha ng mga record na iyon, sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatapos ng araw kung kailan natanggap ng paaralan ang kahilingan para sa pag-access. Ang mga magulang o karapat-dapat na mag-aaral ay dapat magsumite sa punong-guro ng paaralan ng nakasulat na kahilingan na tumutukoy sa mga record na nais nilang suriin. Ang opisyal ng paaralan ay gagawa ng mga pagsasaayos para sa pag-access at aabisuhan ang magulang o karapat-dapat na mag-aaral tungkol sa oras at lugar kung saan maaaring suriin ang mga record.

Kapag ang isang mag-aaral ay lilipat sa isang paaralan sa labas ng Distrito ng Chicago Public Schools, ang mga magulang ay may karapatan na siyasatin at kopyahin at hamunin ang pansamantala at permanenteng mga record ng mag-aaral bago ilipat ang mga record sa paaralan sa labas ng distrito.

Ang mga paaralan ay hindi maaaring maningil upang maghanap o kumuha ng impormasyon, ngunit maaaring maningil ng makatwirang bayad para sa paggawa ng kopya ng mga record. *Walang magulang o mag-aaral ang dapat tanggihan ng kopya ng mga record ng mag-aaral dahil sa kanilang kawalan ng kakayahang magbayad.*

Ang mga magulang ay may karapatang humiling na itama ng paaralan ang naitalang impormasyon (maliban sa mga markang pang-akademiko) na pinaniniwalaan nilang hindi tumpak, nakakapanlinlang, o kung hindi man ay lumalabag sa mga karapatan sa privacy ng mag-aaral sa ilalim ng FERPA at ISSRA. Ang mga magulang o karapat-dapat na mag-aaral na gustong humiling sa paaralan na baguhin ang isang record ay dapat sumulat sa punong-

guro ng paaralan, malinaw na tukuyin ang bahagi ng record na gusto nilang baguhin, at tukuyin kung bakit ito dapat baguhin. Kung magpasya ang paaralan na huwag baguhin ang record ayon sa hinihiling ng magulang o karapat-dapat na mag-aaral, aabisuhan ng paaralan ang magulang o karapat-dapat na mag-aaral tungkol sa desisyon at kanilang karapatan sa isang pormal na pagdinig sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa Lupon. Dapat makipag-ugnayan ang mga magulang sa Executive Director of Policy and Procedures, Chicago Public Schools, 1 N. Dearborn Street, 9th Floor, Chicago, IL 60602, para sa isang pormal na pagdinig. Pagkatapos ng pagdinig, kung napagpasyahan ng Lupon na hindi aamyendahan ang record, may karapatan ang magulang na maglagay ng pahayag kasama ng mga record na nagkokomento sa tinututulang impormasyon sa record. Maaaring iapela ng magulang ang desisyon ng Lupon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Regional Superintendent ng Illinois State Board of Education (ISBE). Para sa higit pang impormasyon kung paano suriin at/o hamunin ang record ng isang mag-aaral, suriin ang patakaran ng Lupon sa "Mga Karapatan ng Magulang at Mag-aaral sa Pag-access at Pagiging Kumpidensyal ng mga Record ng Mag-aaral." (http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=122).

### Pagpapalabas ng Mga Record ng Mag-aaral

Ang mga magulang at karapat-dapat na mag-aaral ay may karapatang magbigay ng nakasulat na pahintulot bago ibunyag ng paaralan ang personal na nakapagtutukoy na impormasyon mula sa mga record ng edukasyon ng mag-aaral, maliban sa lawak na pinahihintulutan ng FERPA ang pagsisiwalat nang walang pahintulot. Sa pangkalahatan, hindi maaaring ilabas ng mga paaralan ang impormasyon sa mga record ng mag-aaral nang walang nakasulat na pahintulot mula sa magulang. Gayunpaman, pinapayagan ng batas ang pagsisiwalat ng mga record, nang walang pahintulot, sa piling mga partido, kabilang ang:

- Mga empleyado o opisyal ng distrito ng paaralan[1] na may lehitimong interes hinggil sa edukasyon[2] ng mag-aaral;
- Mga opisyal, kapag hiniling, ng ibang distrito ng paaralan o mga institusyon ng postsecondary education kung saan ang isang mag-aaral ay naghahangad o nagnanais na mag-enroll o naka-enroll na, kung ang pagsisiwalat ay para sa mga layunin ng pag-enroll o paglipat ng mag-aaral;
- Ilang opisyal ng pamahalaan ayon sa iniaatas ng batas ng Estado o Pederal;
- Mga taong nagsasagawa ng pag-aaral, alinsunod sa isang nakasulat na kasunduan sa Lupon;
- Mga indibidwal na nakakuha ng utos ng hukuman tungkol sa mga record, basta't inabisuhan ang mga magulang;
- Mga taong kailangan ang impormasyon dahil sa isang emerhensya sa kalusugan o kaligtasan; at mga awtoridad ng Estado at lokal sa juvenile justice system, bago ang paghatol sa mag-aaral.

[1] *Ang opisyal ng paaralan ay isang taong nagtatrabaho sa paaralan bilang isang administrador, superbisor, tagapagturo, o miyembro ng support staff (kabilang ang mga kawani ng kalusugan o medikal at mga tauhan ng yunit ng tagapagpatupad ng batas) o isang taong naglilingkod sa lupon ng paaralan. Maaaring kabilang sa mga opisyal ng paaralan ang mga kontratista, consultant, boluntaryo o iba pang mga partido sa ilalim ng direktang kontrol ng Lupon kung saan sumang-ayon ang Lupon na mag-outsource ng ilang serbisyo o tungkulin ng institusyon, at na may lehitimong interes sa edukasyon sa mga partikular na record ng edukasyon na isiniwalat. Ang kasunduan ng Board sa mga kontratista, consultant, boluntaryo o iba pang partido na ito ay partikular na magbabalangkas ng lehitimong interes sa edukasyon at kung aling mga record ng edukasyon ang isisiwalat.*

[2] *Ang isang opisyal ng paaralan ay may lehitimong interes sa edukasyon kung kailangan ng opisyal na suriin ang isang record ng edukasyon upang matupad ang kanyang propesyonal na responsibilidad.*

Maaari ding ibunyag ng isang paaralan, nang walang pahintulot, ang ilang partikular na "Impormasyon sa Direktoryo" tulad ng pangalan ng mag-aaral, address, numero ng telepono, petsa at lugar ng kapanganakan, mga parangal, at mga petsa ng pagdalo, sa kondisyon na bago ang paglabas ng Impormasyon sa Direktoryo, ang mga magulang ay binibigyan ng pagkakataong mag-opt out sa pagpapalabas ng impormasyong ito, at kung gayon, ang impormasyon ay hindi na ilalabas.

Alinsunod sa ISSRA, , "Walang sinuman ang maaaring magbigay ng kondisyon sa pagbibigay o hindi pagbibigay ng anumang karapatan, pribilehiyo, o benepisyo, o gawing kondisyon ng pagtatrabaho, kredito o insurance ang pagkuha ng sinumang indibidwal ng anumang impormasyon mula sa pansamantalang record ng isang mag-aaral kung saan maaaring makuha ng nasabing indibidwal sa pamamagitan ng paggamit ng anumang karapatan na nakasaad sa ilalim ng [ISSRA]."

### Paglabas ng Impormasyon sa Direktoryo

Maaaring ibunyag ng Chicago Public Schools ang impormasyon sa direktoryo tungkol sa mga mag-aaral sa mga partikular na partido sa pamamagitan ng mga nakasulat na kahilingan. Ang impormasyon sa direktoryo ay impormasyon na karaniwang hindi itinuturing na nakakapinsala o isang pagsalakay sa privacy kung inilabas. Itinalaga ng CPS ang sumusunod bilang impormasyon sa direktoryo: pangalan ng mag-aaral; address; numero ng telepono; petsa; at lugar ng kapanganakan; mga parangal at akademikong parangal; mga petsa ng pagdalo; at impormasyon tungkol sa mga aktibidad, organisasyon, at atletika na iniisponsor ng paaralan. Kapag hiniling, maaaring ibahagi ng CPS ang impormasyon sa direktoryo sa mga kapatid na ahensya ng Lungsod, o mga panlabas na organisasyon na naghahatid ng mga serbisyo sa mga mag-aaral tulad ng Boys and Girls Clubs, YMCA, PTA, at iba pang mga provider ng programming na nagpapayaman sa pagkatuto sa akademiko at/o pakikipagkapwa-tao at emosyonal ng isang mag-aaral.

Kung ayaw ng isang magulang o mag-aaral na mailabas ang impormasyon sa direktoryo ng mag-aaral, dapat silang magsumite ng nakasulat na kahilingan sa pangunahing opisina ng paaralan. Dapat kasama sa kahilingang mag-opt out ang pangalan, ID at paaralan ng mag-aaral. Para sa ikagiginhawa, bumuo ang Lupon ng isang form sa pag-opt out na makukuha sa lahat ng Chicago Public Schools at online sa http://cps.edu/B2S. **Dapat isumite ng mga magulang at mag-aaral ang kanilang kahilingan sa pag-opt-out bago ang ika-1 ng Disyembre taun-taon kung nais nilang mag-opt out sa pagpapalabas ng impormasyon sa direktoryo.** Para sa higit pang impormasyon sa pag-opt out sa paglabas ng impormasyon sa direktoryo, pakisuri ang "Patakaran sa mga Karapatan ng Magulang at Mag-aaral sa Pag-access sa at Pagiging Kumpidensyal ng Mga Record ng Mag-aaral" ng Lupon (http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=122).

### Pagpapalabas ng mga Record sa Mga Recruiter at Institusyon ng Mas Mataas na Pag-aaral

Ibinibigay ng Chicago Public Schools ang mga pangalan, address, at numero ng telepono ng lahat ng mag-aaral sa ika-11 at ika-12 baitang sa mga recruiter ng militar o mga institusyon ng mas mataas na pag-aaral sa kahilingan ng mga organisasyong ito. Ang mga magulang at mag-aaral, hindi alintana kung ang mag-aaral ay malaya na sa pangangalaga ng magulang, ay maaaring humiling na hindi ibunyag ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, tulad ng inilarawan sa ibaba.

Kung ayaw ng isang magulang o mag-aaral na mailabas ang impormasyon sa direktoryo ng mag-aaral sa mga recruiter ng militar o mga institusyon ng mas mataas na pag-aaral, dapat silang magsumite ng nakasulat na kahilingan sa pangunahing opisina ng paaralan. Dapat kasama sa kahilingang mag-opt ang pangalan, ID number, at paaralan ng mag-aaral. Para sa ikagiginhawa, bumuo ang Lupon ng isang form sa pag-opt out na available sa lahat ng mataas na paaralan ng Chicago Public Schools. **Dapat isumite ng mga magulang at mag-aaral ang kanilang kahilingan sa pag-opt-out bago ang ika-1 ng Disyembre kung nais**

**nilang mag-opt out sa pagpapalabas ng mga record ng mag-aaral sa mga recruiter at/o institusyon ng mas mataas na pag-aaral.** Para sa higit pang impormasyon sa pag-opt out sa pagpapalabas ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga recruiter, pakisuri ang Patakaran ng Lupon sa "Access ng Recruiter" (http://policy.cps.edu/download.aspx?ID=122).

### Pagpapalabas ng Mga Record para sa FAFSA Completion Project at National Student Clearinghouse

Inilalabas ng Lupon ang Impormasyon sa Direktoryo ng mag-aaral sa lahat ng mag-aaral sa ika-12 baitang sa:

1) Illinois Student Assistance Commission (ISAC) upang tulungan ang mga mag-aaral sa mga pagkakataon sa pagpopondo sa kolehiyo sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Libreng Aplikasyon para sa Federal Student Aid (FAFSA) at upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa mga scholarship na nauugnay sa ISAC. Ang FAFSA ay kinakailangan para makatanggap ang mga mag-aaral ng maraming uri ng tulong pinansyal sa kolehiyo; Nagtutulungan ang ISAC at CPS upang suportahan ang pagkumpleto ng FAFSA ng pamilya; at

2) Ang National Student Clearinghouse, isang organisasyon na nagbibigay ng data sa CPS sa postsecondary enrollment at pagpapanatili ng mga mag-aaral. Ang National Student Clearinghouse ay tumutulong sa CPS na maunawaan at mapabuti ang kahandaan at tagumpay sa kolehiyo ng mga nagtapos sa CPS.

Ang Impormasyon sa Direktoryo na ilalabas ay: ang pangalan ng mag-aaral, petsa ng kapanganakan, at pangalan ng high school. Kung ayaw ng magulang o mag-aaral na maipalabas ang Impormasyon sa Direktoryo ng mag-aaral sa ISAC para sa FAFSA Completion Project at mga scholarship o sa National Student Clearinghouse para sa mga layuning nabanggit sa itaas, dapat silang magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Office of School Counseling and Postsecondary Advising, Chicago Public Schools, 42 West Madison Street, 3rd Floor, Chicago, IL 60602, 773/553-2108. Dapat kasama sa kahilingang mag-opt ang pangalan, ID number, at paaralan ng mag-aaral. Para sa ikagiginhawa, bumuo ang Lupon ng isang form sa pag-opt out na makukuha sa lahat ng high school ng Chicago Public Schools. **Dapat isumite ng mga magulang at mag-aaral ang kanilang kahilingan sa pag-opt out sa kanilang high school counselor bago ang ika-1 ng Oktubre kung nais nilang mag-opt out sa pagpapalabas ng Impormasyon sa Direktoryo ng mag-aaral para sa FAFSA Completion Project at/o sa National Student Clearinghouse.**

### Paghain ng mga Reklamo

Ang mga magulang o mag-aaral na hindi bababa sa 18 taong gulang ay may karapatang magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. kung naniniwala silang nabigo ang distrito ng paaralan na sumunod sa mga kinakailangan ng FERPA sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Family Policy Compliance Office, U.S. Department of Education, 400 Maryland Avenue, SW, Washington, D.C. 20202-5901.

### Taunang Paunawa sa Mga Magulang tungkol sa mga Vendor ng Teknolohiyang Pang-edukasyon sa ilalim ng Student Online Personal Protection Act (SOPPA)

Ang mga distrito ng paaralan sa Illinois ay maaaring magkaroon ng mga kasunduan sa mga vendor ng teknolohiyang pang-edukasyon para sa mga layuning pang-edukasyon tulad ng pagbibigay ng personalized na teknolohiya sa pag-aaral at mga makabagong teknolohiyang pang-edukasyon.

Sa ilalim ng Illinois Student Online Personal Protection Act, o SOPPA (105 ILCS 85/), ang mga vendor ng teknolohiyang pang-edukasyon na nagpapatakbo ng mga website sa Internet, mga online na serbisyo, mga online na application, o mga mobile application na idinisenyo, ibinebenta, at pangunahing ginagamit para sa mga layunin ng paaralan ng K-12 ay tinutukoy sa ilalim ng SOPPA bilang mga operator. Nilalayon ng SOPPA na tiyakin na ang data ng mag-aaral na nakolekta ng mga operator ay protektado at transparent, at inaatas nito sa mga vendor ng teknolohiyang pang-edukasyon, pati na rin sa mga distrito ng paaralan at ng Illinois State Board of Education, na protektahan ang online na data ng mag-aaral.

Ayon sa patakaran sa SOPPA ng Lupon at sa mga alituntunin sa SOPPA ng distrito, maaaring ibahagi ng CPS ang limitadong data ng mag-aaral sa mga operator sa pamamagitan ng kanilang mga online na site, serbisyo, at/o aplikasyon. Sa ilalim ng SOPPA, ipinagbabawal ang mga operator sa pagbebenta, pagrenta, o pagpapaupa ng impormasyon ng isang mag-aaral o mula sa pagsali sa anumang advertising, kabilang ang naka-target na advertising, gamit ang impormasyon ng isang mag-aaral.

Sa mga pangkalahatang tuntunin, ang mga operator ay lilimitahan lamang sa data ng mag-aaral na kailangan upang gumana nang mahusay ang teknolohiyang pang-edukasyon, tulad ng pangalan ng mag-aaral, email, paaralan, klase, baitang.  Ang mga operator na humihiling ng karagdagang data ng mag-aaral na lampas sa class rostering data ay kakailanganing magbigay ng katwiran para sa naturang koleksyon, at maaaring kailanganin na magbigay ng karagdagang abiso ng magulang o kumuha ng pahintulot ng magulang na gawin ito. Bukod pa rito, sa ilalim ng SOPPA, ang lahat ng data ng mag-aaral na nakolekta ng isang operator ay dapat na bahagi ng kontrata at available para matingnan ng mga magulang/tagapag-alaga. Alinsunod sa patakaran ng CPS, ang mga exhibit ng Saklaw ng Nakolektang Data ng Mag-aaral ay nakalakip sa lahat ng kasunduan sa mga operator ng SOPPA.

Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa Student Online Personal Protection Act, mangyaring tingnan ang website ng CPS SOPPA sa **www.cps.edu/about/policies/student-online-personal-protection-act/**.

### Mga Interbensyon sa mga Mag-aaral

Ang Distrito ay nagpapanatili ng isang patakaran sa paggamit ng mga panandaliang pisikal na interbensyon upang mapanatili ang kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani at sa mga taong nasa napipintong panganib sa kanilang sarili o sa iba pati na rin sa mga mag-aaral na may kapansanan (https://www.cpsboe.org/content/actions/2022_06/22-0622-PO3.pdf).

### Paunawa ng Patakaran sa Pagkapkap/Paghahanap at Pagkumpiska

Ang sinumang tao na papasok sa ari-arian ng Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Chicago ay maaaring sumailalim sa pagkapkap/paghahanap alinsunod sa Patakaran ng Lupon sa Pagkapkap/Paghahanap at Pagkumpiska, (http://policy.cps.edu/download.aspx?ID= 190).

### Mga Survey sa Pananaliksik sa mga Mag-aaral at ang Pag-amyenda sa Proteksyon ng mga Karapatan ng Mag-aaral

Ang Distrito ay nagpapanatili ng isang Patakaran sa Pag-aaral na Pananaliksik at Data upang tugunan kung paano maaaring magsagawa ng mga aktibidad sa pananaliksik sa mga mag-aaral kabilang ang mga survey sa Chicago Public Schools ( https://www.cps.edu/sites/cps-policy-rules/policies/200/203/ 203-4/).  Ang patakarang ito ay itinatag upang sumunod sa mga kinakailangan ng Federal Pupil Protection Rights Amendment ("PPRA").

Ang PPRA ay nagbibigay sa mga magulang ng mga mag-aaral sa elementarya at sekondarya ng ilang karapatan patungkol sa pagsasagawa ng mga survey, pangongolekta at paggamit ng impormasyon para sa layunin ng marketing, at ilang mga pisikal na eksaminasyon.

Ang pahintulot ng magulang ay kailangan bago ang inaatas sa mga mag-aaral na sumailalim sa isang survey na may kinalaman sa isa o higit pa sa mga sumusunod na protektadong aspeto ("protektadong impormasyon sa survey"):

1. Mga kaakibat sa pulitika o pampulitikang paniniwala ng mag-aaral o magulang ng mag-aaral;
2. Mga problema sa isip o sikolohikal ng mag-aaral o pamilya ng mag-aaral;
3. Sekswal na pagkilos o pag-uugali;
4. Ilegal, anti-social, nagdadawit sa sarili (self-incriminating), o nang-aalipustang pag-uugali;
5. Mga kritikal na pagtatasa ng iba kung kanino may malapit na relasyong pampamilya ang responsdent;
6. Mga legal na kinikilalang may pribilehiyong ugnayan, gaya ng sa mga abogado, doktor, o ministro;
7. Mga relihiyosong gawain, kaakibat, o paniniwala ng mag-aaral o magulang ng mag-aaral; o
8. Kita, maliban sa iniaatas ng batas upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa programa.

Ang mga magulang ay may karapatan na makatanggap ng abiso at pagkakataong i-opt out ang mag-aaral

1. Anumang hindi emerhensya at invasive na pisikal na eksaminasyon o screening na kinakailangan bilang kondisyon ng pagdalo, na pinangangasiwaan ng paaralan o ng ahente nito, at hindi kinakailangan upang protektahan ang agarang kalusugan at kaligtasan ng isang mag-aaral, maliban sa mga pagsusuri sa pandinig, paningin, o scoliosis, o anumang pisikal na eksaminasyon o screening na pinahihintulutan o kinakailangan sa ilalim ng batas ng Estado; at

2. Mga aktibidad na kinasasangkutan ng pangongolekta, pagsisiwalat, o paggamit ng personal na impormasyong nakolekta mula sa mga mag-aaral para sa marketing o upang ibenta o kung hindi man ay ipamahagi ang impormasyon sa iba. (Hindi ito naaangkop sa pangongolekta, pagsisiwalat, o paggamit ng personal na impormasyong nakolekta mula sa mga mag-aaral para sa eksklusibong layunin ng pagbuo, pagsusuri, o pagbibigay ng mga produkto o serbisyong pang-edukasyon para sa, o sa, mga mag-aaral o institusyong pang-edukasyon.)

Ang mga magulang ay may karapatan na siyasatin, kapag hiniling at bago ibigay o gamitin, ang:

1. Protektadong impormasyon sa mga survey sa mga mag-aaral at mga survey na ginawa ng isang ikatlong partido;
2. Mga instrumentong ginagamit upang mangolekta ng personal na impormasyon mula sa mga mag-aaral para sa alinman sa mga layunin sa marketing, pagbebenta, o iba pang pamamahagi na nakasaad sa itaas; at
3. Materyales sa pagtuturo na ginagamit bilang bahagi ng kurikulum na pang-edukasyon.

Ang mga karapatang ito ay inililipat mula sa mga magulang sa isang mag-aaral na 18 taong gulang o malaya na menor de edad sa ilalim ng batas ng Estado.

Ang mga magulang na naniniwalang nilabag ang kanilang mga karapatan ay maaaring magsampa ng reklamo sa:

Student Privacy Policy Office
U.S. Department of Education
400 Maryland Avenue, SW
Washington, D.C. 20202

## PAMAGAT I Karapatan ng Magulang na Malaman

Alinsunod sa Seksyon 1112 ng Every Student Succeeds Act (ESSA), ang mga magulang sa CPS ay maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa mga propesyonal na kwalipikasyon ng mga guro sa silid-aralan ng kanilang mag-aaral. Ibibigay ng CPS ang hinihiling na impormasyon nang napapanahon. Dapat malaman ng mga magulang sa CPS na lahat ng guro sa CPS ay natugunan ang mga kwalipikasyon ng estado para sa paglilisensya para sa mga baitang at paksa na kanilang itinuturo, at na lahat ng guro at parapropesyonal ng CPS ay lisensyado ng Illinois State Board of Education (ISBE). Kung nais ng isang magulang na tingnan ang impormasyon sa paglilisensya ng mga tagapagturo sa kanilang mag-aaral, maaari silang magsagawa ng paghahanap ng pampublikong impormasyon sa lisensya para sa mga tagapagturo sa website ng ISBE sa https://www.isbe.net/Pages/Educator-Licensure-Information-System.aspx .

Ang mga magulang ay maaari ding humiling ng impormasyon tungkol sa anumang patakaran ng Estado o CPS tungkol sa paglahok ng mag-aaral sa anumang mga pagtatasa na ipinag-uutos ng Seksyon 1111(b)(2) ng ESSA at ng Estado o CPS. Ibibigay ng CPS ang hinihiling na impormasyon nang napapanahon. Ang mga magulang ay makakahanap ng impormasyon sa mga pagtatasa sa https://www.cps.edu/academics/student-assessments/.

## Mga Patakaran sa Pangangasiwa ng Gamot at Pamamahala ng mga Pangmatagalang Kondisyon

Ang Distrito ay nagpapanatili ng mga patakaran at patnubay sa pangangasiwa ng gamot at pamamahala ng mga pangmatagalang kondisyon sa araw ng eskuwela. Ang mga patakarang ito ay nalalapat sa lahat ng mag-aaral sa lahat ng paaralan, hindi alintana kung ang paaralan ay may anumang kasalukuyang mga mag-aaral na natukoy na may hika, diyabetis, allergy, o seizures. Bilang karagdagan, binabalangkas ng mga patakarang ito ang mga form na kinakailangan para sa pangangasiwa o pangangasiwa sa sarili ng gamot sa araw ng eskuwela. Ang mga form ay matatagpuan sa website ng Opisina ng Kalusugan at Kagalingan ng Mag-aaral (Office of Student Health & Wellness, OSHW).

Ang mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga ay hinihikayat na makipagtulungan sa kanilang nars sa paaralan upang matiyak na ang mga naaangkop na form ay isinumite at na ang mga pangangailangan sa kalusugan ng mag-aaral ay sinusuportahan sa araw ng eskuwela. Ang mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga ay maaari ding makipag-ugnayan sa Healthy CPS Hotline (773-553-KIDS) para sa tulong sa pagkonekta sa mga pampublikong benepisyo tulad ng Medicaid o SNAP, o upang kumonekta sa isang medikal na tahanan.

### Abiso sa Pahintulot na Singilin ang Medicaid

Nagbibigay ang CPS ng mga pagtatasa ng kalusugan at mga kaugnay na serbisyong pangkalusugan sa mga mag-aaral **nang walang bayad para sa mga magulang**. Ang CPS ay nakakatanggap ng federal Medicaid reimbursement upang mabawi ang ilan sa mga gastos sa pagbibigay ng ilang serbisyong pangkalusugan. Upang makatanggap ng mga reimbursement ng Medicaid, dapat pahintulutan ng magulang/tagapag-alaga na payagan ang CPS na ibahagi ang impormasyon sa kalusugan ng kanyang anak sa Estado ng Illinois para sa mga layunin ng pagsingil. Dapat panatilihing kumpidensyal ng Estado ang impormasyon ng bawat mag-aaral at maaari lamang itong gamitin para sa layunin ng pagtukoy ng mga pagbabayad sa CPS. Kapag natapos na ang isang IEP, tatanungin ng CPS ang mga magulang/tagapag-alaga kung pumapayag sila na pahintulutan ang CPS na humingi ng reimbursement sa Medicaid para sa mga karapat-dapat na serbisyong pangkalusugan - nang walang gastos sa pamilya. Na-reimburse man o hindi ang CPS ay walang epekto sa seguro ng pamilya o mga programa sa benepisyo. Dagdag pa, ang mga mag-aaral ay patuloy na makakatanggap ng mga serbisyong pangkalusugan na inilarawan sa kanilang mga IEP, hindi alintana kung ang kanilang mga magulang/tagapag-alaga ay nagbibigay ng pahintulot na singilin ang Medicaid. Ang pahintulot ng mga magulang/tagapag-alaga ay kinakailangan lamang ng isang beses habang ang bata ay patuloy na tumatanggap ng mga serbisyo ng IEP, kabilang ang mga serbisyong pangkalusugan. Ang Paunawang ito ay para ipaalam sa mga magulang/tagapag-alaga na patuloy na susundin ng CPS ang kanilang desisyon tungkol sa pagpayag na singilin ang Medicaid hanggang sa abisuhan ng mga magulang/tagapag-alaga ang CPS tungkol sa isang pagbabago.

### Pag-screen sa Paggamit ng Droga/Alak, Maikling Interbensyon, at Pag-refer sa Paggagamot (Substance Use Screening, Brief Intervention, and Referral to Treatment, SBIRT)

Ang SBIRT sa mga Paaralan (Screening, Brief Intervention, at Referral to Treatment, SBIRT) ay nakatuon sa pag-iwas, maagang pagtuklas, pagtatasa ng panganib, maikling pagpapayo, at referral para sa pagtatasa na maaaring magamit sa setting ng paaralan. Ang paggamit ng isang validated na tool sa pag-screen ay magbibigay-daan sa mga team para sa kalusugan ng paaralan na matukoy ang panganib para sa mga problemang nauugnay sa paggamit ng substances (droga/alak/atbp) at ang mga maikling diskarte sa interbensyon ay makakatulong na matugunan nang maaga ang mga alalahaning ito sa mga bata at kabataan. Maaaring humiling ang mga magulang at tagapag-alaga ng karagdagang impormasyon o humiling na i-opt out ang kanilang anak sa pag-screen sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa administrador ng kanilang paaralan. Ang higit na impormasyon tungkol sa SBIRT ay matatagpuan sa **https://www.samhsa.gov/sbirt**.

### CRAFFT II – Panayam sa Pag-screen

Ang CRAFFT ay isang lubos na napatunayang tool sa pag-screen ng paggamit ng substance (droga/alak/atbp.) para sa mga kabataan na may edad 12-21. Inirerekomenda ito ng Bright Futures Guidelines ng American Academy of Pediatrics para sa mga pag-screen para sa preventive care at annual physical exam. Matuto pa tungkol sa CRAFFT screening tool sa **https://crafft.org/**.

### Website ng Patakaran ng CPS

Maaaring makuha ang mga kopya ng lahat ng Patakaran ng Lupon sa Website ng CPS sa https://www.cps.edu/sites/cps-policy-rules/policies/ o sa pamamagitan ng pagsulat sa Board Secretary, Chicago Board of Education, 1 North Dearborn Street , 9th Floor, Chicago, Illinois 60602.

# mga mapagkukunan ng referral

| SA ISANG EMERHENSYA O KRISIS | |
|---|---|
| Para sa tulong sa isang emerhensya na sitwasyon | Illinois Department of Children and Family Services (DCFS) |
| I-dial ang 911 para sa lahat ng emerhensya | 800-25-ABUSE (800-252-2873)<br><br>Tumawag kung pinaghihinalaan mo na ang isang bata ay nasaktan o nasa panganib na mapinsala ng pang-aabuso o kapabayaan. |
| Chicago Public Schools Crisis & Safety | Linya ng CARES (24 na oras)<br><br>Pag-screen, Pagtatasa, Suporta, at Mga Serbisyo (Screening, Assessment, Support, and Services, SASS) |
| **Hotline para sa Krisis:** 773-553-1792<br><br>**Student Safety Center:** 773-553-3335 | 1-800-345-9049<br><br>Makipag-ugnayan kung ang bata ay isang panganib sa kanilang sarili o sa iba, may krisis sa kalusugan ng isip, o kung gusto mo ng referral sa mga serbisyo para sa mga bata, kabataan, at pamilya. |
| **MGA MAPAGKUKUNAN HINGGIL SA KARAHASAN SA TAHANAN AT SEKSWAL NA PANG-AABUSO** | |
| Helpline ng Chicago Domestic Violence | Pambansang Hotline para sa Karahasan sa Tahanan |
| 1-877-863-6338<br><br>Impormasyon, Mga Opsyon, Pagpapayo, Mga Serbisyong Legal at Kanlungan | 1-800-799-SAFE (7233)<br>1-800-787-3224 (linya para sa mga may kapansanan sa pandinig) |
| YWCA Metropolitan Chicago | Mga Tagapagtaguyod ng Katatagan/Biktima ng Panggagahasa |
| 312-733-2102<br><br>Mga pansuportang serbisyo sa karahasang sekswal, kabilang ang pagpapayo at adbokasiya. Maramihang mga lokasyon sa South Side. | 312-443-9603<br><br>Libreng trauma therapy, medikal, at legal na adbokasiya na may kaugnayan sa sekswal na karahasan sa Loop, Austin, at Ravenswood. |
| Pambansang Hotline para sa Sekswal na Pag-atake (Sexual Assault) | Hotline para sa Krisis sa Panggagahasa sa Chicago |
| 1-800-656-HOPE (4673) | 1-888-293-2080 |
| Mujeres Latinas en Accion | KAN-WIN |
| 773-890-7676<br><br>Bilingual/bicultural na indibidwal at panggrupong therapy para sa karahasan sa tahanan at karahasang sekswal sa Pilsen at Brighton Park. | 773-583-0880 (Hotline)<br><br>Nagbibigay ng suporta at adbokasiya kaugnay ng karahasan sa tahanan at karahasang sekswal na nakatuon sa mga nakaligtas na Asian American. Kumpidensyal na lokasyon. |
| Between Friends | Apna Ghar |
| 1-800-603-4357<br><br>Mga serbisyo sa pagpapayo at suporta sa maraming wika para sa karahasan sa tahanan, edukasyon sa relasyon ng mga tinedyer, at adbokasiya ng hukuman. Kumpidensyal na lokasyon.. | 773-334-4663<br><br>Ang mga serbisyo para sa karahasang sekswal at karahasan sa tahanan ay nakatuon sa pagtugon sa krisis, pagpapayo, at adbokasiya para sa mga imigrante. Uptown at Skokie. |

| MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA KALUSUGAN NG ISIP & KAGALINGAN | |
|---|---|
| **Pambansang Lifeline para sa Pagpigil sa Pagpapakamatay** | **988 Suicide & Crisis Lifeline** |
| 1-800-273-TALK (8255)<br>(pindutin ang 2 para sa Espanyol) | Tumawag sa 988 o Mag-text sa 988<br>(Chat: 988lifeline.org/chat)<br>Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nag-iisip na magpakamatay o nakakaranas ng krisis sa kalusugan ng isip o paggamit ng droga/alak, ang 988 ay nagbibigay ng koneksyon sa libre at 24/7 na kumpidensyal na suporta. |
| **National Runaway Safeline** | **Safe2Help Illinois Helpline** |
| 1-800-RUNAWAY<br>1-800-786-2929 | Tumawag sa: 1-844-4-SAFEIL / Mag-Text sa: SAFE2 (72332<br>24/7 na Helpline: Maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng libreng app, text/telepono, o website (Safe2HelpIL.com) upang ibahagi ang mga isyu sa kaligtasan sa paaralan sa isang kumpidensyal na kapaligiran. |
| **Please Stay** | **STOP-IT Now** |
| www.pleasestay.us<br>Isang interactive na mapagkukunan upang suportahan ang kalusugan ng isip na ginawa ng Find Your Anchor at Born This Way Foundation. | 1-877-606-3158<br>24 na oras na Hotline para sa Human Trafficking |
| **NAMI ng Greater Chicago's Mental Health** | **Illinois Mental Health Collaborative** |
| Helpline: 312-563-0445<br>1-800-950-NAMI (6264)<br>Ang National Alliance on Mental Illness (NAMI) HelpLine ay nagbibigay ng impormasyon at mga serbisyo ng pag-refer. | 1 (866) 359-7953<br>TTY: 1(866) 880-4459<br>(Pindutin ang 2 upang makipag-usap sa isang taong makikinig sa panahon na ika'y nahihirapan) |
| **Metropolitan Family Services** | **Ada S. McKinley Community Services** |
| 312-986-4000<br>Nagbibigay ng suporta sa mga bata at matatanda na may pangmatagalang sakit sa isip. | 773-918-6100<br>Nagbibigay ng pangangalaga sa outpatient para sa trauma at karahasan na nauugnay sa gang, o para sa personal na trauma na nauugnay sa pisikal, sekswal o emosyonal na pang-aabuso. |
| **Gads Hill Center** | **Youth Outreach Services** |
| 312-226-0963<br>Panggrupo at pang-indibidwal na pagpapayo para sa paggamit ng droga/alak, paglahok sa gang, pagkabalisa, atbp. | 773.777.7112<br>Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga kabataan, kabilang ang para sa problemang sekswal na pag-uugali. |
| **Lutheran Social Services of Illinois (LSSI)** | **Association House** |
| 773-282-7800<br>Pagpapayo sa outpatient at pangtirahan, kalusugan ng isip at mga serbisyo sa paggamot ng problema sa alak/droga para sa mga bata at pamilya. | 773-772-7170<br>Mga serbisyo sa kalusugan ng isip, pag-iwas at paggamot sa pag-abuso sa droga/alak, at 24 na oras na pinangangasiwaang tirahan, rehabilitasyon. |

| MGA MAPAGKUKUNAN NG SUPORTA PARA SA MGA BAKLA, TOMBOY, BISEXUAL, TRANSGENDER | |
|---|---|
| GLBT National Help Center | Trevor Project Crisis Line |
| 1-888-843-4564<br>**www.glnh.org** | 1-866-4-U-TREVOR (488-7386)<br>**www.theTrevorProject.org** |
| LGBT National Youth Talkline | Broadway Youth Center |
| 1-800-246-PRIDE (1-800-246-7743)<br>**https://lgbthotline.org/** | 773-388-1600<br>Isang ligtas na kanlungan para sa mga kabataang LGBTQ. Klinikang pangkalusugan, mga serbisyo sa walk-in, pagpapayo at adbokasiya ng mapagkukunan sa Uptown. |
| Chicago: Center on Halsted LGBTQ Violence Resource Line | Illinois Safe Schools Alliance |
| 773-871-CARE (2273)<br>Ang Violence Resource Line ay tumutulong sa mga LGBTQH na nalantad sa karahasan. | 312-533-2624<br>Nagsusulong ng malusog na pag-unlad para sa mga kabataang LGBTQ sa mga paaralan ng IL sa pamamagitan ng adbokasiya, edukasyon at pag-oorganisa ng kabataan. |
| **MGA MAPAGKUKUNAN SA PAGGAMIT NG DROGA/ALAK** | |
| Pambansang Helpline ng SAMHSA | Human Resource Development Institute (HRDI) |
| 1-800-662-HELP (4357)<br>**http://findtreatment.SAMHSA.gov**<br>24 na oras na impormasyon at tulong sa pag-refer sa mga lokal na pasilidad para sa paggamot, mga support group, at mga organisasyong nakabase sa komunidad para sa parehong pang-aabuso sa droga/alak at mga serbisyo sa kalusugan ng isip. | 773-291-2500<br>Mga serbisyong outpatient para sa pag-abuso sa alak/droga ng mga bata na nasa pagitan ng 12-17 taong gulang. Inpatient na pasilidad para sa paggamot sa pag-abuso sa alak/droga para sa mga kabataang babae. |
| PCC Community Wellness Center | Gateway Foundation |
| 708-406-3929, Pindutin ang 5<br>Komprehensibong paggamot sa problema sa paggamit ng droga/alak at pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata, teenager, at batang nasa hustong gulang. | 773-826-1916<br>Mga programang outpatient, mga programa sa tirahan, at aftercare para sa paggamot sa problema sa droga at alak ng mga kabataan. |
| Lurie's Adolescent Medicine Substance Use & Prevention Program | South East Alcohol & Drug Abuse Center (SEADAC) |
| 312-227-4194<br>Pagtatasa, maagang interbensyon, at mga serbisyong outpatient para sa mga kabataan na may mga problema sa paggamit ng droga/alak, kabilang ang mga problema sa paggamit ng opioid at nikotina. | 773-731-9100<br>Klinikal na outpatient na paggamot at pagpapayo para sa mga nasa hustong gulang at kabataan para sa pag-abuso sa alak at droga. |

| Rosecrance | Narcotics Anonymous |
|---|---|
| 866-330-8729<br>**https://rosecrance.org/addiction-treatment/teens/**<br><br>Nag-aalok ang Rosecrance ng residential at outpatient na paggamot para sa mga teenager at mga batang nasa hustong gulang para sa paggamit ng droga/alak. | 1-888-GET-HOPE (438-4673) (Hopeline)<br>**www.na.org/meetingsearch** |
| **MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA GAWI SA PAGPAPANUMBALIK SA DATI (RESTORATIVE PRACTICES)** | |
| Framework ng CPS na Nakasentro sa Paghilom (CPS Healing-Centered Framework) | Good Lookin Out |
| Maghanap ng pangkalahatang-ideya at mga mapagkukunang nauugnay sa Chicago Public Schools Healing-Centered Framework, kabilang ang mga paparating na link sa mga mapagkukunan para sa mga gawi sa pagpapanumbalik sa dati (restorative practices) at iba pang mga diskarte na nakasentro sa pagpapagaling/paghilom.<br><br>**www.cps.edu/strategic-initiatives/healing-centered/** | goodlookinoutchi@gmail.com<br><br>Pakikipag-ugnayan at pagsasanay sa kultura ng Restorative Justice. "Ang Good Lookin Out ay isang kultura na nagbibigay-inspirasyon sa mga tao na pasiglahin ang isa't isa at sa pamamagitan ng pagpapasigla sa iba, itinataas mo ang iyong sarili." |
| NewRoot Learning Institute | Alternatives, Inc |
| **https://newroot.org/**<br><br>Nag-aalok ang NewRoot ng malawak na portfolio ng restorative justice, pagkatuto sa mga kasanayan sapakikipagkapwa-tao at emosyonal, at mga workshop sa kaalaman sa mga kultura. | **https://alternativesyouth.org/**<br><br>Ang Alternatives, Inc. ay nagbibigay ng pagsasanay sa restorative practices para sa mga nasa hustong gulang at kabataan, kabilang ang youth programming. |
| **MGA MAPAGKUKUNAN NG SUPORTA PARA SA LIGAL NA TULONG AT PAGDIDISIPLINA NG MAG-AARAL** | |
| Equip for Equality Chicago | Legal Aid Chicago |
| 1-800-537-2632<br>Ang Equip for Equality ay isang independiyenteng ahensya na ang pangunahing layunin ay protektahan ang mga karapatang sibil at pantao ng mga taong may mga kapansanan, kabilang ang mga serbisyong legal para sa mga pamilyang may mga anak sa special education na nakakaranas ng nagbubukod na pagdidisiplina sa paaralan at pagkakasangkot sa hustisyang kriminal. | 1-312-341-1070<br>Ang Legal Aid Chicago ay nagbibigay ng libreng sibil at legal na representasyon sa mga residente ng Chicago at Cook County kabilang ang special education, pagdidisiplina sa paaralan, pagkakasangkot sa hustisyang kriminal at iba't ibang legal na isyu na nakakaapekto sa pabahay, imigrasyon, trabaho, at katatagan ng ekonomiya ng mga bata at pamilya. |
| Chicago Lawyers' Committee for Civil Rights & CARPLS Hotline | Stand Up For Each Other! (SUFEO) Chicago |
| 1-312-738-9200 (Hotline ng CARPLS)<br>Ang Chicago Lawyers' Committee ay isang organisasyon ng karapatang sibil na nag-aalok ng tulong sa mga larangan ng batas ng komunidad, pagkakapantay-pantay sa edukasyon at pagdidisiplina sa paaralan. | 1-773-800-0338<br>Ang SUFEO Chicago ay nagbibigay ng libreng impormasyon at mga serbisyo para sa mga pamilya ng mga mag-aaral na K-12 na nahaharap sa suspensyon, pambu-bully, o pagbubukod sa paaralan. Ang mga mag-aaral ng batas ay nagpapatakbo ng isang hotline, na pinangangasiwaan ng mga abogado sa Civitas ChildLaw Clinic. |

**www.MentalHealthFirstAid.org**

## Mga Tala

## Mga Tala

## Mga Tala





**Lungsod ng Chicago**
Brandon Johnson
*Alkalde*

**Lupon ng Edukasyon ng Chicago (Chicago Board of Education)**
Jianan Shi
*Presidente*

Elizabeth Todd-Breland
*Bise Presidente*

**Mga Miyembro:**
Mariela Estrada
Mary Fahey Hughes
Rudy Lozano, Jr.
Michelle Morales
Tanya D. Woods

**Mga Pampublikong Paaralan ng Chicago (Chicago Public Schools, CPS)**
Pedro Martinez
*Punong Opisyal na Tagapagpatupad (Chief Executive Officer)*

Bogdana Chkoumbova
*Punong Opisyal ng Edukasyon (Chief Education Officer)*